

WANDA

Isinulat ni
Carol Anne Eby

Sa patnugot ni
Andrew Bennett

2020

Nazarene Missions International

Mga Aklat

Patungo Sa Silungan

Mga Kwento mula sa Gitnang Silangan Ng Paghahanap ng
Lakas, Katapangan, at Pag-asa sa Diyos
isinulat ni Kay Browning

Ang Daan Pabalik

Pag-asa, Tulong at Kagalingan
para sa mga Nakaligtas sa Pangangalakal ng mga Tao at Pros-
titusyon
isinulat nina David at Lisa Frisbie

Wanda

isinulat ni Carol Anne Eby
Sa patnugot ni Andrew Bennett

Wanda

Isinulat ni
Carol Anne Eby

Sa patnugot ni
Andrew Bennett



**Nazarene Missions
International**

Copyright © 2022
Nazarene Publishing House

ISBN 978-9980-67-016-8

Nakalimbag sa
Philippines

Unang inilathala bilang “Wanda”
Copyright 1991 ng Nazarene Publishing House

Panlabas na disenyo: Darryl Bennett
Panloob na disenyo: Darryl Bennett

Isinalin sa Filipino ni Helen Hernandez Caparas
Sa pamamagitan ng ni Jason Valeriano Hallig
Sa ilalim na tanggapan ng:
Philippine-Micronesia Field Office
Department of Literature

Ang pahintulot na sumipi mula sa sumusunod na naka-copyright na bersyon ng Biblia ay kinikilala nang may buong pasasalamat at pagpapahalaga: Ang Biblia (Tagalog), copyright © 1978, 2001 ng *Philippine Bible Society*. Ang lahat ng mga nabanggit na sipi ng Kasulatan ay mula sa Ang Biblia Tagalog Version.

Bilang karagdagan ay mga sipi mula sa talaarawan ni Sidney Knox na nabasa rin sa aklat na, *The Call of New Guinea*. Ang mga sipi ay kulay gray o abo at nakatulong sa maraming mga pagkakataon upang linawin o “magbigay ng mga impormasyon at detalye” sa kuwento ni Wanda.

Talaan ng mga Nilalaman

Tungkol sa May-akda

Paunang salita

Kabanata 1

Wanda Mae

Kabanata 2

Gng. Sidney Knox

Kabanata 3

Bb. Wanda

Kabanata 4

Gng. NWMS

Kabanata 5

Misyonero para sa Mundo

Kabanata 6

Pangalan na Nakasulat sa Kaluwalhatian

Pagtatapos na salita

Kumilos Para Dito

Tungkol sa May-akda

Si Dr. Andrew (“Andy”) Bennett ay lumaki sa mga *parsonage* ng *Nazarene* sa Washington, Montana, Wyoming, at Colorado. Tinanggap niya si Jesus sa kanyang puso sa murang edad. Noong bata pa, siya ay nakadama ng tawag na maglingkod bilang *medical missionary*, ngunit nawala ang tawag na iyon habang siya ay tumatanda. Nag-aral siya ng musika sa *Northwest Nazarene College* (Unibersidad na ngayon). Doon, nakilala niya si Judy Hunt na lumaki sa isang pamilyang *Nazarene* sa Lethbridge, Alberta, Canada at nagpakasal sila noong 1975.

Saglit na naglingkod si Andy bilang isang kawani ng isang simbahan, ngunit bumalik sa kolehiyo para sa *pre-medical* na pag-aaral, pagkatapos ay nagpatuloy sa Unibersidad ng Washington kung saan natanggap niya ang kanyang *MD degree* noong 1984. Pagkatapos magpraktis ng *Family Medicine* sa loob ng 15 taon, “muling ginising” ng Diyos si Andy at tinawag na maglingkod bilang isang *medical missionary*. Dumating sina Andy at Judy sa Papua New Guinea noong 2003 kung saan nagsilbi sila sa *Nazarene Hospital* sa loob ng 14 na taon, naging mga saksi sa malalim na impluwensya ni Wanda Knox sa PNG. Bilang nakakaunawa sa kasaysayan ng gawain doon at pagkakaroon ng personal na karanasan sa paglago nito, si Andy ang nakakaalam ng mga naging kaganapan tungkol kay Wanda, mga mahahalagang kaganapan na hindi nakapanghihinayang na maibahagi muli sa iba. Sina Andy at Judy ay naglingkod sa *Nazarene Global Missions* na nagsusulong ng mga misyong pangmedikal sa simbahan. Pareho silang aktibo sa kanilang lokal na *NMI* at nagagalak na humihikayat ng mga kabataan na nakadarama ng tawag para sa mga gawaing pangmisyon.

Paunang salita

Nang ako ay dumating sa Papua New Guinea noong 2003, kaunti lang ang aking nalalaman tungkol sa kasaysayan ng gawain ng *Nazarene* doon. Ang alam ko ay sina Sidney at Wanda Knox ang nagsimula ng gawain. Nagsimula akong magbasa ng maraming mga aklat ng *NMI* (o *NFMS* o *NWMS*, depende sa taon kung kailan isinulat ang mga iyon) na pangmisyong tungkol sa New Guinea. Kabilang sa mga aklat na ito ay ang: Wanda, mula 1991, at ang *The Call of New Guinea*, mula 1958.

Ako'y nakasisiguro na lahat ng mga baguhang misyonero ay may mga pagdududa sa kanilang pasya. Ang ilan ay mas may katiyakan kaysa sa iba, ngunit sa palagay ko silang lahat ay marami ring mga katanungan tulad ng mga naging katanungan ko. “Ito ba talaga ang tawag ng Diyos sa akin?” “Ano ang ginagawa ko roon?” “Bakit andito ang *Church of the Nazarene*?” “Ang gawain ba rito ay tunay na bahagi ng Kanyang plano?”

Sa mga tanong na iyon na ipinagwawalang-bahala at maaaring hindi maganda ang kahihinatnan kung hindi bibigyan ng pansin, ito ang nabasa ko mula sa aklat ni Sidney:

Enero 1 [1956] ... Sa ganap na dalawang minuto lampas ng tanghali sa araw na ito, nadama ko ang pinakamatamis na karanasan na sa tingin ko ay aking natamo; bukod ang pagliligtas ng Panginoon sa aking kaluluwa, at Kanyang pinabanal kalaunan at tinawag upang maglingkod para sa Kanya. Mga luha ng kagalakan ang kusang tumulo at hindi ko mapigilan ang aking sarili. Wala nang mas tatamis pa na karanasan at pangungusap ng Banal na Espiritu ang aking naranasan sa sandaling iyon. Anumang pag-aalinlangan na mayroon kami ay kaagad na naalis sa paraang napakalinaw. Nais tayo ng Diyos sa Kudjip....

Nakuha niyon ang aking pansin! Hindi ko masabi sa inyo kahit ang petsa, lalo pa ang oras o minuto kung kailan ako naligtas, pinabanal, o tinawag sa paglilingkod para sa misyon. Labis akong naantig sa nangyari kay Sidney. Habang binabasa ko ang tungkol sa pagtulo ng kanyang mga luha, tumulo rin ang aking mga luha. Tininyak ng Panginoon sa aking puso na ang aming gawain doon ay tunay na bahagi ng Kanyang mga natatang-ing plano. Ipinadala niya sina Sid at Wanda upang pasimulan ang gawain sa Kudjip, kung saan sa mga panahong iyon ako ay abala at nagtatrabaho

upang mabuhay. Tiniyak Niya sa akin na ang aking ginagawa ay bahagi pa rin ng Kanyang plano para sa akin.

Habang nakatira kami sa Kudjip, madalas kaming nakakakilala ng mga matatanda na alam ang tungkol kay “Nokis na Wanda [NOH–kis–na WAHN–dah].” Para sa mga nagsasalita ng mga wikang pantribo sa Highlands o Kabundukan, ang pinaghalong katinig na tunog tulad ng “x” o “ks” ay napakahirap, kaya isang patinig ang ipinapasok upang gawin itong “kis,” halimbawa. Kaya, ang “Nokis” ay ang pinakamalapit na maaari nilang mabigkas para sa Sidney “Knox.” Ang “Na” ay ang salitang Melanesian Pidgin para sa salitang “at.” Sa tradisyunal na sistema ng pagbibigay ng pangalan, ang bawat tao ay may isang pangalan. Gagamitin nila ang pangalan ng kanilang ama o ng kanilang asawa bilang isang uri ng apelyido, kaya ang paggamit ng kanilang mga pangalan sa paraan ng Kanluranin ay nagpapahiwatig na sila ay magkapatid na mag-asawa, o na si Wanda ay kasal sa ama ni Sidney. Kaya ang “Nokis na Wanda” ay kung paano nila tinutukoy ang Knoxes, na ibig sabihin ay “Knox at Wanda.”


Ipagmamalaki ng mga tao na kilala nila sina Sid at Wanda. Kadalasan ang isang skit tungkol sa mga Knox ay ginagamit sa pagbubukas ng mahahalagang pagpupulong. Karaniwan, ang mga Knox ay inilalarawan ng isang binata na nakasuot ng terno, at isang dalagang nakasuot ng mahabang damit na may makalumang sombrero sa kanyang ulo. Pareho silang may dalang Biblia. Mapapalibutan sila ng “mga anghel,” mga batang babae na may mga mukha na pininturahan ng puti, at nababalutan ng puting sapin sa higaan. Kadalasan inilalarawan si Jesus ng isang binata na kamukha ng isang anghel, maliban sa isang gintong korona sa kanyang ulo. Kung minsan ang skit ay nagpapakita ng pagdating ng mga Knox, pantomimed na pangangaral, at isang grupo ng mga lokal na tao na lumuluhod sa pagsisisi. Kung minsan, kasama rito ang mga Knox na malugod na tinatanggap sa langit at sasabihing, “Magaling! Tapat at mabuting lingkod!”

Ang impluwensya ng mga masunurin at bata pang mag-asawang ito sa kabundukan ng PNG ay hindi mabilang. Maliban kung bibigyan mo ng pansin ang mga araw at petsa, hindi mo mamamalayan na mga dalawa at kalahating taon lamang ang pagitan ng pagdating ng mga Knox sa New Guinea at ng kanilang pag-alis dahil sa karamdaman ni Sid. Ngunit sa maikling panahong iyon, nakapagtatag ng mga iglesia sa ilang pangunahing komunidad. Ang mga bagong mananampalataya na nagpatuloy ay nanguna sa pag-akay para kay Cristo at naging disipulo. Ang mga binhi ng dakilang gawain na patuloy na ginagawa ng Diyos sa madilim na lugar na iyon ay itinanim at nadiligan. Bumalik si Wanda pagkaraan ng ilang

taon at naging bahagi ng pangangalaga ng lumalagong bagong simbahan.

Ang mga sumusunod na pahina ay naglalaman ng muling pagsasalaysay ng kuwento tungkol kay Wanda, tulad ng orihinal na isinalaysay ni Carol Anne Eby halos 30 taon na ang nakalilipas, beteranong misyonero ng PNG at dinagdagan ng sariling salaysay nina Sidney noong mga unang araw ng kanilang gawain mula 1955-58. Habang ikaw ay nagbabasa, mangyaring tumutok, hindi sa kung gaano kadakilang tao ang mga Knox o sa kung anong pambihirang kakayahan mayroon sila, ngunit sa kung gaano sila naging tapat at masunurin sa tawag ng Diyos sa kanila. Isipin ang iyong sariling buhay at kung ano ang magagawa ng Diyos sa iyo sa pamamagitan ng iyong katapatan kung ikaw ay susunod sa Kanya.

Andrew Bennett



SI WANDA MAE FULTON ay ipinanganak noong Marso 21, 1931, sa Oklahoma City. Ang kanyang ina ay 17 taong gulang. Isang pang-araw-araw na relihiyosong programa sa radyo na nagtampok sa isang Kristiyanong mang-aawit na nagngangalang Wanda ang nagbigay inspirasyon sa pagpili ni Gng. Fulton sa pangalan ng kanyang anak, at idinagdag niya ang Mae na kinuha sa pangalan ng lola ni Wanda, na magiging isang mahalagang impluwensya sa buhay ni Wanda.

Lumipat ang pamilya ni Wanda mula sa Oklahoma City, Oklahoma, USA patungong Pauls Valley, Oklahoma, USA dalawang buwan bago ang kanyang ikatlong kaarawan. Walang simbahan ng *Nazarene* noong panahong iyon, kaya ang kanyang pamilya ay dumalo sa *First Baptist Church*. Noong anim na taong gulang si Wanda, dumating si Rev. M. L. Turbyfill [TUHR— bee—fil] sa Pauls Valley, bumili ng lumang bahay, at sinimulan ang gawain ng *Nazarene*. Kinanta ni Wanda ang kanyang unang solo at doon nagsimula ang kanyang panghabambuhay na pagmamahal sa musika.

Naalala ng ina ni Wanda, si Wanda ay naligtas mula sa kasalanan at pinabanal nang maaga sa buhay. Para sa kanya, tila si Wanda ay Kristiyano na agad nang ipinanganak. Malinaw na naalala ni Wanda ang mahalagang pangyayaring iyon. “Noong 1939, isinuko ko ang aking puso kay Jesus – at kahit paano alam ko sa aking kaloob-looban na wala nang ibang bagay sa mundong ito na mas hahalaga pa kaysa dito. Walong taong gulang ako

noon, at ang kaalamang ito ang nag-impluwensiya sa aking pag-iisip at sa aking mga aksyon mula sa araw na iyon. Ang simbahan sa Pauls Valley, Oklahoma, at Rev. M. L. Turbyfill ang nag-alaga sa akin, isang bata. Ang aking mga bayani ay hindi mga sikat at kinikilalang mga bituin sa telebisyon kundi mga maka-Diyos na lalaki at babae na patuloy na inuuna si Cristo – nang may kagalakan. Sa tingin ko, ang kagalakan nila ang pinaka nangusap sa akin.”

Ginugol ni Wanda ang kanyang buhay sa pagmamahal kay Jesus at sa iklesia mula noon. Hindi lamang siya dumalo sa bawat pagpupulong sa simbahan ng *Nazarene* ngunit naging bahagi rin ng *Christian Endeavor*, *Baptist Union*, at ng mga grupo ng kabataan ng *Presbyterian* sa mga araw sa buong linggo, at *Youth for Christ* naman tuwing Sabado ng gabi. Kapag panahon ng tag-araw, dumadalo siya sa *Vacation Bible School*. Mahal siya ng lahat ng kapatiran.

Noong 12 taong gulang si Wanda, lumipat ang kanyang pamilya sa Oklahoma City. Sa panahong ito, naging miyembro si Wanda ng *Shields Church of the Nazarene*. Muli, naging ganap siyang kabahagi ng kapatiran. Tumutugtog siya ng piano at pareho silang kumakanta ng kanyang ina ng solo sa mga serbisyo— pareho silang alto. May mga “awitan”¹ sa iba’t ibang simbahan noong mga panahong iyon at walang pinalampas na pagkakataon si Wanda. Tuwing araw ng lingo, parang bukas ang bahay ng mga Fulton. Si Tatay Fulton ay tumutulong din sa pagluluto, at kung hindi isang ebanghelista o misyonero ang tumutulong, mga kaibigang tinedyer ni Wanda. Hindi sapat ang isa lang ang kikilos; grupo na hindi bababa sa kalahating dosena, at kung mas marami, mas masaya, kahit hanggang 25 o 30; isang gawain na paulit-ulit na gagawin ni Wanda sa natitirang bahagi ng kanyang buhay.

Ang patuloy na lumalawak na pagkakaroon ng mga kabigan ni Wanda kasama ang mga naging malalapit sa kanya ay nabuo sa *high school*. Nag-aral siyang mabuti at palaging nakakakuha ng matataas na marka. Bilang karagdagan sa kanyang debosyon sa pag-aaral, nakahanap si Wanda ng oras para makasama sa *Girls Glee Club*², *Bible History Club*, *Spanish Club*,

¹ Ang “pag-aawitan” ay karaniwan noong araw. Ang mga simbahan ay nagtitipon at umaawit ng mga himno, nakikinig ng mga espesyal na musika mula sa iba’t ibang kongregasyon, at nasisiyahan sila sa pagsamba sa pamamagitan ng musika.

² Ang mga Glee Club ay mga maliliit na organisadong grupo na nagtatanghal ng mga maiikling kanta, na kilala bilang “glees”—kadalasan ay trio o quartet.

at *Debate Club*. Ang hilig niyang makipagdebate! Ang mga pagtatanungan at pagbibigay ng mga sagot ng mga panahong iyon ay magpapasaya sa magiging mga estudyante sa kolehiyo habang hinahamon niya ng mga debate ang mga propesor na marahil ay nagpapagalit pa nga sa mga direktor ng misyon, at mga tagapamuno ng simbahan, ngunit sa buong buhay niya, uhaw siya sa katotohanan.

Puno ng musika ang buhay ni Wanda. Mahilig umawit, naging miyembro siya ng *a cappella choir* noong *high school* at palaging kasali sa mga festival at paligsahan sa musika. Tumugtog siya ng *alto saxophone* at naging unang tagapangulo ng banda ng *Capitol Hill*. Nagtanghal siya sa lahat ng mga laro ng *football*. Habang nasa high school, hiniling si Wanda na maging babaeng miyembro ng *Forest Woodward Quartet*. Kumakanta sila sa radyo tuwing umaga bago pumasok sa paaralan at naglakbay sa maraming bayan sa Oklahoma tuwing Sabado at Linggo para sa mga konsyerto. Dahil si Wanda lang ang walang asawa, palaging may kasamang isang babae. Ang anumang pera na matitira pagkatapos ng mga gastusin ay hahatiin. Ang para sa kanyang bahagi ay panggastos. Palagi niyang alam kung ang isang tao ay mas nangangailangan kaysa sa kanya, o pangangailangan para sa ilang espesyal na proyekto, o sa isang *offering*. Isa sa kanyang mga kaibigan ang nagsabi na si Wanda ang pinaka hindi makasariling tao na kanyang nakilala.


Ayon sa mga isinulat ni Wanda sa kanyang talaarawan, nabanggit niya na magaganda ang kanyang mga taon bilang tinedyer; mga alaala ng isang napakasayang tahanan, mabubuti at matatatag na mga magulang. Naging masaya siya sa paaralan kasama ang mga kaibigan na kanyang nakakausap at nakapagbabahagi ng mga malalalim na bagay; pag-unawa sa kanyang mga guro, at kasiya-siyang paglilingkod kasama ang mga kapatiran na lumalago sa pag-ibig sa Diyos at kanyang mga salita. Naalala niya ang mga kalalakihang gaya nina Rev. Louis McMahon, Rev. Willie Voight, Rev. Richard McBrien, at Rev. Joe Stevens, na para sa isang idealistikong tinedyer na nagsasaliksik tulad niya, ay nakapaghatid sa kanya ng diwa ng “dedikasyon at katapatan” nang may kagalakan. Naaalala niya ang maliit na magandang babae na laging nagpapatotoo kapag Miyerkules ng gabi ng, “Si Yahweh ay papurihan, O aking kaluluwa! At lahat ng nasa aki’y magsipagpuri sa kanya, purihin mo sa tuwina ang banal na ngalan niya”

(Awit 103:1), at ang lalaking magsasabi nang ganito tuwing magtatapos, “Lalong nagiging mas mabuti sa lahat ng pagkakataon!” Minsan tumatawa ang mga kabataan na puno ng ningning sa kanilang mga mukha, o ang mga nakapagpapalakas ng loob na mga salita na nagbibigay ng pag-asa, na sa pakiramdam ni Wanda ay para sa kanya.

Ang pagsunod kay Jesus at pagsasabi ng Kanyang pag-ibig sa iba ay ang hangarin sa buhay ni Wanda. Gayunpaman, sa kanyang mga taon bilang tinedyer, hindi malinaw sa kanya ang tawag para sa misyon. Dumat-ing at umalis ang mga misyonero, nagpakita ng mga *slide* na nagpaanting ng kanyang puso. Pinukaw ang kanyang kaluluwa ng pagdating ng mga misyonero tulad nina Everette Howard at Louise Robinson Chapman, ngunit hindi ang tawag para sa misyon. Sa kanyang pagbabalik-tanaw sinabi ni Wanda, “Nadama ng aking mga kaibigan ang tawag para sa misyon ... minsan ay halos sa bawat *missionary service*. Pinaglabanan nila ito hanggang hindi na nila ito madama at ayaw nang tumugon. Naaalala ko ang aking panalangin, ‘Ama, hindi ko nauunawaan. Bakit hindi mo ako tinatawag? Tutugon ako – upang hindi na rin sila mahirapan!’ Ngunit hindi iyon ang Kanyang ginawa.”

Sa mga sumunod na taon habang namasdan ni Wanda ang mga kabataan sa kanilang edad na naghahanap ng katatagan sa kanilang katayuan, sasabihin niya, “Hindi ako nakaramdam ng *pressure* tulad ng mga napakaraming kabataan ngayon - pinipilit na maging pinakamahusay sa pag-aaral, sa musika, o sa larangan ng palakasan, kumita ng pera, o magkaroon ng mga kaibigan - manalo sa mga paligsahang pangtalento, at mga paligsahan para lalong maging tanyag. Hindi ko naramdaman ang *pressure*—nagkaroon ako ng panahon upang magmuni-muni, mag-isip at manalangin, magnilay-nilay at maging ako bilang aking sarili. Hindi ako namumukod-tangi sa anumang bagay. Binigyang kasiyahan ko lang ang lahat—at sa prosesong iyon ay natuklasan ko na ang kasiyahan sa Kanya sa lahat ng bagay ay lalong tumatamis.”

Noong Mayo 1949, nagtapos si Wanda sa mataas na paaralan nang may karangalan. Nag-aral siya sa *Bethany Nazarene College* [ngayo’y *Southern Nazarene University*] sa Bethany, Oklahoma, USA para sa kanyang kolehiyo kung saan makikilala niya ang isang binata na nagngangalang Sidney Knox na magpapabago ng kanyang apelyido.



UMINGAY ANG SILID KAINAN mula sa karaniwang usapan at kuwentuhan ng mga gutom na kolehiyong estudyante na naghihintay ng kanilang tanghalian. Isang matangkad at mukhang seryosong estudyante na si Sidney Knox na nasa kanyang ikatlong taon sa kolehiyo, na tila may malalim na iniisip, ang biglang nabuhayan nang kanyang marinig, “Mr. Knox, nasiyahan ako sa iyong pahayag sa *missions class* ngayon.” Ngumiti nang matamis at mabilis na tumango, umalis si Wanda at nagpatuloy ngunit hindi na magiging tulad nang dati si Sidney. Bumilis ang tibok ng kanyang puso at parang hindi siya natunawang mabuti sa kanyang kinain sa tanghalian, tumakbo patungo sa kanyang silid, umupo sa mesa, at sumulat kay Louise na kanyang kapatid, at sinabi ang mga salitang ito: “Nakilala ko na ang aking mapapangasawa sa araw na ito. Hindi niya alam, pero ako ay nakatitiyak, siya na yun.” Kaya nagsimula nang gumawa ng paraan si Sid at naging masigasig upang lalo niyang makilala si Wanda Mae Fulton at mapalapit sa kanya, maiharap sa dambana at mapalitan ang apelyido. Naging masigasig at determinado si Sidney katulad ng kanyang ibang ginagawa. Hindi nagtagal, sa unang pagkakataon, tinanggap ni Wanda ang kanyang alok na lumabas nang magkasama mula noon.

Hindi nagtagal ay nadama nina Sid at Wanda na plano ng Diyos para sa kanila na maging higit pa sa “mabuting magkaibigan” at magpakasal. Sa simula pa lang nang nagkakilala sila ni Wanda, nadama na ni Sid ang pangunguna at tawag ng Diyos sa kanya para sa misyon, ngunit kailan-

gan pa niyang kumbinsihin si Wanda. Si Wanda naman, na maligaya at may buong pagmamahal kay Sidney, ay may isang problema: Nakadama ng tawag sa *mission field* si Sid; siya ay hindi. Ito ba ay magiging hadlang? Dahil sa pag-aalalang ito, nakipag-usap sila kay Dr. Remiss [REE–mis] Rehfeldt [RAY–felt], ang direktor ng *World Mission* noong panahong iyon, at kanilang napag-alaman na ang babae kung sila ay mag-asawa na ay maaaring sumunod sa malinaw na tawag ng Diyos sa asawang lalaki - kung payag ang asawang babae. Payag si Wanda!

Mayo 27, 1951, ang pinakamahalagang araw sa buhay ni Sidney Kox, maliban sa araw nang binuksan niya ang kanyang puso sa Panginoon. Nang umagang iyon ay natanggap niya ang kanyang diploma sa kolehiyo, at nang hapon naman ay nagpakasal sila ni Wanda Mae sa *altar* ng simbahan upang simulan ang isang pakikipagsapalaran na maghahatid sa kanila “hanggang sa katapusan ng sanlibutan.”

Ngunit sa sumunod na apat na taon, hanggang Texas lang ang kanilang narating. Sinimulan nila ang kanilang ministeryo sa isang *home mission church* sa Slaton [SLAY–tuhn] at pagkatapos ng dalawang taon ay lumipat sa Big Springs. Ipinanganak si Geron [GER–uhn] Murray noong Hulyo 18, 1953, isang pagpapala sa kanilang tahanan. Habang sila ay nagpapastor sa Big Springs, dumalo ang kanilang pamilya sa kombensyon ng *district Nazarene Foreign Missionary Society* (NFMS; nang maglaon, dumaan ito sa ilang pagbabago ng pangalan, at ngayon ay kilala bilang *Nazarene Missions International*) sa Mineral Wells, Texas. Si Dr. Mary Scott¹ ang tagapagsalita at kanyang hinamon na suportahan ang New Guinea [GI–nee], isang bagong bansa sa ilalim ng NFMS. Ang pagkuha ng kaloob upang masuportahan ang gawain para sa New Guinea ay gagawin sa Oktubre 15, araw ng pagdiriwang ng NFMS. Naalala ni Wanda, “Habang nagsasalita si Mary Scott, naantig ang aking puso, nahamon - at pagkatapos ay nakaramdam ng kabigatan. Isang kabigatan na nanatili - hanggang bago sumapit ang gabi. Alam kong ako ay tinatawag sa New Guinea. ‘Bakit, Panginoon? Bakit ngayon? Inibig kita ng maraming taon. Naging bukas ako sa iyong

¹ Ang yumaong si Mary Scott ay naglingkod bilang isang *Nazarene missionary* sa China at Japan sa loob ng 12 taon. Siya at ang ilang iba pang Kristiyanong misyonero ay nabilanggo sa China noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, bago mapasailalim ang bansa sa partido Komunista. Noong 1950, si Mary Scott ay naging *executive secretary* ng *Nazarene Missions International* (NMI; ngayon ang tawag na ay pandaigdigang direktor ng NMI), kung saan siya nagsilbi sa loob ng 25 taon. Noong 1966, ang kanyang alma mater na *Olivet Nazarene University* ay ginawaran siya ng *honorary Doctor of Letters degree*.

tawag. Ngayon ako ay kasal na. Sa India nadarama ng aking asawa na siya ay tinatawag. Ngunit ako ay dapat sumama sa kanya. Bakit mabigat ang pasanin na aking nararamdaman para sa New Guinea? Umalis si Wanda sa kombensyon nang may kabigatan sa kanyang puso.

Mula sa talaarawan ni Sidney:

Mayo 1954—Naku, napakalaking *Missionary Convention* ito! ... Si Miss Scott ang pumukaw sa lahat na naroon sa pamamagitan ng isang malinaw na salaysay at paliwanag tungkol sa ika-apatnapung anibersaryong proyekto ng *N.F.M.S.*--isang espesyal na handog sa pamamagitan ng pagkakaloob para sa pagbubukas ng gawain sa isla ng New Guinea. Naalala ko ang isang artikulo sa *Reader's Digest* ilang taon na ang nakalipas tungkol sa New Guinea. Tiyak na isang lugar na mahirap puntahan. Tila isang baku-bakong lugar, ngunit tila maganda ring maabot. Pabiro kong tinanong si Miss Scott kung sa tingin niya ay tatanggapin nila kami. Ang sagot niya, "Bakit hindi mo subukan at tingnan!" Naku, medyo natakot ako at naisip ko na medyo wala sa kategorya ko ang lugar na katulad na iyon.

Mayo 1954 (huling bahagi)—Hindi ko nais na unahan ang pagkilos ng Espiritu, ngunit ang Diyos ay tila nangunguna tungo sa direksyon na gumawa ng aplikasyon para New Guinea. Hindi ko alam kung paano ito makakaapekto sa damdamin ni Wanda. Gusto kong siguraduhin ang aking sarili bago ko ito banggitin sa kanya.

Sa sumunod na dalawang linggo, nanalangin at umiyak si Wanda nang husto ngunit hindi matanggal sa kanya ang bigat ng pasanin. Wala siyang sinabi kay Sid, ngunit isang umaga nilapitan siya ni Sid habang siya ay nag-aalmusal, at may "bigat din na nararamdaman" si Sid, malungkot siyang tumingin kay Wanda at sinabi, "Talagang ayaw kong sabihin ito sa iyo, o hilingin sa iyo na pumunta sa gayong makaluma at sinaunang bansa, ngunit nararamdaman ko na hinihiling sa akin ng Diyos na mag-aplay para sa New Guinea."

Sa Timog Pasipiko, nasa itaas lang ng Australia ang isla ng New Guinea tulad ng isang sinaunang ibon na naninirahan sa itaas ng pugad nito. Ang kanlurang bahagi ng isla ay politikal na bahagi ng Indonesia at dating kilala bilang "Irian Jaya" [EER-ee-ahn JAH-yah], ngunit ngayon

ay lalawigan na ng Papua [PAH-pyoio-ah].² Ang silangang kalahati ay ang bansang Papua [PAH-pwah] New Guinea.³

Mula sa talaarawan ni Sidney:

Hunyo 1, 1954—Iniisip ko kung kailan ko matututunan na ang Diyos ay hindi kumikilos sa mga bagay “na kalahati” lang. Sinabi sa akin ni Wanda ang isang napakahalagang karanasan. Mula sa pagpupulong, pumunta siya sa Oklahoma City upang bisitahin ang kanyang mga kamag-anak, at sa bus habang nasa biyahe, tiniyak ng Diyos na tinawag siya para sa New Guinea. Tunay na mahalaga ang ibig sabihin nito sa kanya. Noon pa man ay may pagnanais na siya para sa gawaing pang misyon ngunit hanggang ngayon ay hindi nakakaramdam ng tiyak na tawag. Isinulat namin sa *Department of Foreign Missions* ang tungkol sa aming mga nararamdaman sa bagay na ito. Kung sa tingin nila ay hindi kami angkop para sa New Guinea, pupunta pa rin kami kung saan sa tingin ng lupon ay pinakamahusay na aming mapaglilingkuran.

Nagtatawanan, nag-iiyakan, at nagsasaya, sumandal sila sa mga bisig ng bawat isa at gaya ng sinabi ni Wanda, “Ang Diyos ay palaging gumagawa sa magkabilang dulo (at sa kalagitnaan, kung kailangan din Niya)!” Muli silang nag-aplay para sa gawaing misyonero. Namarkahan na ng lupon ang kanilang aplikasyon ng “Piniling bansa na paglilingkuran: India.” Ngayon, ito na: “New Guinea.”

Hinilingan silang makipagkita sa *Department of World Missions* noong Enero 1955. Anong laking pananabik! Ang mga misyonero na matagal nang naglilingkod ay nagbahagi ng kanilang mga karanasan na nagpasigla sa mga Knox; ang mga bagong misyonero tulad nila ay nangangamba ngunit alam nilang sumusunod sila sa Diyos upang marating ito. Ang kanilang pagpupulong kasama ang lupon ay napagaan pa ng mga biruan nina Sid at Dr. Bob Mangum [MAING-uhm]. Nang makipagkita sila sa mga *general superintendents*, naalala ni Wanda ang matalino at matalas na tanong ni Dr. Samuel Young, “Plano mo bang maging misyonero ng

² Ito ang bigkas na ginagamit kapag tinutukoy ang bahagi ng isla ng Indonesia.

³ Ang “New Guinea” ay ang pangalan ng isang isla sa hilaga ng Australia. Ang “Papua New Guinea,” sa silangang kalahati ng isla ay isang bansang nakamit ang kalayaan noong 1975. Ang “Papua” at “Western Papua” ay mga lalawigan ng Indonesia na matatagpuan sa kalahating kanluran ng isla.



Ang Pamilyang Knox, 1955

isang termino lang?” Kalaunan ay sinabi ni Wanda, “Natutuwa akong tinanong niya iyon. Ito ay nakatulong nang malaki makalipas ang ilang taon!” Malinaw pa ito sa kanyang alaala at ginamit iyon ni Wanda bilang isang makapangyarihan at mapanghikayat na kasangkapan upang ipagpatuloy ang kanyang karera sa pagmimisyon nang higit sa isang termino.

Sa wakas ay dumating ang anunsyo ng mga pangalan ng mga bagong misyonero. Pahayag ni Wanda, “Naku, naku! May mga pagkakataong puno ng emosyon ang buhay. Alam namin na ang buong takbo ng aming buhay ay patungo na ngayon sa isang bagong direksyon. Maraming bumati at ang ilan sa mga nakatatandang misyonero ay tiyak na masisiyahan kung sasama sa amin.”

Ang kanilang maliit na pamilya ay nagmadaling bumalik sa Big Springs upang simulan ang paghahanda sa pag-alis. Oktubre ang target nilang petsa at marami ang kailangang gawin. Noong Setyembre 26, 1955, naranasan ni Wanda ang kanyang unang pagsakay sa eroplano. Lumipad sila patungong San Francisco; umalis doon noong Oktubre 5; nanatili ng isang linggo sa Hawaii kasama ang mga kaibigan; pagkatapos, lumipad patungong Australia upang manatili ng tatlo o apat na araw sa Sydney at dalawang araw sa Brisbane.

Mula sa talaarawan ni Sidney:

Oktubre 8—Kami ay nakatakdang dumating sa Sydney, Australia, mamayang hapon. Ikinalungkot ko na gabi na kaming makararating doon

dahil wala kaming kakilala, at wala kaming ideya kung gaano kami kalayo mula sa lungsod at isang hotel. Nagtitiwala ako na mauunawaan nila ang aking salitang may puntong Texas!

Oktubre 11— Minaliit ba namin ang Departamento ng Misyong Pangdayuhan at ang ating mga Australian *Nazarenes*?! Napansin namin ang ilang tao na patuloy na kumakaway sa direksyon namin habang papunta kami sa opisina ng adwana. Natitiyak kong hindi kami ang kanilang kinakawayan kaya hindi namin sila pinansin at pumasok na kami sa loob ng opisina. Laking sorpresa namin paglabas pagkalipas ng isang oras nang batiin kami ng mga taong kumakaway—isang malaking grupo ng mga *Nazarene* mula sa iba’t ibang simbahan sa Sydney. Mukhang ipinaalam sa kanila ni Dr. Rehfeldt ang aming inaasahang pagdating. Napakaganda! Sa totoo lang, hindi ko maipahayag ang aming tunay na nararamdaman.

Sa wakas, noong Oktubre 14, dumating sila sa Port Moresby [MORZ-bee], punong-tanggapan ng administrasyon ng Teritoryo ng Papua na bahagi ng naging bansang Papua New Guinea nang maglaon.

Maagang natuklasan ni Wanda na ang mga anak ng mga misyonero ay mahusay na mga embahador upang makakuha ng mga kaibigan sa ibang kultura. Sa mga sumunod na taon, sasabihin ni Wanda kay Geron kung gaano siya katiyaga at kagaling noong mga unang araw. Matapos mahulog sa hagdan sa Hawaii na ikinatakot ng kanyang mga magulang, nahulog ang damdamin ng bawat isa sa kanila sa Port Moresby. Kinagiliwan nilang lahat ang isang maliit na Amerikanong bata na dalawa at kalahating taong gulang, nakasuot ng *bow tie* at mabilis mapangiti. Hindi gusto ni Geron ang tindi ng init doon at isang umaga nang siya ay nagising, umawit siya ng, “*It Will Be Worth It All When We See Jesus.*” Natawa sina Sid at Wanda at madalas nila iyong pag-usapan. “Pinalabas mo sa bibig ng mga sanggol at ng mga pasusuhin ang wagas na papuri.” (Mat. 21:16). Maraming beses na paaalalahanan ni Wanda ang mga bata roon kung gaano katotoo ang mga salitang iyon.

Habang nananatili sa *Papuan Hotel* nakilala nila si Geoff Basket, isang kayumanggi at kaaya-ayang Australyano. Tagabantay si Geoff ng bahay ng isang Australyanong manggagamot na nagtatrabaho sa Port Moresby na nakabakasyon. Nang marinig niya na nangangailangan ang mga

Knox ng bahay na matutuluyan, inalok niya ang kanyang tulong. Hindi madali ang pag-iimpake sa napakaikling panahon, kaya ang unang alaala ni Geoff kay Wanda ay nang nakatayo siya sa likod ng umaandar na trak na may sakay na kagamitan, hawak ang ilang damit sa mga hanger at nagtatawanan sila ni Sidney, habang umiikot sa mga lansangan ng Port Moresby tulad ng mga taong nag-aanunsiyo ng mga lumang gamit na ibinibenta!

Naalala ni Geoff ang mga araw na iyon, “Lagi akong nasisiyahan sa ibinigay ng Diyos sa akin na makasama ang mga Knox. Ang makasama sila sa Moresby ay napakasaya!” Habang nandoon, tinulungan nila si Geoff na ipagdiwang ang kanyang ika-40 na kaarawan gamit ang keyk na tsokolate. Nalaman ni Wanda na “pambata” ang keyk na iyon, at ang tunay na keyk para sa isang may kaarawan ay *fruitcake*. Binigyan nila si Geoff ng Biblia bilang regalo na may nakasulat ng kanyang pangalan.

Mula sa talaarawan ni Sidney:

Oktubre 19—Narito ako ngayon sa Lae [LAY] sa bandang gilid ng New Guinea. Ito ang paliwanag tungkol diyan. Ang bahagi ng Australia ng New Guinea ay nahahati halos sa kalahati. Ang kalahati ay tinatawag na Papua at nasa ilalim ng direktang hurisdiksyon ng Australia. Ang kalahati, na kilala bilang New Guinea, ay isang bansa sa ilalim ng *United Nations* na pinangangasiwaan ng Australia. Ang isang tanggapang administratibo sa Port Moresby ang nangangasiwa ng mga opisyal na usapin para sa kabuuan ng dalawang teritoryong ito, ngunit may iba’t ibang batas tungkol sa bawat isa sa ilang nasasakupan nito. Kinailangan kong magparehistro bilang isang klero para sa parehong lugar na ito, at gayundin, kailangang irehistro ang simbahan para sa parehong lugar na ito dahil hindi pa namin alam kung saang bahagi kami mamamalagi. Ang Minj [MINJ], Mount Hagen [HAH-guhn], at Wabag [WAH-bag] [at Kudjip (KOO-jip) —ed.] sa *Highlands* ay nasa New Guinea; habang ang Mendi [MEN-dee] at Tari [TAH-ree] ay parehong nasa Papua. Dapat dumaan sa proseso ng adwana ang mga naglalakbay mula sa Papua patungo sa New Guinea o bisebersa.

Oktubre 22—Ngayong gabi ko lang talaga napag isip-isip ang una kong layunin dito—at ako ay natuliro. Sinabi sa akin na ang kabuuang

pinagsamang lugar ng parehong Papua at New Guinea ay binubuo ng mga 183,540 milya kuwadrado (475,366 kilometro kuwadrado. Sa tingin ko, iyon ay 117,465,600 acres (47,536,642 ektarya.); at mula doon, pipiliin ko ang 5 (acres; 2 ektarya) sa kanila (ang orihinal na pag-upa ng misyon sa ilalim ng mga regulasyon ng gobyerno). Ito ay medyo nagbigay ng alalahanin sa akin na iyon ay mahirap gawin. Ako ay nakatitiyak na intresado ang Diyos dito. Walang dudang karamihan sa mga ektaryang iyon ay tinitirahan ng mga kaluluwang ligaw. Gaano tayo ganap na pinangunahan ng Kanyang Espiritu sa ating mga desisyon at galaw! Maliban kung may isang pagpukaw, hindi tayo gagawa ng “mabilisang desisyon” kundi titimbangin mabuti ang kabuuan at titingnan kung sa tingin natin ay malulugod ang Diyos sa atin at maitatag ang gawain.

Oktubre 25—Nakipag-usap ako sa isang nagpapatrolyang opisyal sa Banz [BANZ]. Iminungkahi niya na baka interesado kaming mag-imbetiga sa isang lugar ng lupain na ngayon ay pag-aari ng gobyerno sa kabila ng lambak ng Wahgi [WAH-gee] mula sa Banz na kilala bilang Kudjip. Mukhang malaki ang populasyon doon at walang mga gawaing misyon mula sa Europa na matatagpuan sa rehiyong iyon. Hindi ko alam kung bakit, ngunit kahit paano ay tila tumatak iyon sa aking puso, at malamang na ang pagsisiyasat sa Moresby ay magbubunyag na ang gobyerno ay wala sa kondisyon na ipaupa ang anumang bahagi ng lupa. Tiyak na may layunin sila sa pagkuha nito mula sa mga lokal at malamang na may iba silang iniisip⁴ at binabalak dito. Titingnan ko ang posibilidad na ito. Ang lugar ng Minj ay tila maganda rin. Hindi ko masyadong binibigyan ng pansin ang rehiyon ng Mount Hagen dahil ito ay naayos na mula noong dumating ang unang misyonero noong 1933.

Nobyembre 3—Nagsulat ako ng isang detalyadong ulat kay Dr. Rehfeldt ngayon tungkol sa aking mga pagsisiyasat sa Highlands. Nakumpleto ko na ngayon ang pagsisiyasat tungkol sa mga lugar ng Goroka [goh-ROH-kah], Minj, Banz, Mount Hagen, Mendi, Tari, at Wabag. Ito ang mga pangunahing sentro ng Highlands. Kapag sinabing mga sentro, ang ibig naming sabihin ay mga paliparan. Sa kasalukuyan, tatlo lamang ang paliparan—Minj, Banz, at Wabag—ang mamamahala sa mga pangkargamento ng DC-3 na kakailanganin naming pangasiwaan para sa am-

⁴ Kinuha ng pamahalaan ang lupaing ito mula sa mga lokal dahil madalas dito naglalaban ang mga tribong Kuma [KOO-mah] at Sigang, at nais subukang magtatag ng gobyerno ng buffer zone sa pagitan ng dalawa. Gayunpaman, hindi ito alam ni Sidney noong panahong iyon.

ing mga kagamitan. Ang lugar ng Kudjip ay mga labindalawang milya (19 kilometro) ang layo mula sa paliparan ng Minj. Gumawa ako ng malawak na pagsisiyasat sa Departamento ng mga Lupain dito sa punong-tanggapan. Ipinahiwatig nilang sasang-ayon sila sa pagpapaupa para sa misyon at posibleng mas malaking lugar pa ang papaupahan ng gobyerno sa Kudjip. Bago maisagawa ang aplikasyon, gayunpaman, kailangan kong suriin ang lugar at markahan ang eksaktong lugar na gusto ko. Mukhang magiging masaya ito!

Nobyembre 15—...Isang huling pagsusuri ng mga opisyal ng Administrasyon. Tiyak na napakalawak ng mga lupain. Ang pangunahing kritisismo ng gobyerno sa mga lupon ng misyon na itinatag sa Teritoryo ay ang kawalan ng suporta. May karapatan silang maging ganoon ang paningin sa mga grupong gustong magtatag ng isang organisasyon nang walang wastong suporta upang mapaunlad ang Teritoryo sa kabuuan. Sa bagay na ito, kami ay lubos na tinanggap. Ang katotohanan na may-roon kaming isang bahay na ginawa at gusaling bakal na itatayo kaagad ay nakakuha ng maraming katanggap-tanggap na konsiderasyon. Ang iba pang kagamitan na kanilang nakita na aming gagamitin ay nakatulong din. Alam nila na tayo, bilang isang misyon, ay narito upang manatili at interesado sila dito. Laking pasasalamat namin sa isang grupo ng mga tapat na tagasuporta na bukas-palad na nagbahagi ng kanilang kabuhatan upang tumulong sa pagbili ng mga kagamitan, makatulong sa aming mga pagsisikap at mapadali ang aming gawain, at ang kanilang pagtulong upang makabli ng lupa! Kabahagi sila at ang kanilang mga pagsisikap upang makamtan ang mga gantimpalang walang hanggan.

Disyembre 7—Ngayong gabi ay nasa Minj kami...Sinabi sa amin ng tumatayong opisyal ng distrito na pupunta siya sa Kudjip bukas at maaari kaming makisakay sa kanya. Mabuti ito dahil labindalawang milyang (19 kilometro) paglalakad sa mga bako-bakong lupain kung kami ay maglalalakad.

Disyembre 8—Ngayon ang pinaka nakawiwiling karanasan. Sumakay kami sa “*Land Rover*” ng gobyerno kaninang madaling araw. Ang gumaganap na opisyal ng distrito ay mag-iinspeksyon sa isang kalsada na halos sampung milya (16 kilometro) ang layo mula sa Kudjip at inalok kami ng sakay patungo roon. Maaari daw naming ikutin ang lugar ng mga

dalawa o tatlong oras at susunduin niya kami pabalik. Napakagandang karanasan! Mabait siyang tao at gusto niyang tumulong sa amin. Dahil alam niya na ang mga lokal na tao ay magiging interesado sa aming pakay, dinala niya ang opisyal na tagapagsalin sa ibang wika ng gobyerno, at “pinahiram” siya sa amin upang magamit sa pakikipag-usap sa mga mamamayan doon. Nagkaroon lamang ng isang sagabal. Nakalimutan niyang hindi kami nagsasalita ng pidgin [PI-jin]⁵ at ang tagapagsalin sa ibang wika ay makapagsasalin lamang pagkatapos makuha ang pahayag sa salitang pidgin. Halos tatlong oras na masaya kaming tumatango at nakangiti nang matamis! Ang mga lalaki sa Minj ay pinagbalot kami ng tanghalian at nagpunta kami sa kunai [KOO–na–hee] *grass government rest house* at doon kumain.⁶

Isipin nyo ang aming naramdaman nang ang isang Tul-tul [TOOL–tool] (isang tagapamuno ng tribo na hinirang ng gobyerno bilang tagapagsalita sa kanyang mga tao) na punung-puno ng palamuti sa katawan ay pumasok sa loob ng bahay, nakakita ng isang lugar malapit sa kung saan kami kumakain at nahiga habang pinagmamasdan ang bawat kilos namin. May hawak siyang mahabang itak at palakol na nakasuksok sa kanyang sinturon na gawa sa balat ng puno. Hindi ako puwedeng magpakita sa kanya ng anumang problema.

Ang Tul-tul na ito ay isa na ngayon sa pinakamatapat na dumadalo sa mga serbisyo at kasama na namin mula pa sa simula. Natatawa kami sa tuwing maaalala namin ang unang pagtatagpong iyon. Ang ilan sa malilit na batang lalaki na dumating noong araw na iyon ay hindi kailanman napalampas ang isang klase sa *Sunday school* at ngayon ay naka-enroll na sa aming paaralan.

Disyembre 9—Plano kong pumunta sa Port Moresby sa loob ng ilang araw upang gumawa ng isang tiyak na desisyon para sa aming lo-kasyon kung makikita namin ang kalooban ng Panginoon sa bagay na iyon. Pareho kaming nag-ayuno at nagdasal nang husto tungkol doon.

⁵ Ang Pidgin ang wikang pangkalakalan ng karamihan sa isla.

⁶ Ang pananalitang ito, “kunai grass government rest house” ay tumutukoy sa tradisyonal na bahay sa kabundukan. Ang mga dingding ay gawa sa hinabing piraso ng kawayan at ang bubong ay pawid na may kunai na damo, isang katutubong halaman na nagiging bihira na ngayon. Ang mga sahig ay karaniwang yari sa pinatuyong putik. Ang mga istrukturang ito ay karaniwan pa rin ngayon, ngunit ang metal na bubong ay mas karaniwan kaysa sa mga mas bihirang damo. Noong panahon ng mga Knox, ang bawat lugar ng tribo ay kinakailangang magpanatili ng isang bahay para sa opisyal ng gobyerno na nagpapatrolya at ng kanyang mga pulis upang may matuluyan sa kanilang mga pagbisita.

Disyembre 17—Kinailangan kong makabalik agad sa Port Moresby upang makipag-usap sa direktor ng mga lupain. Lubos ang departamento na handang magbigay sa amin ng isang paupahang lugar para sa misyon na aming gagawin sa Kudjip hangga't ang komisyonado ng distrito at ang opisyal ng distrito ay sumasang-ayon. Mayroon kaming hindi bababa sa isang kasunduang berbal mula sa kanila. Mag-a-aplay kami para sa lugar na ito. Ito ang pinakamainam na nadama namin sa ngayon, at kung hindi ito kalooban ng Diyos para sa amin, idinadalangin namin na harangan Niya ang aplikasyon.

Noong Disyembre, lumipad ang mga Knox patungong Lae at muling nanirahan sa hotel. Sa *hotel* nila ipinagdiwang ang kanilang unang Pas-ko sa New Guinea. Pinalitan ni Geron ng paglangoy sa *pool* ang para sa paglaro sa *snow*, at malamig na *soda pop* para sa mainit na tsokolate. Isang maliit na artipisyal na puno ang inihandog bilang regalo mula sa manedyer ng hotel, at maraming kard at liham mula sa bahay. Binigyan ni Sid si Wanda ng isang aparador gawa sa sedar mula sa bansang China, at dahil dumating na ang barko dala ang kanilang mga gamit, gusto ni Geron na maibaba agad ang kanyang *rocking horse* mula sa barko.

Mula sa talaarawan ni Sidney

Enero 1—Ito ang isa sa pinakamagandang araw sa aking buhay. Aming nadama na pinili namin ang pinakamagandang lokasyon sa lahat, ngunit may ilang pagdududa pa rin kung kami ay masyadong nagmadali sa aming naging desisyon. Eksakto dalawang minuto lagpas tanghali sa araw na ito, ang pinakamatamis na karanasan na sa tingin ko ay aking natamasa; ito ay bukod nang iniligtas ng Panginoon ang aking kaluluwa at kalaunan ay pinabanal at tinawag ako sa paglilingkod para sa Kanya. Kusang tumulo ang mga luha ng kagalakan sa aking mga mata at hindi ko mapigilan ang aking sarili. Ang matamis na karanasan at pakikitungo ng Banal na Espiritu ay aming nadama nang sandaling iyon. Ang anumang pag-aalinlangan na aming inilaan ay agad naalis sa tila napakalinaw na paraan. Gusto tayo ng Diyos sa Kudjip. Kapuri-puri ang ating Panginoon at napakaganda ng Kanyang mga ginagawa! Tiyak na nagbubunga na at tinutugon na ang maraming mga panalangin sa araw-araw ng mga kapa-

Pagkatapos ng mga araw ng pagdarasal, pag-aayuno, at pagsisiyasat, alam ni Sid na ang Kudjip ang lugar kung saan sila tinatawag ng Diyos. Lumipat ang mga Knox sa kanilang permanenteng tahanan sa pamamagitan ng pagpunta sa Goroka sa *Eastern Highlands*. Sa loob ng sampung araw na iyon sa Goroka, naalala ni Wanda “ang malamig na panahon sa Highlands, mga tsaa sa umaga at hapon (kailangan kong bantayan ang aking timbang!), na palaging kasiya-siya pati na ang magandang kaug-nayan sa aking asawa. Napakalalim na mga espirituwal na bagay ang am-ing pinagsaluhan—naging inspirasyon at guro siya sa akin. Masaya siyang kasama at nakakatuwa.”

Mula sa talaarawan ni Sidney:

Enero 10—Paano mo mailalarawan ang mga pangyayari sa araw na ito? Napakaraming bagay na dapat isipin at banggitin. Sinisimulan namin ang nakakapagod na trabaho ng pagdadala ng aming kagamitan sa lab-indalawang milya (19 kilometro) mula sa paliparan ng Minj hanggang sa *rest house*. Ang unang gawain ay maglagay ng pansamantalang pinto bilang panakip at ang pagpapako ng mga tabla sa mga bukas na lugar na ginagawang mga bintana. Lubhang kailangan ito upang makapasok ang hangin at maiwasan ang mga gustong sumilip upang mag-usisa at mag-tanong. Napakaraming mga mata ang nagmamasid sa amin at sa aming mga ginagawa. Ilan kayang mga mata ang nakatutok sa akin ngayon? Masisisi mo ba talaga sila? Ano ang kanilang iniisip? Magandang malaman ito; ngunit sa kabilang banda, baka hindi ko na dapat alamin. Karamihan sa aming mga kagamitan—kung anu-anong mga muwebles ang aming dinala, mga pagkain—ay ilalabas namin mula sa *jeep* at *trailer*. Dahil sa labis na baku-bakong daan at hindi magandang kalagayan ng mga tulay sa ibabaw ng mga batis, karamihan, kung hindi man lahat, ay magpapasukan sa bahay ang mga lokal na tagadala ng mga gamit. Naglalakad sila ng labindalawang milya (19 na kilometro) patungo sa Minj, magkakarga, at maglalakad pabalik—ng isang buong araw bilang kanilang trabaho sa buong araw—para sa dalawang shilling (11.22 pesos).⁷ Pagod na pagod

⁷ Ang shilling ay isang barya na nagkakahalaga ng isang ikadalawampu ng isang *Pound Sterling*, o labindalawang *pence*. Sa mga tala ni Sidney, tinukoy niya na ang halaga ng dalawang shilling noong panahong iyon ay US \$0.22.

ako ngayong gabi. Hindi na ako masyadong nag-isip, nahiga at natulog na lang.

Ipinatayo ni Sid nang sabay ang isang simbahan gawa sa mga tuyong halaman at damo, at isang bahay na halos gawa na at pagdudugtungan na lang. Hiningi niya ang lahat ng tulong (lahat ay hindi dumaan sa pag-sasanay) na kanyang makukuha at siya mismo ang namahala sa lahat ng konstruksiyon. Naalala ni Wanda na tuwang-tuwa siyang tumulong sa pagpako ng sahig at siya mismo ang nagpinta sa loob. Dumating si Geoff Baskett pagkatapos maitayo ang kanilang bagong tahanan. Nilinis niya ang pintura sa ilang mga bintana gamit ang isang talim ng labaha.

Mula sa talaarawan ni Sidney:

Enero 11—Buweno, unti-unti na kaming nakakaramdam ng panghihina. Naikabit na ang gas na kalan ngayon at ang magandang pridiyeder na ibinigay sa amin ng mga kabataan mula sa *missionary society* sa *Washington Pacific District*. Napakasarap magkaroon muli ng yelo! Matagal na kaming hindi nakakainom ng iced tea sa mahabang panahon.

Parehong gumugol ng maraming oras sina Sid at Wanda sa pakikipag-usap sa mga tao sa pamamagitan ng isang tagasalin sa ibang wika o sa salitang Pidgin. Naitayo ang isang paaralan at parehong nagturo sina Sid at Wanda. Nagtayo ng mga dormitoryo at sila ang naging “Tatay at Nanay” ng mga dormitoryo, isang bagong karanasan para sa kanila. Ang mga kalalakihan (wala munang mga babae sa una) – ay walang disiplina, natatakot sa mga espiritu. Hindi nila tiyak kung paano makikitungo kina Sid at Wanda na mga estranghero para sa kanila, puno ng kapilyuhan ngunit nananabik na makaranas ng pag-ibig – nakahanap sila ng lugar sa puso ng mga Knox. Gaya ng sinabi ni Wanda, “Marami kaming natutunan!”

Mula sa talaarawan ni Sidney:

Pebrero 26—...Mula sa ikalawang Linggo mula noong kami ay dumating, gumamit si Wanda sa kanyang mga pagkuwento sa may bakuran ng pranela na nakabalot sa manipis o maliit na tabla o *flannelgraph*⁸ upang

⁸ Ang flannelgraph ay isang sistema ng pagkukuwento na gumagamit ng tabla na natatakpan ng telang pranela, kadalasang nakapatong sa isang kahoy tulad ng ginagamit ng mga pintor. Ang mga larawan na nasa likod ng pranela ay inilalagay sa pisara habang nagkukuwento.

idikit ang mga larawan. Maraming mga tao ang dumalo sa una pa lang hanggang ito ay dumami tuwing araw ng Linggo. Nasiyahan ang mga matatanda pati na ang mga bata.

Pebrero 29—Nagsimula na kami ngayon ng karagdagang pangangaral tuwing Linggo ng hapon sa isang lugar na tinatawag na Kurumul [KUHR–uh–muhl], mga limang milya (8 kilometro) mula dito at sa Minj. Isa itong *rest station* ng gobyerno at sa pagdaan namin, napansin namin ang napakaraming tao na laging nagkukumpulan. Sinubukan namin, bilang isang eksperimento, na magsimulang tumugtog at kumanta. Mula sa mga nag-uusisa, dumami hanggang 150 tao ang dumating. Subalit hindi magandang ipagpatuloy ito ngayon dahil hindi maganda ang panahon at patuloy itong nakakagambala, kaya ito lamang ang magagawa namin ngayon. Kung magiging maayos ang lahat, maaari akong lumapit sa opisyal ng distrito upang humingi ng pahintulot na magtayo ng isang kapilya doon.

Nagtatag ng mga lugar para sa pangangaral: Kudjip sa umaga at Kurumul sa hapon. Nang maglaon ay isiningit ang Pokorump [POH–guh–ruhmp] sa iskedyul. Sa pagbisita ni Geoff, sumama siya sa kanilang mga pangangaral. Naawa sila sa kanya at binigyan siya ng makakaing mga tsokolate habang sila ay nag-aayuno sa maghaponing paglalakbay patungo sa mga gawain. Gumugol ng maraming oras sa pagkanta ang tatlo. Maganda ang boses ni Sidney. Si Wanda ay kumanta ng *alto*, at sinubukan ni Geoff ang kanyang makakaya sa *tenor*. Ang isa sa mga magagandang alaala ni Wanda ay mula sa isang gawain sa Kurumul habang sila ni Sid ay kumakanta ng *duet* na sinasabayan ng *accordion* ni Sid. Isa sa mga dumalo na gustung-gustong magsuot ng usong damit bagaman gamit na tulad ng damit na hanggang leeg ang butones, ang tumayo at itinaas ang kanyang damit upang saluhin ang pagkain para sa tanghalian ng kanyang anak. Dala ang kanyang *bag* na habi mula sa sinulid na karaniwang ginagamit sa New Guinea ang tila hindi man lang nakagambala sa atensyon ng sinuman maliban sa mga espesyal na mang-aawit.

Mula sa talaarawan ni Sidney:

Marso 15—Walang masyadong nakagugulat na balita sa mga araw

na ito. Marami lang trabaho. Napakalakas ng pag-ulan. Tuwing alas-tres ng hapon, bumubuhos ang ulan. Maganda ang takbo ng trabaho sa itinatayong bagong gusali ng simbahan. Dapat ay nasa loob na kami noong isang buwan pa. May bubong na ngayon at ang pagpipinta, pagtatabas, at paglalatatag ng sahig ang natitira na lang na gagawin.

Nitong nakaraang araw ng Linggo ang isa sa pinaka nakawiwili. Nagambala kami nang husto ng lagay ng panahon kaya nagpasya akong magdaos ng mga serbisyo sa loob ng aming bahay ng dalawang Linggo hanggang sa matapos ang bubong. Sigurado akong inaasam-asam ng lahat na makapasok na sa loob ng “malaking bahay.” Humigit-kumulang 175 na ang nagsisiksikan sa espasyo na 20 x 22 talampakan (6 x 6.7 metro). May karagdagang 50 o higit pa ang nakatayo sa beranda na hinaharangang makapasok ang hangin na makarating sa loob at paligid. Nagtawanan kami ni Wanda sa dami ng mga dahong nakakalat sa sahig pagkatapos ng serbisyo. Mga dahong simbolo na ginagawa bilang damit ang naiwan!

Abril 16—Ngayong gabi sinusulat ko ito sa sala ng aming bagong tahanan. Parang imposible na tirahan na ito. Hindi ko pa naaayos ang mga tubo at lababo, sa dalawang dahilan. Naisip ko na maaari kaming mabuhay pansamantala nang wala ito at nakatagal kami hanggang ngayon, at pangalawa—wala akong ideya kung paano ang pagtutubero.

Tila imposibleng paniwalaan na sa sarili lang namin ay makapagpatayo kami ng dalawang silid-tulugan sa bahay sa loob lamang ng sampung linggo. Maraming araw na hindi kami makapagtrabaho pagkaraan ng alas 2:30 o alas 3:00 ng hapon.⁹

Ngayon, kami ay nagpaplano ng ilang mga pagbisita sa mga liblib na lugar upang mas masusing tingnan ang mga tao, at kung paano sila nabubuhay. Inaasahan naming matutunan ang ilan pa sa kanilang mga kaugalian at gawi.

Pinahintulutan ng pamahalaan na itayo ang kapilya sa aming lugar kung saan nangangaral sa Kurumal. Magiging isang mahalagang karagdagan ito sa aming mga serbisyo doon. Magiging pangmatagalan na ito sa ngayon.

Madalas umalis sina Sidney at Wanda mula sa kanilang tinutuluyan

⁹ Maaaring ito ay dahil sa mga pag-ulan sa dakong hapon. Ang mga temperatura sa Highlands ay hindi masyadong mainit para magtrabaho, lalo na para sa lokal na populasyon.

upang maglakad patungo sa liblib na lugar o kakahuyan, bitbit ang isang maleta ng gamot, bakal na palakol para sa mga pinuno ng tribo, at mga kuwento sa Biblia na kanilang ibabahagi sa kanilang makikilala. Naaalala ni Wanda, “Hindi ko kailanman maipahayag ang lalim ng damdamin na aking nararamdaman paminsan-minsan: galak sa kagandahan ng paligid; pananabik sa mga tao; takot sa mga baboy-ramo, at mga tulay na troso; at ng tila lalong tumitinding kadiliman. Nagkaroon ng kagalakan sa matagumpay na komunikasyon, malalim na kagalakan sa mga klase ng kababaihan sa kanilang mga pag-uusap, mas malalim na kagalakan bilang palatandaan ng pangungusap at pagkilos ng Espiritu.”

Mula sa talaarawan ni Sidney:

Hulyo 1—Ano ba itong Linggong ito! Kung maaari lang magbayad ang isang tao para sa dignidad at kaayusan, tiyak na hindi ito ang lugar para sa kanya. Sa wakas ay nakagawa ako ng ilang mga upuan sa simbahan na pare-pareho ang itsura at hanay upang maging maayos sa pag-upo, ngunit hindi pa rin ito nasusunod sa lahat ng pagkakataon. Ang ilang mga ina na may mga dalang anak ay tumangging umupo nang mas mataas kaysa sa sahi! Kapag pumasok ang isa, kailangan niyang sumuray-suray sa gitna ng iba’t ibang itsura ng mga babae, sanggol, maliliit na bata, baboy, aso, at maging mga ibon. Karaniwan na sa isang serbisyo ang isang baboy na umiiyak, isang asong umuungol, o isang ibon na humuhuni. Ang pag-iyak ng mga sanggol ay naging karaniwang bahagi na ng serbisyo.

Hulyo 29—Imposibleng tanggapin ng mga lokal ang kamatayan bilang isang natural na pangyayari maliban kung ang isang tao ay matanda na. Kung ang isang kabataan ay namatay, karaniwang problema ito sa kampo. Ang paniniwala sa pangkukulam ay laganap. Kapag ang isang indibidwal ay namatay, na sa tingin ng mga tao ay hindi dapat namatay, hahanapin agad ng mga tao kung sino ang responsable. Walang nakatakang mga panuntunan para dito ayon sa aking natuklasan. Kapritso na lang iyon ng mga tao. Maaari nilang balikan ang mga dating alitan sa mga taong may malapit na kaugnayan sa isang namatay. Kadalasan, ang lahat o ang mga pangunahing miyembro ng pamilya ang magpapasya kung sino ang responsable sa pagkamatay at kung ano ang mga hakbang sa pagpaparusa ang gagawin. Sa mga nakaraan, maraming beses na humantong

sa isa o sa marami ang mga namatay ngunit namamagitan ang gubyrerno upang pigilan ang kamatayan sanhi ng pagpaparusa. Ngayon depende na kung gaano kaliit o kalaki ang halaga ang isang uri ng pagbabayad ang ibinibigay sa mga kamag-anak o angkan ng isang pinatay sa pamamagitan ng pangkukulam. Kahit na ang sakit ay hindi maaaring tanggapin bilang isang natural na pangyayari. Ang pangkukulam ay pinaniniwalaang sanhi ng lahat ng sakit.¹⁰

Oktubre 4—Ang anibersaryo ng aming pag-alis sa Amerika. Isang taon na puno ng kawili-wiling mga karanasan. Ginugunita namin ang mga pangyayari noong nakaraang taon at napagtanto namin kung gaano kabuti ang pagkilos ng Diyos sa amin. Marami pang dapat gawin, ngunit may nasimulan na. Ibang-iba ang aming damdamin sa araw na ito kumpara noong nakaraang taon!

Enero 30—Naku, paano namin maisasaad sa mga salita ang nararamdaman ng aming mga puso sa araw na ito? Ang dahilan? Mula sa tawag ng koreo ngayon, kami ay may liham mula sa Departamento ng *Foreign Missions*. Nasa loob nito ang masayang balita ng pagdating ng isa pang mag-asawang misyonero sa New Guinea. Sila ay sina Rev. at Mrs. Max Conder at ang kanilang tatlong anak na dati nang nanilbihan ng isang termino sa Haiti. Isa siyang *registered nurse*. Napakagandang karagdagan sa aming mga tauhan dito ang kanilang gagawin!¹¹ Nakatanggap din kami ng 169 na *Christmas cards*, karamihan ay may mga nakasingit na liham; at labing-isang kahon na puno ng mga regalong pamasko! Dumating din ang bangka na may lulang mga koreo! Lampas hatinggabi na at halos nabasa namin ang lahat ng liham. Kung ganito karami lagi ang mga natatanggap naming koreo, para kaming nasa layaw lagi.

Marso 13—Napakagandang tanawin ngayong umaga na makita si Dr. Powers¹² na bumaba mula sa eroplano! Mukha siyang kahanga-han-

¹⁰ Sa kabila ng hayagang pagiging optimismo ni Sidney upang ito ay mabago, ang mga paniniwala at gawaing ito ay patuloy na umiiral.

¹¹ Dumating nga ang mga Conder noong Oktubre 1957. Si Max, isang mangangaral at nagtatanim ng simbahan, at si Mary Alice, isang RN (registered nurse) na may karagdagang pagsasanay para sa mga malalayo at mahihirap na marating na lugar. Si Mary Alice ay matapat na nagtatag ng ministryong medikal na sa huli ay humantong sa pagtatatag ng *Nazarene Hospital*. Nakalulungkot, ang kanilang panahon sa PNG ay maikli—mga apat na taon. Ang kanilang panahon ng paglilingkod, tulad ng kay Sidney, ay pinaikli ng mga medikal na isyu. Gayunpaman, sa kanilang pag-alis, parehong dumating sina Margaret Bromley at Helen Bolerjack upang ipagpatuloy at higit pang paunlarin ang gawaing medikal sa Papua New Guinea.

¹² Ang yumaong Dr. Hardy C. Powers ay isang Amerikanong pastor, superintendente ng distrito, at *general superintendent* sa *Church of the Nazarene*.

ga, ngunit alam kong siya ay pagod. Ang iskedyl ng mga gawain mula sa aming mga pinuno ay punung-puno para sa isang karaniwang tao sa mga linggong darating. Inaasahan naming makakabalik kami sa Goroka ngayong hapon, kung saan kailangan kong sumakay sa Minj, ngunit hindi naging maganda ang panahon at ang eroplano ay kailangang manatili nang magdamag at hindi nakalipad. Sana ay naghihintay pa ang aming eroplano sa Minj sa umaga.

Marso 20—Nalampasan namin ang isa sa mga pinaka-abala at kawili-wiling mga linggo na maaari naming maranasan muli sa matagal na panahon. Pagkatapos ng mga labinlimang buwan na kami lang ni Wanda, napakasarap na magkaroon ng kausap sa mesa at sa loob ng tahanan! Tunay na nanabik kami sa *fellowship* kasama ang ibang mga Kristiyano.

Bilang karagdagan sa aming mga *fellowship*, nagplano kami upang lalong sumulong ang gawain dito. Nabisita namin ang isang kalapit na angkan—ang Tul-tul Molx [MOHLCKS].¹³ Lahat ng iba pang angkan ay naninirahan sa itaas ng kabundukan. Malakas ang ulan, at halos hindi na madaanan ang mga kalsada.

Hindi namin malilimutan ang karanasang ito *personal* man o para sa kabuuang gawain dito. Matagal nang hinihintay ng mga tao ang pagbisita ni Dr. Powers, at hindi sila nabigo. Nangaral siya sa mga tao dito sa Kudjip at Kurumal. Aaminin ko, medyo kinabahan ako na magsalin sa ibang wika sa unang pagkakataon mula Ingles sa wikang pidgin, ngunit tila naging maayos naman ang lahat. Isang lokal na lalaki ang nagsalin mula sa aking pagsasalita ng pidgin sa wikang pantribo.

Marso 31—Binuksan namin ang pangatlong lugar para sa pangangaral sa Wara [WAHR-ah] Kawi [KOW-ee], mga limang milya (8 kilometro) mula sa aming istasyon patungo sa Mount Hagen.¹⁴ Ito ay nangahulugan na kapag Linggo hindi kami makakakain hangga't hindi natatapos ang tatlong serbisyo. Ang mga serbisyo sa gabi ay hindi maaari sa ngayon. Gayon pa man, nararamdaman namin na sulit naman ang lahat at ito ay isang pagkakataon na ibinigay ng Diyos at ayaw namin itong pabayaan.

¹³ Gaya ng nabanggit sa una, ang tul-tul ay isang pinuno ng tribo, at ang pinuno ng tribong ito ay si Tul-tul Molx.

¹⁴ Ito ang magiging simbahan sa Pokorump. Malapit ito sa Kawi at kadalasang mahirap sabihin kung hanggang saan ang hangganan ng isang nayon at kung saan ang susunod na nayon. Hindi nagtagal, isang simbahan ang itinanim sa nayon sa Kawi.

Hulyo 1—Sa pagtatapos ng bahaging ito ng aming talaarawan, kami ay lalong nahikayat na patuloy na mag-ulat tungkol sa paglago ng gawain, hindi lamang sa intelektwal na paglago ng mga kabataang lalaki, kundi pati na rin sa kanilang espirituwal na paglago. Ang mga batang lalaki ay namumuhay nang may kalinisan ng puso at marami ang tumanggap at nagpasakop kay Jesus. Tuwing bago kumain, sila ay nangunguna sa panalangin, at sa iba pang mga panalanginan tuwing kami ay magkakasama pati na sa silid-aralan.

Pagkatapos ng klase ko noong isang umaga, naupo ako sa silid-aralan, at mga lima o anim sa mga pinakamahuhusay na kabataan ang nanatili at nag-usap kami nang magkakasama. Tinanong ko sila kung ano ang gusto nilang maging kapag sila ay lumaki at nakatapos ng pag-aaral. Sumagot ang isa na nais niyang maging isang doktor (sa ilalim ng napakagandang programa ng gubyerno sa pagbibigay ng tulong sa mga *technician* na maglilingkod para sa bansa na isang natatanging posibilidad). Tatlo ang nagsabing gusto nilang maging guro, at isang napakatalinong maliit na kabataan ang nagsabing gusto niyang maging isang mangangaral tulad ko. Sino ang nakaaalam? Hindi natin alam ngunit ang Diyos ang nakaaalam, at kahit ngayon kami ay lubos na nagdarasal na maibigay Niya ang Kanyang pagpapala at basbas sa mga ito at sa iba upang maging Kanyang mga piniling tagapamuno sa kanilang sariling lugar na nasasakupan. Para sa layuning ito maaari naming bigyang-katwiran ang isang programang pang-edukasyon. Ang iba ay maaaring magbigay ng kaalaman sa pamamagitan ng pagtuturo, ngunit ang aming gawain dito, kapwa sa mga mag-aaral na mga kabataan at para sa lahat ay upang sila ay turuan para sa kawalang- hanggan. Sa layuning ito, malugod naming iniaalay ang aming buhay. Tunay na ang tawag para sa New Guinea ay napakalawak ngayon

Tala ng Patnugot:

Sa kasamaang palad, dahil walang pangalan ng mga batang ito ang naitala, hindi namin alam kung natupad ang kanilang mga pangarap at pag-asa. Ang ilan sa kanila ay malamang na naging mga tagapamuno ng kanilang mga tribo, mga pastor ng mga simbahan, at mga tagapamuno ng kanilang mga komunidad. Sa paglipas ng mga taon, nakapagpatapos ang paaralan ng mga pastor, guro, at doktor, at

I naging napakalaking kapakinabangan sa PNG.

May mga masasaya at mahihirap na pagkakataon, at may mga nakakadismaya rin tulad ng hindi na maituwid ni Sid ang dulo ng kanyang daliri. May biro pa nga siya na nakaipon siya ng kaunting pera dahil dito. Kapag tinatanong ng sinuman sa isang simbahan kung magkano ang handa niyang iambag sa isang koleksyon upang makalikom ng pera, itinataas niya ang kanyang sampung daliri, ngunit \$9.95 lang ang kanyang kayang maibigay dahil hind niya maituwid ang isa niyang daliri!

Noong Setyembre 1957, isa pang magandang pagpapala sa tahan-an ng mga Knox ang dumating. Ipinanganak si Jane Marie Knox, tunay na “kaloob ng Diyos” kay Wanda, kaya sila ay naging apat na. Subalit pagkaraan lamang ng ilang buwan pagkatapos ipanganak si Janie, nagkasakit nang malubha si Sid. Maraming beses, umuuwi si Wanda mula sa paaralan sa oras ng *recess* para pakainin ang kanilang sanggol, subalit madadatnan na ni Wanda si Sidney na nauna na sa kanya. Dadalhin ni Sid si Janie sa lugar kung saan sila nagtatrabaho, at makikipag-usap sa kanya habang ginagawa niya ang kanyang trabaho. Mahal niya ang kanyang anak na babae na may blonde at kulot na buhok at asul na mga mata. Mabuting *padre de pamilya* si Sid. Pinangarap niyang magkaroon ng sariling mga anak at ngayon ay mayroon na siyang apat na taong gulang na anak na lalaki at bagong panganak na sanggol na babae. Mayroon pa ba siyang minimithi?

Apat na buwang gulang si Janie nang magkaroon ng matinding karamdaman si Sidney. Pagkatapos ng mga pagsusuri sa pagamutan at sa Goroka, siya ay inoperahan. Puno ng kanser ang kanyang katawan. Sa panahon na itinakda ng Diyos, dumating ang mga Max Conder ng umagang iyon pagkatapos makaramdam ng matinding pananakit si Sidney, at sa mga sumunod na buwan, sila ang nagturo sa mga klase ni Sid at ipinagpatuloy ang gawaing medikal at gawain sa simbahan hanggang sa pag-alis ng Knoxes noong Hunyo ng 1958.

Sina Sid at Wanda, kasama ang kanilang mga anak, at ang pamilya ni Sid ay nagkita-kita sa California. Dinala ng pamilya ni Sid sina Geron at Janie sa Lubbock, Texas, USA, sakay ng kotse. Sinalubong din sila ng malaking pangkat ng mga *Nazarene* sa California, habang umaawit ng, “Purihin ang Diyos sa Kanyang ginawa.” Nagulat at nalula si Sid at na-

pabulalas ng, “Purihin ang Panginoon sa pribilehiyong maging misyone-ro sa *Church of the Nazarene*!”

Pagkatapos suriin si Sid sa California, lumipad ang pamilya patun-gong Lubbock sakay ng maliit na eroplano. Napakahalaga ng mga sumu-nod na araw at napakahirap para sa iba. Labas pasok si Sid sa ospital at nagkaroon muli ng isa pang operasyon. Umupa sila ng isang apartment at natuto si Wanda na magbigay ng iniksyon kay Sid. Noong Setyembre, pinabili ni Sid si Wanda sa kabayanan ng espesyal na laruang *teddy bear* upang ipagdiwang ang unang kaarawan ni Janie. Makinang ang ningning sa mga mata ng kanyang sanggol na babae habang si Sid naman ay nasa likod ng karamdaman, at si Janie kahit sa kanyang musmos na edad ay tila alam na hindi maayos ang lahat. Madalas siyang nanatili sa tabi ng kanyang amang si Sid at kapag umaalis ang pamilya sakay ng sasakyan, ta-tayo siya sa harap at iaabot ang kanyang kamay sa likod para hawakan ang kamay o daliri ng kanyang ama habang nakahiga ito sa likurang upuan. Gusto iyon ni Sid at sasabihin sa kanya ni Wanda na hindi niya hahayaang hawakan ng iba ang kanyang kamay!



Pagbati sa Muling Pagbabalik-June 1958

Bumaha ng mga panalangin at marami ang nag-akala na si Sid ay gag-aling. Gayon din ang naisip ni Wanda. Sa mga sumunod na taon ay sinabi niya, kapag naaala ko iyon at binabalikan ko, ako ay may panghihinayang

dahil naniniwala akong alam niya kung kailan siya magpapaalam. Ilang beses niyang sinubukang kausapin ako tungkol sa kanyang ‘pag-alis.’ Hindi ko iyon pinakinggan—ang pakiramdam ko ay hindi iyon pagpapakita ng pananampalataya. Ngayon, sana naibahagi namin nang malalim ang kanyang nararamdaman imbes na protektahan niya ako. Napakainam sana noon dahil handa na siyang umalis kung iyon ang nais ng Diyos.”

Araw ng Linggo ang huling araw sa buhay ni Sidney. Nandoon ang kanyang buong pamilya. Noong umagang iyon, hiniling niya na basahin ang ika-15 kabanata ng Juan. Pagkatapos ay nanalangin siya. Sa mga salita ni Wanda, “Panalangin ng pagtitiwala at pagtatalaga - ng pamamahinga sa Kanya, kahit na ang kanyang puso ay para sa mga tao ng New Guinea, sa akin at sa kanyang mga anak at kanyang pamilya. Lumakas nang lumakas ang kanyang tinig, hindi ko ipinipikit ang aking mga mata dahil alam kong siya ay babangon!” Noong araw na iyon ay mas masarap siyang kumain, isa lang ang iniksyon na ibinigay sa kanya, at siya ay gising na gising. Hindi nagtagal pagkatapos ng hatinggabi noong Lunes, Oktubre 14, eksaktong tatlong taon mula nang makarating sila sa New Guinea, habang si Wanda ay nakaupo sa tabi ng kama, hawak ang kanyang kamay, nang magsimula siyang magsalita ng tila walang kabuluhan kay Wanda. Nadurog ang puso ni Wanda. Tumingin si Sid sa kanya ngunit hindi niya maintindihan ang sinasabi nito. Akala ni Wanda nagdedeliryo si Sid, ngunit habang nakatingin siya kay Wanda, nabasa niya ang sinasabi ng mukha nito at sinabing, “Hindi mo ba nauunawaan ang sinasabi ko?”

“Hindi, Sid, hindi ko nauunawaan.”

Sinabi ni Sid, “Hindi mo ba ito nauunawaan at hindi ito malinaw sa iyo?”

“Hindi, Sid.”


Tumingin siya kay Wanda saglit at pagkatapos ay sinabing, “Nauunawaan ko ito at ito ay malinaw sa akin.” Pagkatapos ay sinabi niya, “Papahingahin mo na ako.” Sa pag-aakalang may kakaibang sinasabi si Sid sa tinig na may pagsunod, binitawan ni Wanda ang kanyang mga kamay, pagkatapos ay pumanaw na si Sid.

Si Geron ay limang taong gulang lang, si Janie ay isa, at si Wanda ay dalawumpu’t pitong taon. Pagkatapos ay nagsimula na ang isa sa pinakamalalim na pakikibaka ni Wanda. Iilan lang ang nakakaalam kung ano ang

kanyang kinakaharap. Inakala ng karamihan na labis ang pagdaramdam ni Wanda sa pagpanaw ni Sid, ngunit para kay Wanda hindi lang iyon. Bagaman napag-usapan na nila ang kamatayan noon pa man sa kanilang buhay at sa panganib na maaaring mangyari sa lahat ng oras tulad ng posibilidad ng pagbagsak ng eroplano na kanilang sinasakyan, aksidente sa kagubatan, o pagkakasakit ng malaria; ang kanyang pakikibaka ay ang hindi pagtugon ng Diyos sa libu-libong mga panalangin para kay Sid. Tumugon ba ang Diyos? Nakakarinig kaya ang Diyos? Nagmamalasakit ba ang Diyos? Mayroon bang Diyos? Hawak pa rin ba ng babaeng ito na nagsimulang maglingkod sa Diyos mula nang siya ay walong taong gulang ang kanyang paniniwala? Tumagal ng ilang buwan ang kanyang pakikibaka at sa mga panahong iyon, nadama ni Wanda ang tawag upang bumalik muli sa New Guinea. Nakipag-usap siya sa lupon at sinabi nilang siya ay maghintay. Siya ay nagdeputasyon. May mga panahon na hindi siya makatulog at walang tugon na dumating. Kaya nakipagngi siya sa Diyos upang humingi ng sagot, bagaman may mga pag-aalinlangan at hindi maaaring magpanggap na naniniwala sa isang bagay na hindi niya pinaniniwalaan; at hindi kasama ang New Guinea. Paano siya makabalik at ipapahayag sa iba ang isang bagay na hindi siya sigurado sa kanyang sarili. Matagal, wala pa ring tugon. Ngunit sa sumunod na araw nangusap ang Diyos sa panahong hindi niya inaasahan. “Maaari kitang dalhin sa lugar na iyon. Hindi ko man lang siya iniisip—nang bigla na lang, naroon Siya. Ang aking mata ay hindi nakakita, ngunit nakakita ang aking espiritu. Hindi niya ako binigyan ng sagot kung bakit niya pinayagan ang pagkamatay ni Sid. Ang mga tao ay nagbibigay sa akin ng lahat ng uri ng mga sagot, ngunit hindi nila sinasagot ang sigaw ng aking puso. Ngunit nang Siya ay dumating, ang aking espiritu ay napasuko - hindi ako makapagtanong ng anumang mga katanungan. Ngunit sinabi Niya (at narinig ng aking mga espirituwal na tainga), ‘Narito ako, Ako ang may kontrol. Magtiwala ka sa Akin. Huwag magtiwala sa ginagawa Ko, o sa hindi Ko ginagawa; basta magtiwala ka lang sa akin.’” Ang mga salitang iyon sa talaarawan ni Wanda pagkalipas ng 24 na taon, kanyang ipinaliwanag na sapat na para sa kanya ang pagtitiwala, mahirap man ang kalagayan o maddali. Tunay na ang Diyos ang naging Kaaliwan niya, ang kanyang Guro, ang kanyang Patnubay, ang kanyang Katulong, ang kanyang Pinagkakati-

walaan, ang kanyang Kagalakan.

Sa mga taon, mula noong binuksan ng Diyos ang maliwanag na pag-kaunawa ng isang walong taong gulang na si Wanda, na para sa kanya ay walang tunay na kapaki-pakinabang maliban ang pagsunod sa Diyos, ay kanyang napatunayan na ang lahat ay naging mas dakila, mas kalugud-lugod at mas masaya. Pinagtibay ni Wanda “ang aking trabaho, pamilya, mga kaibigan, at mga libangan - lahat ng ito ay nakapagdulot ng kasiyahan at kahulugan kung Siya lagi ang uunahin. Alam ko ang ibig sabihin ng banal na kasulatan: ‘Ngunit higit sa lahat ay bigyang-halaga ninyo ang kaharian ng Diyos at ang pamumuhay nang ayon sa kanyang kalooban, at ibibigay niya sa inyo ang lahat ng mga bagay na ito.’ (Mateo 6:33).” Matutuklasan ni Wanda na kalooban ng Diyos na akayin siya sa isang mapanghamon na bagong gawain na sa paningin ng karamihan ng mga tao ay tila imposible, ngunit ang tiwala ni Wanda ay matibay at matatag.



NAGSIMULANG MAGISING ANG MGA pasahero sa masikip na *cabin* ng eroplano ng Qantas [KWAHN–tuhs] pagkatapos ng mahabang paglipad sa gabi sa buong Pasipiko. Gayunpaman, mukhang nanatiling gising ang dalaga sa harapang upuan habang abala siyang sumulat ng isang liham. Paminsan-minsan, sumusulyap siya sa mga batang natutulog sa kanyang tabi na tila mga anghel: mabibilog ang katawan at malulusog. Si Geron na pitong taong gulang at si Janie na tatlong taong gulang, kulot ang buhok katulad ng buhok ng batang artistang si Shirley Temple.

Sa itaas ng Pasipiko sa isang Qantas jet noong Oktubre 27, 1960.

Alam kong ito ay hakaiba, ngunit nais kong sumulat ng isang liham para sa araw na ito upang basahin ngayon at sa mga panahon na itinikda ng Diyos. Sumisikat pa lang ang araw at ito ay tanaw namin sa itaas kung nasaan kami. Napakagandang tanawin na pinahintulutan ng Diyos na aming maranasan sa mundong ito. Sa ilang sandali, lalapag na ang aming eroplano sa Fiji, pagkatapos ay sa Sydney. Parang imposible na kami ay pabalik muli sa New Guinea. Hinahayaan ko lang ilabas ang aking mga emosyon nitong mga nakaraang araw. Nagkaroon ako ng pangamba at takot sa San Francisco; ngunit sa balip na ako ay makaramdam ng depresyon tulad ng aking inaasahan, mas makaramdam ako na parang ako ay pinalaya at nagkaroon ng katiyakan sa aking kaloob-looban at rinasabing, tama ang aking ginagawa. Habang bumababa kami sa parehong rampa na dinaraan namin ni Sid dalawang taon na ang nakalipas, sa balip na

kalungkutan ang aking madama na aking inaasahan, tanging kasalakan lang. Habang naglalakad palabas mula sa paliparan sa unang pagkakataon, naaalala ko ang aming mga tawanan, pananabik at mga takot. Tunay na malapit kami ni Sid sa isa't isa. Dalangin ko na panatilihin ng Diyos sa akin ang ganitong damdamin at umasa sa Kanya nang higit pa upang maisakatuparan ko ang Kanyang layunin para sa amin sa New Guinea. "Ang tagumpay ay hindi makakamit sa pamamagitan ng lakas ng hukbo o sariling kapangyarihan kundi sa pamamagitan lamang ng aking espiritu, sinabi ng Panginoon." Ang aming igrav? Bigyan kami ng mga kaluluwa. Sa kanya na makagagawa nang higit pa kaysa maaari nating hilingin at iipin, sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihang kumikilos sa atin; sa Kanya, ipinagkakatiwala namin ang aming luong pagkatao, at sa Kanya ang karangalan at kaluwalhatian at papuri magpakailanman. Amen.

Wanda Knox

Geron at Janie

Napabuntong-hininga si Wanda, inilapag ang panulat, at ipinikit ang kanyang mga mata sa ilang sandali ng katahimikan upang magmuni-muni. Naalala niya noong Sabado ng Enero nang makipagkita siya sa lupon upang magsumamo na pabalikin sila sa New Guinea. Naging mahirap ang pagpupulong. Labis na nag-alala ang mga miyembro ng lupon tungkol sa kanyang kapakanan bilang isang solong magulang na may dalawang malilit na anak. Sinabi sa kanya ng lupon ang mga suliranin at paghihirap na kanyang harapin. Nadama nila na para



Wanda, Geron, and Janie habang sumasakay sa eroplano ng Qantas patungong New Guinea, October 25, 1960

sa kanyang sariling kapakanan, mas makabubuti kung mananatili siya sa Amerika. Nang matapos ipaalam ng mga miyembro ng lupon sa kanya ang maaaring mga pagsubok at sitwasyon na kanyang haharapin kung siya ay babalik sa New Guinea, ito ang kanyang sagot, “Mga ginoo, hindi ko alam kung ano ang lahat ng inyong mga pinag-usapang suliranin at pagsubok na aking haharapin. Ang tanging alam ko lang ay tinawag ako ng Diyos upang bumalik sa New Guinea.” Natapos ang pagpupulong, ngunit pinaghintay nila si Wanda hanggang Lunes ng hapon. Pagkatapos ay binasa ng pangkalahatang lupon ang anunsiyo na si Wanda ay pababalikin sa New Guinea. Sa isang liham ni Wanda kina Wallace at Mona White, mga misyonero sa Papua New Guinea noong panahong iyon, ito ang kanyang sinabi nang may kagalakan: “Hindi ko mailarawan ang aking nararamdaman. Akala ko ay iba ang magiging desisyon. Napagtanto ko na marami ang kinaharap na mga suliranin at para sa ilan sila ay may mga pag-aalinlangan. Sinabi sa akin ni Mrs. Louise Chapman kung paano binuksan ng Diyos ang pagkakataon upang masabi niya ang ilang bagay na matagal nang nasa kanyang puso at kung paano kumilos ang Diyos sa hindi pangkaraniwang paraan. Kaya higit kailanman nararamdaman ko na ito ay mula sa Diyos! At tunay na iyan ay napakahalaga sa akin.”

Pinagbotohan din ng lupon na maaantala muna ang pagbabalik ni Wanda hanggang sa taglagas upang maitayo ang isang bahay para sa kanyang pamilya.

At ngayon ay nasa kanilang tahanan na sina Wanda at sadyang kakai-ba ang kanilang pagdating. Dumami na ngayon sa limang misyonero ang mga kawani ng misyon: sina Max at Mary Alice Conder, Wallace at Mona White, at Will Bromley. Limang lugar para sa pangangaral ng mabuting balita ang binuksan. Isang klinika ang itinayo sa pangangasiwa ni Mary Alice Conder at nang nakaraang taon, nakapagpagamot sa kanya ang higit sa 2,000 mga pasyente katulong ang dalawang mamamayan ng New Guinea. Malugod na tinanggap ng mga misyonero at ng mga tagaroon ang mga Knox. Mahal na mahal ng mga tao si Wanda. Kahit saan siya magpunta, sasalubungin siya ng mga sigaw at yakap habang pababa ng jeep. Hindi nagtagal pagkatapos ng kanyang pagbabalik, nagkaroon siya ng maraming pagpupulong na puno ng mga luha ng pagmamahal kasama ang mga taong kanyang pinuntahan upang sila ay paglingkuran. Nais nil-

ang marinig ang tungkol kay Sid: ang kanyang karamdaman, pagkamatay, libing, at ang kanyang pagpunta sa langit. Sinabi ni Wanda sa kanila na si Sid ay nasa langit na ngayon kasama si Jesus at kung paano sila magkikita roon bilang araw dahil sila ay naging mga mananampalataya. Maluwalhati ang tagpong iyon.

Sa New Guinea, nagsisimula ang klase para sa taon tuwing buwan ng Pebrero kaya nagsimula nang mag-aral sina Geron, Bob at Steve White sa Banz sa pampublikong paaralan para sa mga Australyano. Inihahatid sila at sinusundo ng sasakyan sa paaralan araw-araw ni Wanda; kung minsan naman ay sina Wallace at Mona. Isinasama nila ang maliit na batang si Janie. Ilang buwan matapos ang pagbabalik ng Knox, habang sila ay papunta sa paaralan, tumingala si Janie kay Mona at sinabing, “Nasa langit ang tatay ko, Tita Mona; alam mo ba yun?”

Nang sinabi ni Mona kay Wanda ang mga sinabi ni Jane, ito ang madamdaming tugon ni Wanda, “Anong laking pagpapala sa sinabi niyang iyon! Napakaraming ibinigay sa akin ng Diyos. Ang kanyang awa! Ang maayos at magandang buhay at ako ay maligaya [na] pinayagan niya akong bumalik dito.”

Sumagot si Mona (habang iniisip niya ang malungkot na pagkawala ni Sid), “Paano mo iyan nasasabi?”

Agad na tumugon si Wanda, “Ang pagkamatay ba ni Sid? Hindi mo ba nakikita? Nagpapatuloy ang Diyos sa Kanyang plano para sa aking buhay. Noong una, napakahirap na tila hindi ko kakayanin sa loob ng anim na buwan.

Pagkatapos ay sinimulan kong makita kung paano ito ginamit ng Diyos upang baguhin ang puso ng mga tao at ibigay ang lahat sa Kanya gaya ng ginawa ni Sid. At patuloy Niya akong tinatawag ngayon upang pagsilbihan Siya rito. Napakabuti Niya sa akin!”

Nagsimulang magturo si Wanda sa *mission primary school* noong Pebrero habang si Janie naman ay naglalaro lang malapit sa pintuan ng kanyang silid-aralan, o kaya ay sumasama kay Tio Wallace habang ginagawa niya ang *generator*, o kaya naman ay umaalis sakay ng jeep. Isang mahusay na guro si Wanda--isang *motivator*; ginawa niyang masaya ang pagtuturo. Nag-ing masaya siya sa kanyang mga estudyante. Ibinuhos niya ang kanyang sarili sa trabaho at sinulit ang punung-puno niyang iskedyl upang maga-

wa nang maayos ang kanyang trabaho. Sinabi ni Mona White, “Siya ang nag-udyok ng pagkasabik na matuto ang mga estudyante hindi lamang sa silid-aralan kundi pati na rin sa pang-araw-araw na pamumuhay. Para sa kanyang mga kasamahan, ang kanyang kasigasigan at tunay na kasiyahan ay nagdudulot ng bagong interes sa isang bagay o sa iba pa (isang paksa, isang tema, isang pamamaraan) hanggang ang lahat ay maging mausisa at sabik na subukan ito.”

Hindi palaging madali ang pagtuturo. Sa kanyang ibinahagi kay Ginny Griffin, isang mahal na kaibigan, sinabi ni Wanda, “Alam mo, mas nasisiyahan ako sa paaralan ngayon. Medyo natagalan ako para masanay muli sa pagtuturo sa elementarya. Mahal ko ang mga bata at walang katapusan ang kanilang kasiyahan pagdating sa *Sunday School* o *Vacation Bible School*, ngunit sa paaralan—mukhang nauubusan ako ng tiyaga. Kung gusto nilang matuto, wala akong problema; pero kapag pinilit ko sila, nawawalan lang ako ng interes. Siyempre, ang mga batang ito ay walang mga magulang na gumagabay sa kanila. Wala silang pakialam kung matututo ang kanilang mga anak o hindi.” Magbabago ang saloobing iyan sa mga susunod na taon at matututuhan ng mga magulang ang magiging epekto ng mahusay na edukasyon sa kanilang pamumuhay. Sa isang liham, naibulalas ito ni Wanda, “minsan ako ay nawawalan ng pag-asa (lahat ng kanilang natututuhan ay nasa wikang banyaga ... at kultura na banyaga rin), ngunit sa ilang pagkakataon, ipinagmamalaki nila ako. Subalit higit ko silang maipagmamalaki kung silang lahat ay magiging mga Kristiyano. Mayroong *revival* sa aming paaralan sa huling bahagi ng buwang ito. Alalahanin mo ang mga batang ito sa iyong mga panalangin.” Isa sa mga sagot sa panalangin ay si Marilyn [MER—i—lin] Bukas [BOO—kuhs; kalaunan ay magiging Wutsik (WUHT—sik)] na nakatira noong siya ay bata pa sa lugar kung saan kami nakaistasyon. Napakatalino at sabik na matuto, nagbenta si Marilyn ng kaukau [KOU—kou] (kamote) upang kumita ng pambayad para sa kanyang mga gastusin sa paaralan. Napakaespesyal ni Wanda kay Marilyn. Itinuro ni Wanda sa kanya ang tungkol kay Jesus na nagpabago ng kanyang buhay, ang tungkol sa pagkakaisa at pagkakasundo, at kung paano umawit. Ipinakita niya kay Marilyn kung paano umawit nang may kagalakan na maaaring madama sa kanyang tinig at mukha. Pumasok sa elementarya si Marilyn sa Mount Hagen upa-

ng tapusin ang kanyang ika-walong baitang at pagkatapos ay sa Madang [muh-DAHNG] kung saan siya ang nanguna sa klase. Ito ay upang siya ay masanay na maging isang sekretarya. Sa mga sumunod na taon, maayos siyang nagtrabaho sa opisina ng distrito sa Port Moresby kung saan siya ngayon ay naninirahan at aktibong manggagawa sa simbahan ng Port Moresby at sa Highlands.

Tala ng Patnugot: Merilyn Wutsik

Isa sa mga kabataang naimpluwensyahan ni Wanda ay si Merilyn Bukas (kalaunan ay pinalitan niya ng Merilyn Wutsik ang kanyang pangalan). Ipinanganak siya noong 1958 bago lumipat ang kanyang mga magulang upang magtrabaho para sa mga misyonero na na-kaistasyon sa Kudjip. Ang kanyang ama, si Wutsik ay nagtrabaho bilang katulong sa bakuran at tagasalin sa ibang wika (mula sa Pidgin hanggang sa mga wika ng tribo), at ang kanyang ina na si Kini [KI-nee] (na kalaunan ay pinalitan ng Sarah) bilang “haus meri” [HOUS-ME-ree] o kasambahay.

Tungkol sa kanyang ina, sinabi ni Merilyn, “Ang aking ina ay may malaking impluwensya sa lahat ng kanyang mga anak kapwa sa espirituwal na mga bagay, kaugalian at tradisyon. Isa siyang babae na puspos ng Banal na Espiritu. Ibinuhos niya ang kanyang buhay nang walang pag-iimbot upang ang lahat ng mga bata kabilang ang mga anak sa pangalawa at pangatlong asawa ay makapunta sa simbahan at makaranas ng kaligtasan.

Sa edad na 15, naranasan ni Merilyn ang pagliligtas ni Jesus sa *Poko-rump Church of the*



Merilyn Wutsik

Nazarene, ang kongregasyon na lumago mula sa pangangaral na binuksan ng mga Knox.

Nang tanungin ang tungkol sa impluwensya sa kanya ni Wanda, muling sumagot si Marilyn, “Tinuruan niya akong umawit at sumamba sa Panginoon. Dinadala niya kami sa kanyang tahanan isang beses sa isang linggo at tinuturuan kung paano umawit ng mga himno na may mga nota. Dahil diyan nahiligan ko ang pag-awit hanggang ngayon. Tinuruan niya akong magkaroon ng kumpiyansa sa sarili at huwag matakot na magbigay ng patotoo kapag araw ng pananambahan sa paaralan. Tinuruan niya ako kung paano magbasa at mahilig sa mga libro. Ginagantimpalaan niya [kami] kapag kami ay naging mahusay sa paaralan at iyon ang nag-udyok sa akin upang maging masigla, masaya at mahusay sa pag-aaral. Isa siyang mahusay na misyonerong guro.”

Natapos ni Marilyn ang ika-8 baitang at sa panghihikayat ng mga misyonerong sina Wallace at Mona White, nag-aral siya ng kursong sekretarya sa kolehiyo. Bumalik siya sa Kudjip at nagtrabaho ng limang taon bilang sekretarya ni Rev. White. Binanggit niya na marami sa mga misyonero noong panahong iyon ang nagkaroon ng makabuluhang impluwensya sa kanya.

Noong 1989, nagtrabaho siya sa isang internasyonal na kumpanya ng langis. Mula 2001 hanggang 2014 ay nagtrabaho naman siya bilang kanang kamay ng manedyer ng Kutubu [koo-TOO-boo] Oil Field.

Bandang 2004, nagsimulang mangusap ang Diyos kay Marilyn tungkol sa pastoral na ministryo. Noong 2010, nag-enrol siya sa *Nazarene Bible College* (hindi ang nasa PNG, ngunit ang nasa Colorado Springs, Colorado, USA) sa pamamagitan ng mga *online* na kurso na sinabayan din niya ng mga kursong kanyang kinukuha mula sa *Melanesia Nazarene Bible College* sa Papua New Guinea. Nagtapos siya sa NBC noong 2014. Noong panahong iyon, nagbitiw siya sa kanyang trabaho sa kumpanya ng langis at tinanggap ang pagpapastor sa Konastone [KOHN-ah-stohn] *Church of the Nazarene*, isang simbahan na naitanim kamakailan sa tahanan nina Baru [BAH-roo] at Christina Dirye [DIR-ye]¹, parehong empleyado ng *Nazarene Hospi-*

¹ Noong 2012, bumili ng lupa sina Baru at Christina at nagtayo ng bahay. Nagtayo sila ng ma-

tal. Naging pinakamalaki at pinakamabilis ang paglago ng Konastone sa PNG. Bagaman siya ay naging matagumpay sa mata ng maraming tao, may ibang plano ang Diyos para sa kanyang ministeryo. Ang simbahan ng *Nazarene* sa kanyang sariling nayon ng Kawi ay nahihirapan at nangangailangan ng malakas na pamumuno at maka-Diyos na pangangaral. Noong 2018, tinanggap ni Marilyn ang pagpapastor sa Kawi kung saan siya nananatili ngayon.

Sabik na mapanood ng parehong mga kalahok at mga manonood ang mga pagtatanghal ng koro at mga drama sa direksyon ni Wanda. Sa isang pagtatanghal, ito ang naisulat niya, “Tunay na maganda ang pagtatanghal at palabas namin ngayong taon. Tatlong beses kaming nagpalabas. Ang aming unang eksena ay sina Adan at Eba na tinukso ng ahas at nahulog sa kasalanan. Sana ay inyong napanood ito - sina Adan at Eba na nakadamit gawa sa mga dahon at ang mga tao na pumatay sa ahas - lahat sila ay talagang mahusay na gumanap. Gayon pa man, natapos (ang eksenang iyon) sa pagpapaalis sa kanila ng Diyos sa hardin, ngunit nagbigay Siya ng pangako na kahit na nakagat ng ahas ang kanilang sakong - ‘May isang’ darating’ upang durugin ang ulo ng ahas. Pagkatapos, ang ikalawang eksena ay nagsimula kina Maria at Jose at ipinakita si Cristo para sa katuparan ng pangakong iyon. Tunay na ako at ang mga estudyante ay nasiyahan sa paggawa nito.

Ang mga kakayahan ni Wanda ay ipinakita rin sa pagtuturo upang matutong magbasa at magsulat ang mga estudyante, pati na sa mga guro. Matatas siya sa pagsasalita ng Pidgin; nag-aral siya kaagad upang matutuhan ang katutubong wika. Mahusay siya rito. Kumuha siya ng kurso sa *SIL (Summer Institute of Linguistics)* upang lalo niyang matutuhan ang wika, ngunit ang kanyang abalang iskedyul ang naging hadlang. Sa isang liham kina Wallace White na nasa furlough noong 1964, ito ang kanyang sinabi, “Umaasa akong magsanay pa sa pagasalita ng katutubong wika ng ilang oras ngayong bakasyon. Sinabi ko kamakailan na hindi pa naman ako nabigo at gusto kong panindigan iyan, kaya kailangan ko pang masanay.

gagamit na lugar na yari sa mga poste sa ilalim ng bahay upang magamit sa mga pagpupulong. Pinangunahan nila ang gawain hanggang tinawag ng kapatiran si Marilyn bilang kanilang pastor. Sa ilalim ng kanyang pamumuno, mabilis na lumago ang simbahan at nagtayo sila ng napakaganda at modernong gusali sa isang mahalagang kalsada. Subalit nagboluntaryo siyang bitiwang ang napaka “matagumpay” na simbahaang ito upang maging pastor ng kanilang simbahan sa kanyang lugar.

Ang lahat ng gawain sa simbahan ay sa wikang *tok ples* [TOK PLES; ang wika ng tribo] para sa aking mga kuwento o mensahe, ngunit iyon ay limitado. Medyo pinanghihinaan ako ng loob kung minsan. Ngunit sinisikap kong huwag akong matalo nito.”

Tala ng Patnugot: Mga Wika

Ang Papua New Guinea ay ang bansang may pinakamaraming iba’t ibang wika sa buong mundo. Sa humigit-kumulang na 7,000 mga wika sa buong mundo, 840 ang sa PNG ayon sa *website* ng *World Atlas*.² Pinakamalawak ang wikang *Tok Pisin* [TAHK PI–zuhn] o Melanesian Pidgin na ginagamit sa kalakalan at Ingles naman ang ginagamit sa maraming bahagi ng bansa bagaman maraming tao ang nag-aalangan na ito ay gamitin.

Karamihan sa mga tao ay natututo muna ng wikang pantribo (sa Tok Pisin ito ay “Tok Ples,” na may *literal* na kahulugan na “wika ng nayon”). Karamihan sa mga lugar ay natututo ng *Tok Pisin* pagkatapos matutuhan ang wikang pantribo. *Tok Pisin* sa unang dalawa o tatlong taon at pagkatapos ay Ingles na ang dapat gamitin. Ngunit para sa karamihan kahit tapos na sa *grade* 12, ang kanilang kakayah-an sa paggamit nito ay napakalimitado.

Sa mga unang araw ng mga misyon ng *Nazarene* sa PNG, kailangang matutuhan ng mga misyonero ang *Tok Pisin* at ang *Tok Ples* ng Kudjip (tinatawag na “Middle Wahgi”), isang wikang mahirap matutuhan at makabisado. Nang nagbukas ang ospital sa Kudjip, ang bilang ng mga taong nagsasalita ng *Tok Ples*, maliban sa Middle Wahgi, ay tumaas sa mga kawani at mga pasyente. Sa pagkakaroon ng mga simbahan sa ibang lugar kung saan ang Middle Wahgi ang ginagamit na salita, hindi na gaanong pinag-aaralan ng mga misyonero ang *Tok Pisin* at *Tok Ples* upang ang mga ito ay gamitin.

Sa nakalipas na mga taon, habang dumarami ang mga umaalis mula sa mga tribo, naging mas laganap ang paggamit ng Ingles. Ngayon, marami sa mga estudyante ng *Bible College*, pati na rin ang mga pastor, ang nagsasalita ng Ingles. Ingles din ang ginagamit ng mga nars sa ospital. Maaari nang “makalusot” ang mga misyonero

² www.worldatlas.com/articles/the-most-linguistically-diverse-countries-in-the-world.html, na-access June 20, 2019.

upang hindi na pag-aralan ang *Tok Pisin* at marami ang gumagawa nito. Ang hindi maganda rito ay habang nagagawa nilang makipag-usap sa mga tagapamuno ng simbahan o ospital, nahihirapan silang makipag-usap nang malinaw sa mga lokal.

Hindi kailanman sinabi ni Wanda na siya ay isang mangangaral, ngunit ang pagtuturo niya ng Salita ng Diyos ay nagpakita ng isang malalim na pag-ibig at pananampalataya. Kapag siya ay tumatayo sa grupo ng mga bata sa paaralan sa kapilya, sa isang *membership class* para sa mga bagong Kristiyano, o sa kongregasyon, makikita sa kanilang mga mata at mukha na sila ay nakikinig at “nakukuha ang mensahe,” na nagpapakita ng tunay na pag-ibig sa Diyos.

Sa isa sa kanyang mga liham, sinabi ni Wanda, “Natutuwa kami kung paano nangungusap ang Kanyang salita sa mga tao. Patuloy na manalangin para sa mga Kristiyano rito na lalong sumagana ang kagalakan at kalakasan na kanilang nasumpungan at lalong mauhaw kung ano man ang kanilang natanggap.” At sa isa pang liham tungkol sa *camp meeting*, “Nadarama namin dito ang magandang espiritu at inaabangan namin lalo na ang camp meeting sa susunod na linggo. Sana nandito ka rin. Ang mga tao ay nagtayo ng magagandang ‘*longhouse*’ na matutuluyan gawa sa mga damo na may patyo sa gitna para sa pagluluto sa apoy. Dumating na ang aming tolda para sa mga serbisyo at mayroon kaming dalawang napakahusay na tagapagsalita - hindi na ako makapaghintay! Umaasa ako na maraming hindi pa ligtas ang dadalo, gayundin ang mga Kristiyano na ‘lalo pang lumago.’”

Napagtanto ni Wanda na upang lalong lumago at maging ganap ang simbahan, kailangan ng katutubo o lokal na pamumuno. Ang nadama niyang ito ay nakaimpluwensya sa mga pinakamalapit sa kanya. Nang magbukas ang *Bible school* noong 1964, ang isa sa mga unang estudyante doon ay si Philip Kwonga [KWONG—uh].³ Hinimok siya ni Wanda na

³ Si Philip Kwonga (o Konga) ay isa sa dalawang mag-aaral na bahagi ng unang graduating class ng tinatawag na ngayon bilang *Melanesia Nazarene Bible College*. Nang maglaon, napasama siya sa unang grupo ng mga New Guinean na inordinahan bilang *elder*. Naging mahusay at iginagalang siyang pastor. Sa kalaunan ay naging pastor siya ng iglesia ng Pokorump, isang posisyon na hawak niya sa loob ng halos 30 taon. Naging nars ang kanyang anak na babae na si Christina at nagsilbi bilang head nurse ng Pediatrics ward sa mahabang panahon sa PNG. Isa siyang mahusay na nars at pinanatiling una ang ministeryo bago ang kanyang trabaho. Namatay si Philip noong 2017. [Reference—Parker, J. Fred. *Mission to the World—A History of Missions in the Church of the Nazarene Through 1985*. Kansas City: Nazarene Publishing House, 1988. p. 602.]

mag-aral sa *Bible school* kahit na ito ay mangangahulugan na mawawalan si Wanda ng makakatulong sa kusina. Tapat na naglingkod si Philip bilang isang pastor nang mahigit 20 taon. Sa mga darating na panahon, mawawalan si Wanda ng dalawa pang tagapagluto sa *Bible school* sina Mek [MEK] at Joel.

Nang matapos ang *Nazarene Hospital*, Kudjip [1967], naging kasiya-siyang ministryo kay Wanda ang pagbisita sa ospital. Madalas siyang bumisita sa ospital at nagkaroon ng maraming kaibigan. Napamahal siya sa mga pasyente sa pamamagitan ng pagdadala sa kanila ng pagkain o ilang maliit na regalo; si “Miss Wanda” ay minahal ng lahat. Sa pagdaan niya sa mga *ward*, humihinto siya sa bawat kama upang ipanalangin ang pasyente at ang kanilang pamilya. Kadalasan, kakargahin niya ang isang sanggol habang siya ay bumibisita sa mga ward. Naaalala ni Carolyn (Parson) Hannay,⁴ isa sa mga misyonerong nars na naglingkod sa ospital na palaging masaya kapag si Wanda ay bumibisita. Ayon kay Carolyn, “Bago pa namin siya makita, maririnig na namin ang mga tawanan at makakakita ng maraming taong nakapaligid at iyon pala ay si Wanda; maririnig namin ang kanyang nakakahawang halakhak. Tinatawag siya ng lahat at bawat isa ay nais siyang pumunta at maupo sa kama at makinig sa mga kuwento ng pasyente tungkol sa kanilang pamilya o nayon. Nakikinig siya, tumatawa, nananalangin, at tahimik na magpapatuloy patungo sa ibang pasyente. Nagministryo siya sa bawat isa sa mga ward habang nakatuon ang kanilang mga mata sa kanyang pag-iikot.”⁵

Bagaman nasiyahan si Wanda sa lahat ng kanyang mga pagtuturo, ang kanyang karanasan sa *Bible College* ang nagbigay ng sukdulang kasiyahan at labis na kagalakan. Sa isang liham, kanyang sinabi: “Hindi pa ako nakadama ng ganitong kagalakan, kapayapaan at kasiyahan. Binigyan ako ng Panginoon ng dalawang bahagi nito at Siya ay aking pinupuri. Ang bawat araw sa *Bible College* ay isang kagalakan.”

“Ang siyam na milyang paglalakbay (14.5 kilometro) tuwing umaga papasok at pauwi tuwing hapon ay naging isang kagalakan din. Ang pag-sasama-sama ng lahat ng mga misyonero, ang aming mga gawaing pana-

⁴ Ang dating misyonerong si Carolyn (Parson) Hannay [HA–nay] at ang kanyang yumaong asawang si Jack, ay naglingkod bilang mga misyonero ng *Nazarene* sa PNG, Haiti, at Dominica. Pumanaw si Jack noong 2001. Noong 2011, pinakasalan ni Carolyn si Bruce Blowers, isang retiradong misyonero na naglingkod sa PNG.

⁵ Para sa update sa *Nazarene Hospital*, tingnan ang Tala ng Patnugot sa dulo ng kabanatang ito.

langinan, ang pakikisama sa mga mamamayan kahit paano ay nagbigay ng bagong kahulugan at kalakasan. Laking pasasalamat ko sa dagdag na kapakinabangang ito mula sa aking Ama. Nagbigay siya nang higit na pasanin ngunit higit na lalim ng kagalakan. Nakita mo, hindi ko lubos na maipaliwanag ang mga bagay na ito dito sa aking liham! Nababasa mo ba ang laman ng aking puso ko?”

Ang pagbibigay-daan sa Salita ng Diyos sa mga estudyante sa Bible school ay isang hamon at masayang pagkakataon para kay Wanda.



Si Wanda habang nagtuturo sa Bible College

Isang araw habang kanilang binabasa nang malakas ang isang bahagi ng Kasulatan, nakarinig ng iyak sa klase dahil sa pangungusap ng Kanyang salita. Sinabi ni Wanda, “Naku, kapag ang Diyos ay nangusap sa pama-magitan ng Kanyang Salita sa ganyang paraan, tunay na makahulugan iyan sa akin.” Isang araw naman habang kanilang tinatalakay sa klase ang ilang bahagi ng aklat ng Lucas, ayon kay Wanda, “Ang mga lalaki ay nag-tatanong ng lahat ng uri ng mga tanong (salamat sa mga komentaryong nabasa ko!) at tumagal kami ng 20 minuto pa. Sa bandang huli sinabi ko, ‘Huminto na muna tayo. Lampas na sa oras para sa susunod na klase.’ Isang estudyante (sa tingin ko ay magiging isang mahusay na pastor) ang nagsabi, ‘Sige, gutom na rin ako at nakakakita ako ng nilulutong masarap na pagkain, magtapos na agad tayo!’ Parang gusto ko siyang yakapin.”

May mga kabiguan at tagumpay. Sa isa sa mga liham kay Ginny, iniulat ni Wanda, “Nagkaroon kami ng isang mahirap na termino sa *Bible school* nitong huling kalahati ng taon. Tiyak na nakikipaglaban ang kaaway, ngunit kami ay nagtagumpay kaya hindi kami nasiraan ng loob. Habang ako ay nagtuturo dito, mas lalo ko itong nagugustuhan at mas lalo akong natututo kaysa sa mga estudyante. Ibinuhos ng Diyos ang Kanyang mga pagpapala sa akin. Sa mga iba’t ibang paghihirap, nakadama ako ng kalungkutan para kina Geron at Janie (nasa paaralan sila; tila napakalaki at walang laman ang aming bahay). Napakabigat ng iskedyul sa trabaho ngunit kaaya-aya. Hindi ba Siya ay mabuti?!”

Ang isang paraan ni Satanas upang panghinaan ng loob ang mga estudyante sa *Bible school* ay ang impluwensya ng mga lahi ng angkan sa kanilang buhay. Hindi maaari ang pagkakanya-kanya. Ang lahi ang pinakamahalaga sa lahat. Ang lahat ng dapat gawin at sabihin ay para sa buong angkan. Pinahihirapan ang sinumang lilihis sa tuntuning ito. Sa tala ni Wanda sa isang pangyayari sa buhay ng isa sa kanyang estudyante, ipinakita kung paano tinulungan ng Panginoon ang kanyang estudyante na maninidgan para kay Cristo. Si Gandi [GAN-dee] ay umuwi upang magbakasyon at sa kanilang pagdiriwang, habang “nagkukuwentuhan” kasama ang mga lalaki, ilang minuto pagkalipas ng hatinggabi, biglang tumilaok ang tandang malapit sa bahay kung saan sila naroon. Lahat ng mga lalaki (maliban kay Gandi) ay nagmadaling lumabas ng bahay sapagkat alam nila na ang pagtilaok ng manok sa ganoong oras ng gabi ay dahil sa espiritung nagmumulto sa bahay. Hinuli ng mga lalaki ang tandang at ito ay pinatay upang payapain ang espiritung namatay mula sa mga ninuno. Ang pagkabigong gawin ito para sa kanilang paniniwala ay magdadala ng kamatayan sa isa sa kanila. Sinubukan ni Gandi na magpatotoo tungkol sa kanyang pananampalataya at kausapin sila tungkol dito ngunit hindi siya pinakinggan. Hinuli ang tandang, pinatay at niluto. Naniniwala silang kakainin ng isa pang espiritu ang espiritu ng tandang at iiwanan ang karne para sa isang piging. Hiniling nila kay Gandi na ipanalangin ang pagkain, ngunit siya ay tumanggi. Nakipagtalos sila sa kanya at sinabing kung hindi siya sasali ay baka may mamatay pa, ngunit tumanggi pa rin si Gandi. Hindi nagtagal pagkatapos nito, nagkasakit ang ina ni Gandi. Dinala siya sa ospital at idiniin ng tribo si Gandi dahil sa tingin nila si

Gandi ang responsable. Gayunpaman, nanatili ang kanyang pananampalataya at buong pusong nanalangin. Sinabayan din ito ng panalangin ng mga misyonero dahil alam nila na ginagamit ni Satanas ang mga gayong situwasyon upang sirain ang mga bagong mananampalataya. Nais ng tribo na magdala ng isang posinman [POH–sin–mahn]⁶ upang gumawa ng mahika sa ina ni Gandi na may sakit, ngunit muling tumanggi si Gandi, at sinabing, “Patuloy lang tayong manalangin. Tutulungan siya ng Diyos.” Pinarangalan ng Diyos ang pananampalataya ni Gandi at gumaling ang kanyang ina at nakabalik sa kanyang nayon. Maligayang bumalik si Gandi sa *Bible school*. Hindi iyon ang kanyang huling pagsubok subalit nanatiling matatag ang kanyang pananampalataya.

Tala ng Patnugot: Gandi

Ang batang si Gandi Dama [DAH–mah] ay nagpatuloy sa kanyang paglakad kasama ang Panginoon at sa kanyang pag-aaral upang maging handa sa ministryo. Siya ay inordinahan at kalaunan ay naging unang *District Superintendent* ng Chimbu-Eastern Highlands District na sumasaklaw sa dalawang lalawigan sa silangan ng Kudjip. Lampas na siya sa edad ng pagreretiro, ngunit siya at ang kanyang asawa ay patuloy pa ring naglilingkod sa Wahgi Valley Church of the Nazarene sa Banz,” Jiwaka Province.

Tunay na puno ng kaganapan ang buhay sa *mission field*. Nabalot ng mga hiyawan ang katahimikan ng istasyon ng misyon isang tahimik at mapayapang hapon dahil sa isang labanan na nangyari. Habang nagmamaneho si Wanda pabalik mula sa isang serbisyo kasama ang mga estudyante sa mataas na paaralan ng Mount Hagen, napansin niya ang isang kaguluhan malapit sa paliparan na kanyang nadaanan. Tiningnan niya kung ano ang nangyayari. Sina Marjorie Merritts at Shirley Howes [HOWZ], misyonerong guro at nars ay dumating, tumakbo at sumigaw at sinabing, “Pinadala kami sa bahay mo [nasa gitna ng istasyon] upang ikaw ay bigyan ng proteksyon!” Nagkaroon ng komprontasyon ang tribong Wabag mula sa Southern Highlands at ang lokal na tribong Kuma. Sumiklab ang labanan at sila ay nagpalitan ng mga lumilipad na palaso at sibat. Halos tatlong oras silang naglabanan; anim o pitong biktima ang dinala

⁶ Ang posinman ay isang mangkukulam.

sa ospital. Ang mga mandirigma ay malubhang nasugatan at nabugbog (naghagisan din sila ng malalaking bato), ngunit wala namang namatay. Napamangha si Wanda, “Sa totoo lang, hindi pa ako nakakapanood ng away nang malapitan; nakatawag ito ng aking pansin.” Iniisip niya kung ganito ang labanan sa digmaan noong panahon ng Lumang Tipan.

Tala ng Patnugot: Paglalabanan ng mga tribo

Taliwas sa mga inaasahan at panalangin ng mga naunang misyonero, nagpapatuloy pa rin ang labanan ng tribo sa buong PNG.⁷ Kadalasan ito ay isang angkan o isang pamilya laban sa isa pa, o kahit na mga paksyon sa loob mismo ng pamilya. Karaniwan ang pag-away ay isa sa apat na mga usaping ito: lupa, mga babae, mga baboy o pera, at kadalasan ay ilang kumbinasyon ng mga ito. Minsan nagsisimula sa isang away sa pagitan ng mga grupo ng mga kabataang lalaki kapag sila ay nag-iinuman. Kadalasang pinipigilan ito ng mga matatandang lalaki—ayaw nila na palakihin pa ang mga “mali-liit” na usapin. May mga pagkakataon na maingat na pinaplano ang labanan, at malupit at sinasadya ang pag-atake. Noong panahon ni Wanda sa PNG, karamihan na ginagamit sa pakikipaglaban ay mga busog at palaso, kutsilyong pang gubat, palakol, at mga bato. Ngayon, bihira nang ginagamit ang mga busog at palaso at idinagdag na ang mga baril. Labag sa batas ang mga baril sa PNG, kakaunti at mahal ang mga bala kaya hindi ito ginagamit ng mga tribo maliban kung kinakailangan. Hindi rin sila nag-aaksaya ng bala sa pagsasanay kaya madalas nagmimintis ang kanilang mga target dahil kulang sa pagsasanay. Dahil dito kaunti lang ang mga pinsala. May mga baril na gawang bahay mula sa magaspang na kahoy, isang piraso ng tubo, pulbura, at mga bato o mga pinagwalisang dumi mula sa mga sahig ng pagawaan upang gawing bala. Hindi nakapagtataka, nagdudulot ang mga ito ng pinsala at malalang sugat.

Magiging mas madalas at matindi ang labanan kung hindi dahil sa mga Kristiyano sa komunidad. Maraming pagkakataon na kanilang pinanindigan na hindi sila sang-ayon sa pakikipaglaban. Ipinapa-

⁷ Ang “pakikipaglaban ng tribo” ay hindi karaniwang nangangahulugan na ang isang buong tribo ay nakikipaglaban sa isa pang buong tribo. Ang termino ay ginagamit lang para sa anumang organisadong labanan sa pagitan ng dalawang tinukoy na grupo.

hayag ng ating mga pastor ang mensahe ng kapayapaan, kabaitan, at pagpapatawad. Kung may anumang pag-asa na wakasan ang karanasan ng mga tribo, ito ay ang mensahe ng kaligtasan na makarating nang malalim sa mga puso ng mas maraming tao.

Ang mga taong 1960 hanggang 1975 para kay Wanda ay punung-puno ng mayabong at kasiya-siyang ministeryo. Mula sa *altar* ng maliit na simbahan na bunga ng misyon hanggang sa pag-aaral sa kolehiyong pang Kristiyano, hanggang sa *parsonage*, sa mababato at baku-bakong lupain ng Papua New Guinea, sinunod niya ang pangunguna ng kanyang makalan- git na Gabay. Sa kanyang lakbayin, nakaranas siya ng pagkabigo, dalam- hati, kalungkutan, at pighati, ngunit naranasan din niya ang lubos na ka- siyahan, kapayapaan, at malalim na kagalakan. Sa isang liham na kanyang isinulat, ilang sandali pagkatapos ng kanyang pagbabalik mula sa furlough noong 1972, pinagbulay-bulayan niya ang mga damdaming iyon. “Paano ko ba maaaring ilarawan ang aking nararamdaman ngayon? Nakaupo ako sa aking opisina, nakatingin sa mga bundok, pinapanood ang mga taong dumadaan sa kalsada. Katatapos ko lang gawin ang aking aralin para sa *New Testament Survey* upang ituro bukas sa *Bible school*; umaapaw ang aking puso. Hindi pa ako nagkaroon ng ganitong pasanin para sa mga tao dito kahit sa simula pa lang. Tila may patuloy na ‘kirot’ sa aking kaibuturan na patuloy kong idinadalangin, ‘O Diyos, imulat mo ang kanilang mga mata, ipakita mo sa kanila ang katotohanan ng Iyong Salita; gawin silang matatalinong tagapagbantay, magigiliw na pastol, masasayang mga Kris- tiyano.’ Gayunman, kasama ng pasanin at pighating ito, may kasiyahan at kapayapaang mas malalim kaysa sa natamo ko noon. Ang patuloy na dumadaloy na kagalakan ay tunay na umaagos nang malalim na hindi ko maarok minsan. Kahit paano, mayroon akong kakaibang nadarama na ito ay isang simula ng pag-asa na sinasabing hinog na para sa pagbabalik ng ating Hari.” Malapit nang baguhin ng Diyos ang direksyon ng buhay at ministeryo ni Wanda, ngunit gaya nang dati, kung saan Siya manguna, susunod si Wanda.

Tala ng Patnugot: Mga Kaganapan sa *Nazarene Hospital*

Mula nang unang naisip ng mga tagapamuno ng simbahan ang

gawaing misyonero sa New Guinea, ang posibilidad ng pagkakaroon ng isang ospital ay naging bahagi na ng mga talakayan.⁸ Kinilala ng mga Knox ang pangangailangang iyon at kanilang tinugon sa abot ng kanilang makakaya nang walang anumang pormal na pagsasanay tulad ng pagbibigay ng pangunang lunas, pati na ang bali-balita na sila ay nagbibigay ng mga iniksyon ng *penicillin*.

Ang unang pangangalagang pangkalusugan mula sa isang sinan-ay na propesyonal ay nagsimula sa pagdating ni Mary Alice Conder noong 1958. Isa siyang Rehistradong Nars at kumuha ng karagdagang pagsasanay upang maghandang magbigay ng serbisyo sa mga malalayo at liblib na lugar. May karanasan siya bilang misyonero bago tumungo sa New Guinea; naglingkod siya sa Haiti. Isang maliit na gusali ang itinayo upang magsilbing pansamantalang pagamutan, dalawa lamang na “*ward*” at tradisyonal na mahabang istilo ng mga gusali para sa mga pasyente na kailangang gamutin at manatili sa buong magdamag. Binago ang klinika sa kalaunan at ginawang lugar para sa mga nars at pinangalanang “Bahay ni Margaret Bromley.” Noong 2017, ito ay giniba. Giniba ang mga lumang ward nang maitayo ang ospital at isang palaruan ng *basketball* ang ipinalit.

Noong 1961 nagkasakit si Mary Alice at kailangang bumalik sa Amerika. Dumating si Margaret Robson mula sa Australya at pumalit sa kanya. Hindi nagtagal, dumating si Helen Bolerjack at noong 1963 pinakasalan ni Margaret ang misyonerong si Will Bromley. Nagtrabaho sila sa Jimi [JI-mee] Valley, isang malayong rehiyon sa hilaga ng Kudjip. Nagpatuloy si Helen para sa mga *emergency* at mga “pangkaraniwang” karamdaman. Nagkaroon ng mga klinika sa mga karatig na nayon para sa pangangalaga at pag-iwas sa mga karamdaman, at pagbabakuna sa mga bata. Ang mga klinikang ito ay nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan sa halos 20 nayon.

Noong unang bahagi ng 1960s, kinuha ng *Nazarene World Mission Society* (ngayon ay *Nazarene Missions International*) ang bisyon para sa isang ospital sa New Guinea upang maging proyekto at maging pokus ng pagdiriwang ng ika-50 anibersaryo. Napagkasunduan na palalakihin ang pondo para sa ospital kaya sa *General Convention* ng

⁸ Reference—Parker, J. Fred. *Mission to the World—A History of Missions in the Church of the Nazarene Through 1985*. Kansas City: Nazarene Publishing House, 1988. p. 608.

NWMS sa Portland, Oregon noong 1964 isang higanteng tseke ang ipinagkaloob kay Louise Robinson Chapman upang masimulan ang pagpapatayo ng ospital.⁹ Sinimulang ipatayo noong 1965 ang ospital at ito ay binuksan noong 1967. Si Dr. Dudley Powers, DDS, MD (pareho siyang dentista at doktor) ang naging unang doktor. Ang mga unang nars ay sina Helen Bolerjack, Virginia Stimer [STIE-muhr] (mula rin sa Amerika) at Bente [BEN-tee] Carlson, mula sa Denmark. Nang maglaon, pagkamatay ni Will Bromley, sinamahan sila ni Margaret Bromley.

Ang pag-eebanghelyo at pagtanim ng simbahan ay palaging nasa puso ng *Nazarene Hospital*¹⁰ kaya itinatag ang ministeryo ng *chaplaincy* nang mga unang araw. Sa kasalukuyan, may dalawang chaplain na nag-uukol ng kanilang buong panahon. Pareho silang *Nazarene elder*, at tatlong *part-time* na *chaplain*, isang pastor at dalawang *laywomen*. Bumibisita ang mga *chaplain* sa bawat pasyente araw-araw, nananalangin, nagbabahagi ng banal na kasulatan, nagtatanong tungkol sa kaligtasan ng pasyente at mga miyembro ng pamilya, at umaakay upang magkaroon ng kaligtasan sa pamamagitan ni Cristo. Daan-daang tao ang naliligtas doon bawat taon. Nalaman din ng mga chaplain na walang simbhang naniniwala sa Biblia sa mga nayon kung saan naninirahan ang mga pasyente, kaya gumawa sila ng mga hakbang upang makapagtanim ng mga simbahan ng *Nazarene*. Sa mga nakaraang taon, pinangasiwaan ni Rev. Moses Munda [MUHN-dah], *Head Chaplain* ang anim o pitong lugar para sa pangangaral ng salita ng Diyos. Siya mismo ang pumupunta, o kaya ay isang misyonero, o magpapadala ng isang estudyante ng *nursing*, o kaya naman ay estudyante ng *Bible College* upang mangaral. Ang mga kawani ng ospital ay nakapagtanim ng humigit-kumulang 30 mga simbahan na organisado na ngayon. Ang mga serbisyo ng ospital ay lalong lumaki at lumawak sa paglipas ng mga taon. Sampung doktor ang naging medikal na kawani sa mga nakaraang taon. Sa kasalukuyan, may mga ilang doktor na ng *Family Medicine*, dalawang pedyatrisyan (na may napakalawak na mga kasanayang medikal at nagagamot sa mga matatanda

⁹ Ang kaloob para sa ika-50 anibersaryo na binanggit dito ay umabot ng \$150,000.

¹⁰ Ang opisyal na pangalan ng ospital ay pinalitan noong 2017 ng "*Nazarene General Hospital*, Jiwaka" [ji-WAH-kah]. "Jiwaka" ang tawag sa lalawigan kung saan ito matatagpuan.

at mga bata), dalawang *general surgeons*, dalawang *missionary surgeons* at mga boluntaryo na bumibisita upang mag-alay ng kanilang mga serbisyo. Ang mga sinanay na nars na anestesista (lahat ay mga taga Papua New Guinea) ang nagbibigay ng anestesiya. Mayroon ding mga serbisyo para sa *laparoscopic surgery* mula noong Nobyembre 2016. Sa kasalukuyan, dalawa sa mga doktor ay taga Papua New Guinea. Bukod pa rito, ang ospital ay nagbibigay ng medikal na edukasyon, pagtuturo sa mga medikal na estudyante mula sa Unibersidad ng Papua New Guinea at iba pang mga doktor ng PNG na nasa espesyal na pagsasanay.

Ang mga pisikal na pasilidad ay kapansin-pansing nagbago sa paglipas ng mga taon. Ang pasilidad na may 100 na kama na binukusan noong 1967 ay gawa sa mga dingding at kahoy. Dumami ang mga ito sa loob ng 30 o 35 taon, ngunit pagpasok ng ikadalawampu't isang siglo, nagsimula nang maluma at masira ang mga istraktura at pasilidad. Pati ang espasyo ay hindi na sapat. Ang espasyo para sa parmasya, silid para sa operasyon, at silid para sa *emergency* ay lampas na sa kapasidad. Noong 2007, nagbigay ng tulong ang guberno ng Australya kaya nakapagpagawa ng isang bagong gusali. Binukusan ito noong 2009. May apat na bagong *ward* at lahat ay gawa sa kongkreto ng bakal pati ang bubong at kisame. Kung ikukumpara sa lumang gusali, mas lalong lumiwanag ang mga bagong bintana dahil sa malaking espasyo. Isang gusaling pang-*outpatient*, silid para sa operasyon, at gusali para sa mga supply at pangangailangan, pati na rin ang isang gusali para sa *emergency*, *orthopedics* at *X-ray* ang idinagdag. Ang iba't ibang mga pondo ay ginamit upang magkaroon ng isang bagong parmasya at isa pang karagdagang silid para sa operasyon.

Nang sumapit ang 2015 naging kapos pa rin sa espasyo ang bagong ospital. Ang mga ipinagkaloob na tulong pinansyal mula sa *Australia Aid*, *USAID*, at *Asia Bank* ay pinagsama-sama upang lalong mapabuti at mapaganda ang mga imprastraktura. Una, nagkaroon ang ospital ng isang bagong *hydroelectric system* na sinundan ng isang bagong *water system*. Karamihan sa pabahay ng mga tauhan na naitayo kasabay ng orihinal na ospital ay nag-umpisa na ring masira at dahil sa mga bagong proyekto, nagkaroon ng pabahay para sa mga

tauhan ng ospital. Walang mga bahay na mabibili o mga *apartment* na mauupahan, kaya ang pabahay ay dapat ibigay ng ospital. Marami sa mga tauhan, maging ang mga may hawak ng matataas na posisyon, ay nabubuhay sa napakahirap na kalagayan. Ang kanilang mga dedikasyon ang naging patotoo na patuloy silang nagtatrabaho nang walang reklamo. Sa kalaunan, mahigit 50 bagong kabahayan ang naitayo. Ang plano ay makapagpatayo sa lugar ng dalawa hanggang tatlong bagong bahay bawat taon upang mapalitan ang mga lumang mga tirahan at magkaroon ng pabahay ang dumadaming mga tauhan ng ospital.

Nang naayos na ang pabahay ng mga tauhan, itinuon naman ang pansin sa mga pangunahing gusali ng ospital. Binago at pinalaki ang klinika ng *outpatient* at mga *emergency room* nang humigit-kumulang 50% at isang bagong *business office* ang idinagdag. Isang bagong bodega para sa imbakan ng mga medikal na *supply* ang itinayo at ngayon ay ginagamit na.

Binago ang modelo ng kasalukuyang *business office* at pinalaki upang maging isang bagong *surgical outpatient clinic* at nagkaroon ng mga karagdagang *business office* para sa mga *chaplain*. Kasalukuyang ginagawa ang isang bagong botika, bagong laboratoryo, bagong *business office*, at isang bagong morge pati na rin isang bagong gusali ng administrasyon. Kapag kumpleto na ang bagong gusali ng administrasyon, magsisimula ang trabaho sa pag-remodel ng lumang gusali upang maging bagong *dental clinic*.¹¹

Sa panahong ito, nagdagdag ang *Nazarene College of Nursing* ng bagong gusali para sa mga silid-aralan, bagong aklatan, at mga bagong dormitoryo. Napag-usapan din na isang malaking *multi-purpose building* ang paghahatian ng ospital at ng *College of Nursing*. Ang nasabing pasilidad ay magsisilbi bilang isang malaking lugar ng pagpupulong, isang *gymnasium*, at isang *cafeteria* para sa mga mag-aaral ng *nursing*.

Ilang taon na ang nakararaan, hiniling ng gubyrerno sa *Nazarene Hospital* na maging *provincial hospital* ng bagong tatag na Lalawigan ng Jiwaka batay sa isang kontrata. Kaya noong 2017, isang kasunduan

¹¹ Isang *dental clinic* ang itinayo ilang taon na ang nakalipas sa bahagi ng orihinal na *outpatient clinic* at ngayon ay may isa ng staff na Papua New Guinean na dentista.

ang ginawa kung saan ang *Church of the Nazarene* ay pananatilihin ang matatag na kontrol sa ospital at gagampanan ang tungkulin bilang isang *provincial hospital*. Hindi nililimitahan ng gubyrerno ang espirituwal na ministeryo ng ospital sa anumang paraan.

Nagsilbi si Dr. Scott Dooley bilang Administrador ng *Nazarene Health Ministries* mula 2012-2019. Kamakailan ay kanyang sinulat, “Ang misyon ng *Church of the Nazarene* ay gumawa ng mga alagad na kawangis ni Cristo. Ang misyon ng *Nazarene Health Ministries* ay ‘gumawa ng mga alagad na kawangis ni Cristo sa pamamagitan ng mahusay na pangangalaga sa kalusugan, edukasyon, pag-iwas sa pagkakasakit, at pagbabago ng komunidad.’ Ang pokus na ito ay nakikita sa bawat aspeto ng gawain.

Sa isang hindi pinangalanang *survey* noong 2016, 100% ng mga manggagawa—mga tagapaglinis, tagapanatili, namumuno sa seguridad, mga nars, doktor, administrador—bawat isang tao ay nagsabing itinuring nila ang kanilang trabaho bilang isang ministeryo. Sa isang bansang may napakalimitadong pangangalagang pangkalusugan, dumarating ang mga tao mula sa iba’t ibang lugar dahil sa reputasyon ng ospital. Ito ang lugar na tunay na may malasakit sapagkat ang pangangalaga ay mula sa pag-ibig ni Jesus. Dahil dito, daan-daang tao ang lumalapit kay Cristo bawat taon.

“Tinitingnan muli ng mga *chaplain* ang kalagayan ng mga pasyente na humihiling ng pangangalagang espirituwal pagkatapos magpagamot sa ospital.


Nagtanim sila ng apat hanggang limang simbahan bawat taon. Kung titingnan mo ang mapa ng *Church of the Nazarene* sa PNG, ang Kudjip ang naging sentro ng paglago ng simbahan!”

Si Rev. Harmon Schmelzenbach IV ay nagsilbi bilang *Field Strategy Coordinator* para sa Melanesia at South Pacific Field mula 2009-2019. Nang siya ay tanungin tungkol sa tungkulin ng ospital sa ministeryo ng simbahan, kanyang isinulat, “Ang distrito ng Jiwaka South na nabuo sa palibot ng *Nazarene Hospital* sa Kudjip ay isa sa pinakamatagumpay na distrito ng *Nazarene* sa mundo. Bilang *Phase Three district status*,¹² nagkaroon ito ng tatlo pang matatagumpay na distrito

¹² Ang “*Phase Three Regular District*” ay may sapat na bilang ng mga organisadong simbahan, mga inordinahan na ministro, at mga miyembro; 100% na kayang suportahan ang distrito, at naki-

na nakatayo sa sarili at patuloy na lumalago. Napakaraming karan-
galan ang dapat ibigay sa hindi maikakailang epekto at patotoo ng
Nazarene Hospital”

Maliwanag ang kinabukasan ng ospital dahil patuloy nitong in-
aakay ang mga nawawalang kaluluwa patungo kay Jesus na papawi
ng kanilang mga pasakit at pagdurusa, at patuloy pang magpapala-
go sa simbahan.



PUNO NG MASASAYANG USAPAN at kasayahan ang silid. Iba't ibang pagkain ang nasa mesa at ang mga batang anak ng mga misyonero ay nakaupong nakakrus ang mga paa sa sahig; nagkakatuwaan at naglalaro. Inaalam naman ng kanilang mga magulang ang pinakahuling balita mula sa Estados Unidos na ibinabahagi ng mga bumalik na misyonerong sina Lee at Carol Anne Eby [EE-bee] kasama ang kanilang apat na anak mula sa *furlough*. Si Wanda na kadalasang pinangungunahan ang gayong mga diskusyon ay nakaupo sa gilid at tila malalim ang iniisip. Sa gitna ng masikip na silid, nakikipag-usap siya sa Panginoon.

Mula Marso may mga panahong dinadalaw siya ng kawalan ng katiyakan. Sa mga sumunod na buwan, hiniling niya sa Panginoon na ipaalam sa kanya nang maaga, kung maaari, na hindi na siya babalik sa New Guinea. Ito ay upang tapusin ang mga dapat tapusin at makita ng kanyang mga kasamahan na nakumpleto niya ang kanyang trabaho. Sa mainit na gabi ng Agostong ito, ipinaalam ito ng Diyos sa kanya. “Nang gabing ipinagdiriwang ang pagbabalik ng mga Eby, batid ko na hindi na ako babalik dito. Kasinglinaw ito noong ako ay pabalik sa New Guinea. Naging isang maluwalhating panahon ito ng paglilingkod.”

Gaya ni Abraham, nagsimulang maghanda si Wanda sa pag-alis bagaman hindi niya alam ang kanyang patutunguhan. Ang alam lang niya na kapag sinabi ng Panginoon, “Humayo ka,” siya ay susunod. Ibinahagi niya ang kanyang damdamin sa isang liham kay Ginny Griffin. “Tilan

lang ang nakakaalam dito. Kahit si Wallace ay hindi alam. Alam kong darating sina Dr. Johnson at Dr. Lewis sa Pebrero at nadama kong dapat kong unang sabihin kay Dr. Johnson [Si Dr. Jerald Johnson ang *General Director* ng *World Missions* noong panahong iyon]. Binalak kong tanungin siya kung may mapapasukan ba akong trabaho sa *mission office* tulad ng *bookkeeping* o iba pa. Kung wala, balak kong subukan ang *Olivet* dahil mag-aaral doon si Janie.¹ Pagbalik ko mula sa Madang, naghihintay sa akin ang isang telegrama na nagsasabing ako ay nahalal na maging *executive director* ng *NWMS* sapagkat magreretiro na si Dr. Mary Scott, at kailangan ko silang tawagan kaagad. Nagulat ako; hindi ko alam ang aking sasabihin... noong una ay balak kong tumanggi dahil pakiramdam ko ay hindi pa rin sapat ang aking kaalaman para sa mga tulad nito. Ngunit habang ako ay nananalangin noong gaging iyon bago tumawag kinabukasan, nadama kong parang sinasabi ng Panginoon: ‘Hihingi ka ng trabaho kay Dr. Johnson; ibinigay ko sa iyo ang isang ito.’ Kaya ano ang magagawa ko? Nakaramdam ako ng takot, ngunit lubos akong namangha sa takdang panahon ng Diyos. Naging misyonero ako sa loob ng 20 taon at nawalan ng koneksyon sa mga aktibidad sa Estados Unidos, ngunit kung binigyan Niya ako ng trabaho, ipagkakaloob Niya ang lakas at karunungan na kinakailangan ko upang magawa ko ito – sa Kanyang paraan.”

Tala ng Patnugot: *NWMS* at lahat ng iba pang mga liham

Nagsimula ang *missions auxiliary organization* sa mga simbahan na kalaunan ay magsasama-sama upang mabuo ang *Church of the Nazarene*. Pormal na inorganisa noong 1915, ang pangalan ay nagbago ng maraming beses sa mga taon:²

1915 *Women's Missionary Society*

1928 *Woman's Foreign Missionary Society*

1952 *Nazarene Foreign Missionary Society*

1964 *Nazarene World Missionary Society*

1980 *Nazarene World Mission Society*

2001 *Nazarene Missions International*

Ang *NMI* ay mayroong Pangkalahatang Pangulo na inihahalal

¹ Ang *Olivet Nazarene University* ay isang *Nazarene liberal Arts University* sa Bourbonnais [BUHR–buh–nay], Illinois, USA.

² Para sa buong timeline ng pag-unlad ng *NMI* mula sa simula nito, sumangguni sa www.nazarene.org/nmi/history

ng Pangkalahatang Kombensiyon tuwing apat na taon, at isang Pandaigdigang Direktor na inihahalal ng *Board* ng mga *General Superintendent* at Pangkalahatang *Board* ng Simbahan.

Nang dumating si Dr. Johnson, tinanggap ni Wanda ang posisyon. Si Mary ay opisyal na magreretiro na ng Marso 1, 1975 ngunit handa siyang manatili hanggang sa dumating si Wanda at maisaayos ang lahat. Ang tanging “hadlang,” gaya ng ipinahayag ni Wanda, ay si Janie sapagkat magtatapos siya sa *high school* at hindi makakaalis hanggang pagkatapos ng Hunyo 20. Sa wakas, naayos na ang mga plano. Aalis si Wanda sa Kudjip sa kalagitnaan ng Marso, magtatagal ng ilang araw kasama si Janie sa Ukarumpa [ook-ah- RUHM-pah] kung saan siya nag-aral sa *high school*, magpapalipas ng ilang araw sa Australya at Canada, at pagkatapos ay dideretso sa Kansas City kung saan si Geron, nasa kolehiyo sa *MidAmerica*, at siya ay magkikita.³ Mayo 1 ang itinakdang petsa para sa kanya sa opisina. Hinikayat ni Dr. Lewis si Wanda na bisitahin siya at magbakasyon bago siya makarating sa Kansas City. Nang makapasok siya sa opisina, “para bang may pumipigil” bago siya makaalis muli. Tumugon si Wanda sa pamamagitan ng pagsabi ng, “Naku, marami akong dapat matutuhan. Ako ay nagagalak at nakatitiyak na ito ay nasa plano ng Diyos, o kaya ay mas lalo akong matatakot!”

Si Janie ay mananatili sa New Guinea upang makapagtapos at pagkatapos ay uuwi kasama ang isang pamilya at tatlo sa kanyang mga kaibigan sa paaralan. Upang tulungang gumaan ang kanyang kalooban sa hindi pagdalo ni Wanda sa kanyang pagtatapos sa *high school*, pinangakuan siya ng pagbisita sa *Disneyland* at gumawa ng mga plano na muli silang magsama noong Hunyo.

Nalaman ni Wanda na ang pag-alis pagkatapos ng 20 taon ay mas mahirap kaysa sa kanyang inaasahan. Ang mga taong nakilala niya sa loob ng maraming taon ay patuloy na dumarating upang magpaalam at bigyan siya ng mga manok at regalo tanda ng kanilang pagmamahal at kalungkutan sa kanyang pag-alis. Kinilala ni Wanda ang kanilang pagmamahal sa kanya sa pagsasabing, “napakabubuti nila at nadarama ko na kapag nanatili ka ng maraming taon sa isang lugar, nagiging bahagi na ito ng

³ *Mid-America Nazarene College* (Unibersidad na ngayon) sa Olathe [oh-LAY-thuh], Kansas, USA.

buhay mo.”

Naging abala si Wanda sa pag-iimpake at paghahanda kaya hindi niya alam ang mga lihim na plano at sorpresa para sa kanyang pag-alis. Noong Marso 7, 1975, isinulat ni Carol Anne Eby ang ganito, “Tapos na ang serbisyo ng dalawampung taon, ngunit isang kapana-panabik na bagong karanasan ang naghihintay para kay Wanda. Nagawa namin! Nagawa namin! Pitumpung tao ang kasali, sinorpresa talaga namin siya. Napakagandang gabi.”

Pumasok si Wanda sa isang silid-aralan na naging paraiso ng Papua New Guinea. Si Janie, sakay ng eroplano, lumipad mula sa paaralan bilang isang espesyal na sorpresa, ay tumakbo upang yumakap sa kanyang ina. Natahimik ang silid habang ang lahat ay nasiyahan sa mga iba’t ibang nilutong pagkain na inihanda para sa napakaespesyal na gabing ito. Ang gabi ay napuno ng pagbabalik-tanaw at kalungkutan habang ang grupo ay nanonood ng mga palabas ng simula ng gawain sa Kudjip. Pinatawa ng mga anak ng misyonero ang mga magulang at matatanda sa isang *skit* na kunwari ay tinuturuan ni Wanda ang kanyang boi kuk [BOY KUHK]⁴ kung paano gumawa ng mga donut. Ito ay isang gabi ng kasiyahan, pagmamahalan, at pagsasama-sama sa “buklod ng pag-ibig.” Kinumpirma ito ni Wanda nang minsang tanungin siya kung bakit tila nagkakasundo ang mga misyonero ng *Nazarene* habang ang ibang mga kawani ng misyon ay tila nagkakaroon ng alitan. Sumagot si Wanda, “Dahil marami kaming *party*. Alam namin kung paano mahalin ang isa’t isa.”

Nanirahan si Wanda sa kanyang bagong kapaligiran at hinarap ang mga bagong hamon nang may hindi matitinag na espiritu na kanyang ipinakita tulad ng nakaraan. Sa buong taon, patuloy na bumibigat ang kanyang iskedyul. Ibinahagi niya ito sa isang liham sa kanyang kaibigang si Ginny, “Nagpulong ako ng 9:00 ng umaga, isa sa tanghalian, isa sa 1:00 ng hapon, isa sa 3:45 ng hapon, isa sa 7:00 ng gabi, at nakauwi ako ng halos 11:15 ng gabi. Nagsimula ang mga pulong ng 8:30 ng Sabado ng umaga, at nakauwi ako ng gabing iyon halos 10:30 ng gabi. Medyo pagod ako at marami pang hindi nagagawa. Walang mga palamuti para sa Pasko o anumang dekorasyon. Babalik yata ako sa New Guinea!” Hindi lamang naging abala ang iskedyul sa opisina; marami ring paglalakbay bilang bahagi ng kanyang bagong trabaho. Minsan sa kanyang ulat sinabi niya na

⁴ Ang boi kuk ay isang tagapagluto.

siya ay nagmaneho ng halos 1,300 milya (2,092 kilometro) sa wala pang isang araw at kalahati.

Bagaman madalas na pagod, alam ni Wanda kung saan siya kukuha ng lakas. Maraming beses, sumusulat siya ng mga katulad nito: “Hindi ako nagtrabaho ng dalawang araw sa opisina, ngunit sulit naman ito. Pakiramdam ko kailangan kong magpahinga. Nakaramdam ako ng muling kalakasan. Nadama ko ang lakas at tulong ng Diyos sa dalawang araw na ito.” Pagkatapos, ang lakas ng loob na ito ay mag-uumapaw sa kanyang trabaho. Kanyang isinulat, “Naging maganda ang pagpupulong ... may malayang espiritu ng pagkakaisa, pag-ibig.. maraming trabaho ang natapos—sama-samang panalangin at pag-aayuno – lahat-lahat, ako ay nalulugod.”

Dahil sa pagiging bukas at pagiging direkta ni Wanda, may mga pagkakataon kung minsan na nagkakaroon ng gusot at hindi pagkakaunawaan sa mga interpersonal na relasyon. Ipinaglaban ni Wanda ang mga prinsipyo at kung sa tingin niyang siya ay tama, ang kanyang determinasyon ang mananaig. Minsan ay nagdudulot iyon ng kalungkutan sa kanyang damdamin na siya lang ang nakakaalam. Isang araw, sa isang pulong ng *General NWMS Council*, nagdahilan siya at tinawagan ang kanyang mahal na kaibigan, si Kathy Butts [BUHTS] upang salubungin siya sa *parking lot*.⁵ Sa sasakyan, sinabihan niya si Kathy na magmaneho lang habang ibinubuhos niya ang kanyang pagkadismaya habang tumatakbo ang kanilang sasakyan ng ilang milya. Nang siya ay mahimasmasan, pinunasan niya ang kanyang mga mata, bumalik sila ni Kathy sa *Headquarters* sa pulong ng konseho at walang nakaalam kung ano ang nangyari. Kapag ang mga tao ay hindi sumasang-ayon kay Wanda, maingat niyang sinisiyasat ang sarili sa tulong ng Banal na Espiritu upang makita kung mayroon siyang mga pagkukulang na nagdulot ng negatibong impluwensya sa sitwasyon. Sa gayong uri ng pag-uugali, maiiba ang mga sitwasyon at kadalasan ay sumusulat si Wanda ng mga positibong salita tulad nito: “Maganda ang mga araw na ito. Hindi ko matandaan kung sinabi ko sa iyo ang mga ito sa telepono nang kausap kita...Pagkatapos ay nagkaroon ng napakagandang kaugnayan...Nadarama kong naging bukas ang bawat isa at pinupuri ko Siya para dito. Dapat maging maganda ang pulong ng konseho

⁵ Ang yumaong si Kathy Butts ay nagsilbi bilang direktor ng administrasyon para sa *General Secretary's Office* sa *International Headquarters* (ngayon ay *Global Ministry Center*) sa loob ng 27 taon.

ngayong taon.”

Ang limang taon ni Wanda sa opisina ng *NWMS* ay nagkaroon ng mga kapansin-pansing tagumpay, ngunit hindi siya naghahanap ng papuri. Gaya ng sinabi niya sa kanyang unang ulat, “Inaasahan ko ang darating na taon na ito nang may pag-asa at gagawin ko ang lahat upang magampanan ang mga responsibilidad na ibinigay sa akin. Nais kong kausapin ang aking Ama nang madalas tungkol dito sapagkat ang Kanyang ‘Magaling’ ang hayagan kong inaasam” Sinimulan niya ang susunod na apat na taon sa pangako mula sa Pahayag 3, sa paniniwalang ito ang mensahe ni Cristo sa *NWMS*: “Alam kong kaunti lamang ang iyong kakayahan ngunit sinunod mo ang aking salita, at naging tapat ka sa akin. Kaya’t binuksan ko para sa iyo ang isang pinto na hindi maisasara ninuman” (talata 8). Ang kanyang pangako sa Pangkalahatang *Board* at mga *general superintendent* ay, “Magiging maganda ang papasukin natin ngayong apat na taon - para sa Kanya, kasama kayo.”

**Kaya’t binuksan ko
para sa iyo ang
isang pinto na hindi
maisasara ninuman**

Sa pagtatapos ng unang taon, ang lahat ng mga istatistika ay tumaas at sa sumunod naman na apat na taon, napataas ni Wanda ang antas ng pananalapi sa departamento ng *NWMS*.

Pinagtuunan ni Wanda ang interes ng mga bata para sa mga misyon at sinubukan niya ang ilang malikhaing paraan sa pagbuo ng interes na iyon.

Sa lahat ng pagbibigay-diin sa *NWMS*, higit na tinutukan ni Wanda ang tungkol sa panalangin. Buo ang kanyang pagtitiwala na kapag ang panalangin at pag-aayuno ay binibigyang-diin, hinahangad, at nagiging pundasyon ng lahat ng iba pang pagbibigay-diin, makikita ng simbahan ang tagumpay na nais ng Diyos na makamit nito. Gaya ng sinabi niya sa kanyang ulat noong 1978 sa Pangkalahatang *Board*: “Nabasa ko sa isang lugar kamakailan na ang mahalagang gawain na nasa ating kamay ay iugnay ang materyal na mga kaloob ng Diyos sa materyal na mga panganailangan ng simbahan. Mayroon akong malalim at nag-aalab na pag-nanais na habang abala tayo sa ating gawain na iugnay ang materyal na

mga kaloob ng Diyos sa materyal na mga pangangailangan ng simbahan,' tayo rin ay magiging kasing taimtim at tapat sa pag-uugnay ng Kanyang espirituwal na kaloob sa espirituwal na mga pangangailangan ng simbahan." Noong 1979, bumoto ang Pangkalahatang Konseho o *General Council* na gawing espesyal na taon ng Panalangin, Pag-aayuno, at Pagkakait sa Sarili ang taon ng 1979-80; at noong 1980 sa ulat ni Wanda naipakita ang lumalagong diin sa panalangin. Maraming mga simbahan ang nagsimula o muling isinaayos ang mga grupo ng panalanginan at ang mga lokal at distritong *prayer retreat* ay masigasig na iniulat.

Ang Pebrero 23, 1980, ay isang mahalaga at hindi malilimutang araw para kay Wanda. Ito ay kanyang ipinaliwanag, "Nangusap sa akin ang Diyos—malinaw, gaya ng lagi niyang ginagawa sa nakaraan. Nadama ko ang parehong katiyakan sa kalooban na aking nadama nang nag-aral ako sa Bethany, nang ako ay ikinasal, nang pumunta sa New Guinea sa una at pangalawang pagkakataon, at nang bumalik mula sa New Guinea. Pinalaya niya ako sa mga responsibilidad ko dito sa *Headquarters*. Malinaw niyang sinabi sa akin ang isang bagay na dapat ko munang gawin. Nagawa ko na at Siya ang nanguna. Ngayon ay kailangan kong hintayin ang tamang panahon na Kanyang itinakda upang makipag-usap kina Dr. Johnson at Dr. Coulter. Kailangan ng magandang tiyempo."

Nang "sikuhin bilang paalala" muli ni Wanda si Dr. Johnson tungkol sa kanilang napag-usapan, hinimok ni Dr. Johnson si Wanda na manalangin pa nang kaunti at maghintay ng ilang linggo. Ginawa nga iyon ni Wanda, ngunit mas nakadama siya ng higit na panatag sa pangunguna ng Diyos; ibinahagi ito ni Wanda at ni Dr. Johnson sa mga general superintendent, pagkatapos ay sa Konseho ng *NWMS Council* at sa lahat. Nagsimulang maghanda si Wanda na pumasok sa kolehiyo pagkatapos ng Pangkalahatang Kumbensyon noong Hunyo upang tapusin ang kanyang *degree* bago pumunta sa iba't ibang lugar sa mundo bilang isang "*supply*" *missionary*.


Isang araw, tinanong siya ni Dr. Johnson kung gusto niyang pumunta sa Israel upang palitan sina Earl at Norma Morgan habang sila ay nasa *furlough*.⁶ Maaari siyang pumasok sa paaralan sa Israel. Matapos manalangin sa kanyang Ama sa Langit, nadama ni Wanda na siya ay nasa ta-

⁶Sina Earl at Norma Morgan ay nagretiro mula sa 33 taon ng paglilingkod bilang misyonero sa Italya, Lebanon, at Israel.

mang direksyon at sabik na nagplano. Pagkatapos ng *General Assembly* noong Hunyo kung saan opisyal niyang tatapusin ang kanyang trabaho sa opisina, lilipad siya sa Papua New Guinea para sa ika-25 anibersaryo ng pagbubukas ng gawain doon at pagkatapos ay tutungo siya sa Jerusalem.⁷ May tunay na kapayapaan, ipinahayag muli ni Wanda, “Saanman Niya ako dadalihin ay sapat na sa akin. Nais kong maging daluyan – isang sisidlan na maaari Niyang ilipat at gamitin sa anumang paraan na nais Niya.” At ngayon iniisip niya, lalakaran niya mismo ang mga daan at landas kung saan naglakad ang kanyang Panginoon. Kanyang nadama na ito ay isang natatanging kaloob mula sa Diyos na dapat niyang pahalagahan hanggang sa katapusan ng kanyang buhay.

Ang karagdagang benepisyo ng limang taon ni Wanda sa Kansas City ay ang pagkakataong mapalapit sa lugar kung nasaan ang kanyang mga anak. Nadama niya na nasa kalooban ng Diyos na magkaroon ng tahanan para sa kanila sa panahong ito. Mga taon na nasa hustong gulang na ang kanyang mga anak, pagsasaayos at pagpili ng tamang karera sa kanilang pag-aaral sa kolehiyo, paghahanap ng magiging kabiya sa kanilang buhay, pagiging matatag sa espirituwal na katayuan— ay mga bagay na mahirap paghandaan. Si Wanda ay palaging nananalig nang husto sa Panginoon upang gabayan ang kanyang mga anak. Tinanggap niyang mawalay sa kanila habang tinutupad niya ang gawain para sa Kanya; ngunit nais niyang maging malapit sa kanila sa mga taong ito, sapagkat higit sa lahat ng iba pa niyang mga nakamit at ginampanang gawain, mahalaga sa kanya ang pagiging ina.

⁷Noong 1975, ang Papua at New Guinea, mga teritoryong pinangangasiwaan ng Australya ay pinagsama upang bumuo ng malayang bansa na Papua New Guinea.



HABANG TINITINGNAN ANG MAKAPAL na gubat sa ibaba na tanaw mula sa eroplano at ang kasikipan ng mga kalye at modernong gusali sa hangganan ng baybayin, halo-halong emosyon ang naramdaman ni Wanda habang siya ay papalapit muli sa Papua New Guinea. Ang *jet* ay nagmaniobra sa pagbaba nito at hindi nagtagal ay bumaba si Wanda at pumasok sa *terminal* ng paliparan. Ibang-iba ang pagdating na ito sa mga nauna. Sa pagkakataong ito siya ay nag-iisa, walang asawa at walang anak, at sa pagkakataong ito, hindi siya magsisimula ng termino bilang misyonero; dumaan siya rito patungo sa Israel bilang misyonero doon. Mayroon siyang sampung araw upang muling balikan ang mga dating pagkakaibigan, ipagdiwang ang ika-25 anibersaryo ng gawain ng *Nazarene* sa Papua New Guinea, at makigalak sa mga nagawa para sa Diyos at sa Kanyang kaharian. Ang mga anibersaryo ay salamin ng mga simula. Ang sumunod na sampung araw ay magiging puno ng papuri para kay Wanda habang tinitingnan niya kung paano lumago ang simbahan sa lupaing ito na naging “tahanan” sa isang espesyal na paraan para sa kanya.

Habang palipat-lipat si Wanda noong mga araw na iyon, nagbalik sa kanya ang mga alaala. Sa napakaespesyal na okasyong ito ng ika-25 anibersaryo, binuksan ang bagong *district center* sa Kiam [KEE-ahm]. Habang nakaupo si Wanda sa serbisyo, isinulat niya ang mga alaalang iyon. Naalala niya noong wala pa silang kaibigang Kristiyano ni Sid na taga Papua New Guinea para sa kanilang sama-samang pagtitipon. Ngay-

on, daan-daan (halos isang libo) ang nagtipon, umaawit ng papuri sa Diyos. Nagalak siya sa maraming pastor kasama ang kanilang mga pamilya na naroroon na kanyang tinuruan sa elementarya.

Naalala niya na kahit isang simpleng himig noon ay mahirap sundin ng mga tao. Ngayon, narito ang isang koro na umaawit ng apat na bahagi ng nota ng musika! Naalala niya noong kailangang gawin ng mga misyonero ang lahat. Ngayon, narito ang isang *district superintendent* mula sa Papua New Guinea na humahawak nang napakahusay sa mga serbisyo, mga Kristiyano mula sa iba't ibang panig ng bansa na nangunguna sa pag-awit at pagtugtog ng mga gitara, nananalangin at nag-oorganisa ng mga serbisyo. Siya ay namangha at napabulalas, “Ang ganda! Naalala ko noon na kahit sa mga Kristiyano, ang pagsunod kay Cristo ay tila ‘iba pa rin sa kanilang pandinig at paningin,’ ngunit ngayon ay nadarama ko nang mas malalim ang espiritu at pagkauhaw pa para sa higit na Espiritu ng Diyos sa mga nakausap ko. Nakita ko ang paglaki ng mga puno na nagpabago sa tanawin at nadama ko ang paglago ng espiritu na nagpabatid sa akin na ang simbahan ay nagbabago rin - sa mabuting paraan. ...Wala akong magagawa kundi magbigay ng papuri na ako ay Kanyang pinayagang maging bahagi ng simula ng gawain dito – at makibahagi sa pagdiriwang na ito ng ika-25 taon ng gawain ng Panginoon sa Papua New Guinea.”

Tala ng Patnugot: Ang Simbahan sa PNG Pagkatapos ng 60 taon

Nang bumisita si Wanda sa PNG para sa ika-25 anibersaryo ng gawain doon, lumago ang simbahan nang kapansin-pansin mula nang itinatag ito noong 1956.¹ Napansin ni Wanda ang pagkakaiba mula noong panahong walang mga Kristiyano na taga Papua New Guinea at wala ring mga iglesia. Sa oras na iyon, kasama niyang sumasamba ang halos 1,000 katao.

Nabigyan ako ng pribilehiyo na makadalo sa ika-50 anibersaryo ng gawain sa PNG noong 2006.² Sa pagdiriwang na iyon, napakahirap matukoy kung gaano karami ang mga taong dumalo. Ang tantiya

¹ Sa panahon ng ika-25 Anibersaryo na ito, ang gawain ay lumago sa 50 simbahan (kapwa organisado at hindi pa organisado) sa apat na distrito na may lingguhang karaniwang dumadalo na 3,435.

² Sa panahon ng ika-50 Anibersaryo na ito, ang gawain ay lumago pa sa 496 na simbahan (kapwa organisado at hindi pa organisado) sa 12 distrito na may lingguhang karaniwang dumadalo na 20,653.

ay mahigit 25,000 ang dumalo sa ilang mga serbisyo. Tumagal ng isang buong lingo ang pagdiriwang na iyon. May mga mensahe mula sa mga retiradong misyonero at mga naunang tagapamuno ng simbahan.

Binanggit din ni Wanda na ang *district superintendent* na si Rev. Taime Dirye [ta-HEE—mah DIR-yah] mula sa Papua New Guinea ang siyang nanguna sa pagdiriwang. Naging una siyang *full-time chaplain* sa *Nazarene Hospital*. Bagaman tapos na ang kanyang termino, naglingkod siya bilang isang tagapamuno sa natitirang bahagi ng kanyang buhay. Madalas siyang sinasangguni ng mga tagapamuno ng simbahan sa mga mahahalagang desisyon. Nagkaroon siya ng pasanin na magtanim ng mga simbahan. Sa panahon na inaasahan na niyang magretiro, tinanong ko siya kung ano ang plano niyang gawin upang manatiling abala pagkatapos niyang magretiro. Walang pag-aalinlangang siya ay sumagot, “Magtanim ng mga simbahan!” Isang pribilehiyo para sa akin na masaksihan ang kanyang mga huling sandali sa lupa habang siya ay nakaratay sa kanyang higaan at napalaligiran ng apat na henerasyon ng pamilya at maraming kaibigan. Ang kanyang kamatayan ay lubhang kabaligtaran sa madalas kong nasaksihan sa PNG kung saan ang mga animistikong paniniwala ay lubos na nakakaimpluwensya pagdating sa kamatayan.

Ang *Church of the Nazarene* ay nasa Papua New Guinea na ngayon sa loob ng 63 taon! Kung nakikita ito ni Wanda ngayon, muli siyang magugulat at matutuwa na makita ang mga pagbabago.

Ang orihinal na distrito ay paulit-ulit na hinati upang makabuo ng limang distrito. Ang mga bagong distrito ay itinatag sa ibang bahagi ng PNG kung saan lumaganap ang simbahan, hindi dahil sa mga misyonero mula sa Kanluraning mga bansa, kundi ng mga pastor at ebangelista ng Papua New Guinea. Sa 2018 na istatistikal na taon, mayroong 13 distrito (at isa pang nakaplano sa loob ng isang taon), bawat isa ay may isang *district superintendent* na taga-Papua New Guinea. Mayroong 377 mga simbahan at 212 na *preaching points*. Sa isang karaniwang Linggo, 35,098 katao ang sumasamba sa mga simbahan. Mayroong 319 *elders*, 19 *deacons*, at 328 *licensed ministers*. Ang mga taga-Papua New Guinea ay nagpunta bilang mga misyonero sa tatlong

iba pang mga bansa. Ang buong *faculty* ng *Bible College* (tinatawag na ngayong “*Melanesia Nazarene Bible College*”) ay mga taga-Papua New Guinea maliban sa isa na isang misyonero mula sa Samoa. Ang ilan sa mga ito ay may mga *master’s degree*, at isang may *PhD* na malapit nang sumali sa kanila.

Bilang karagdagan sa *MNBC*, nagkaroon ng *Melanesia Nazarene Teacher’s College* at *Nazarene College of Nursing*. Mayroong dalawang *Nazarene high school* at maraming elementarya! Gaya ng nabanggit, naging sentro ng buhay ng simbahan ang ospital sa PNG sa paraang hindi maisip ng mga tao sa labas ng bansa. Patuloy nitong dinadala kay Cristo ang mga may pisikal at espirituwal na pangangailangan sa pamamagitan ng *Church of the Nazarene*.

Si Rev. Harmon Schmelzenbach IV ay nagsilbi bilang *Field Strategy Coordinator* ng *Melanesia/South Pacific Field* (na kinabibilangan ng PNG) mula 2009-2019. Kamakailan lamang ay isinulat niya, “Ang huling sampung taon ay nakakitaan ng kahanga-hangang paglago para sa *Church of the Nazarene* sa buong Papua New Guinea sa ilalim ng pambansang pamumuno. Ang pagpapalawak ng mga Institusyon at Distrito ng *Nazarene* ay nagbunga sa pagtatatag ng ika-13 at ngayon ay ika-14 na organisadong distrito at mahahalagang hakbang upang pag-isahin ang *Bible College*, *Teachers College* at *Nurses College* tungo sa katuparan ng bisyon para sa isang *Melanesian Nazarene University*.

Mabilis na natapos ang masasayang sampung araw sa Papua New Guinea. Sinabi ni Wanda sa kanyang talaarawan, “Hindi ko maitatago ang tunay kong naramdaman, ngunit ito ang pinakamagandang nangyari. Mabubuhay ako kasama ang alaalang iyon sa aking puso sa loob ng maraming taon. Nakakatuwang makita ang mga misyonero at iba pang mga kaibigan sa kabilang lambak. Isa pang espesyal na regalo mula sa Kanya – at ngayon sa Israel.”

Dumating si Wanda sa Tel Aviv noong Agosto 7, 1980, at sinalubong siya nina Merlin at Alice Hunter, mga misyonerong naglilingkod sa Nazareth, at Juanita Smith na kanyang naging kasama sa bahay at naging mahal na kaibigan. Isang boluntaryo si Juanita sa Israel mula noong 1977 at pagkatapos ay espesyal na itinalaga upang tulungan si Wanda sa panahon

ng pag-alis ng mga Morgan. Naranasan ni Wanda ang kanyang unang pagkain sa Israel sa Quickly's, isang maliit na *Jewish restaurant* na kanyang magiging paboritong lugar na may mga espesyal na luto tulad ng atay ng manok, tinapay na pita, at hummus.³

Mula sa pangunguna ng gawain sa Papua New Guinea hanggang sa pagpapastor sa isang lugar na pinupuntahan ng mga turista gaya ng Jerusalem ay hindi isang madaling pagbabago para kay Wanda. Mahirap din para sa isang babae na magkaroon ng ganitong uri ng responsibilidad at awtoridad sa isang napakalalaking lipunan. Sa simula, ang ilan sa mga tao roon ay nagkaroon ng problema sa ganitong sitwasyon, ngunit sa napakaikling panahon nakuha ni Wanda ang kanilang pagtitiwala at paggalang at siya ay labis nilang minahal. Hindi ito mangyayari kung hindi nanguna ang Diyos sa lahat ng pagkakataon.

Nais ni Wanda ang mga *Sunday school* sa mga nayon. Ang Biyernes ay ang malaking araw ng *Sunday school* sa ilang mga nayon, at dahil ito ay araw ng pahinga ng mga Muslim, ang ilan sa mga batang Muslim ay sumasama sa iba pang mga bata upang makinig ng mga kuwento sa Biblia. Si Wanda at Juanita ay palaging pumupunta nang mas maaga upang magkaroon ng oras sa pagbili ng mga sariwang gulay at prutas sa palengke. Bibili rin sila ng mga sariwang itlog at pumipili ng pinaka-mapintog na manok, maghihintay na ito ay patayin at bunutan ng mga balahibo ng mga nagtitinda.

Gustung-gusto rin ni Wanda ang mga serbisyo ng Sabado ng hapon (Arab at Armenian) sa Old City sa Mount Zion. Mahilig kumanta ang mga tao at ang isang paboritong koro na si Wanda ang umawit sa pidgin at itinuro sa Ingles ay, "*Have I Not Told You That if You Believe, You'll See the Glory of God.*" ("Hindi ba't Sinabi ko sa Iyo Na Kung Mananampalataya Ka, Makikita Mo ang Kaluwalhatian ng Diyos"). Kadalasan habang siya ay nagpapagal sa gawain, naaawa siya sa mga Morgan at sa iba pang mga misyonero na nagsumikap at nagpakahirap nang napakatagal para sa ka-kaunting bunga. Hindi madali ang gayong ministeryo, ngunit sa kabila ng mga paghihirap, nadama ni Wanda na pinagkalooban siya ng Diyos ng isang magandang taon sa maraming paraan.

Nakilala niya ang ilang mabubuting tao. Pahahalagahan niya ang pagkakaibigan kina Michael, isang Rusong Hudyo, at Um Deana [OOM

³ Ang Hummus ay isang tradisyonal na salad puree ng dinurog na mga chickpeas na may langis ng oliba at pulang paprika.

dee-AN-uh], isang Old City Armenian na ginang. Hindi makapag-usap sina Wanda at Um Deana dahil sa pagkakaiba ng wika, ngunit sapat na ang makipag-usap sa pamamagitan ng pakikipagkamay at ngiti at malaman na nananalangin ang bawat isa para sa isa't isa. Naroon sina Halla [HA-luh] at Um Nabil [OOM nuh-BEEL] at ang kanilang mga pamilya, mga Arabo sa simbahan sa Herusalem; at Aroxie [ah-RAHK-see] at Sa-roon [sah-ROON], mga Armenyo ng Jericho. Nagsilbi si Aroxie bilang tagasalin para sa mga serbisyo ng Sabado sa Old City. Nagkaroon ng mga nakapagpapalakas na pagpupulong para sa pananalangin at mga palatandaan ng Espiritu ng Diyos na kumikilos sa buhay ng mga tao.

Matatapos din ni Wanda ang 20 oras na programa sa kolehiyo sa *Institute of Holy Land Studies* habang nagpapastor sa simbahan sa Jerusalem. Ang pagpunta sa mga *field trip* para sa pag-aaral ng kasaysayan at heograpiya ng Israel ay nagbigay sa kanya ng bagong pananaw tungkol dito. Naglalakbay sa mga hangganan ng mga sinaunang tribo ng mga angkan, nadama niya na tila siya ay dinadala ilang siglo pabalik. Habang naglalakbay si Wanda sa maalikabok na mga kalsada at naglalakad sa tabi ng Dagat ng Galilea, nadama niya na parang ang Panginoon mismo ay lumakad sa kanyang tabi na ipinapakita sa kanya ang Kanyang tahanan kung saan siya namalagi.

Masaya siyang kumakain sa kapiterya ng unibersidad, ngunit isang araw ay nagkaroon ng kaguluhan kung nasaan siya. Habang siya ay kumukuha ng pagkain, naiwan niya ang kanyang portpolyo sa lamesa kung saan siya nagkape at inakalang ito ay bomba! Nagsimulang tumayo at mag-alisan ang mga tao at hindi na tinapos ang kanilang pagkain. Sa wakas, isang tagasilbi sa kapiterya ang lumapit kay Wanda na hindi nakaka-intindi ng salitang Hebreo at tinanong siya sa Ingles kung sa kanya ang portpolyo. Nang kuhanin ito Wanda, nagpalakpakan ang lahat habang namumula ang kanyang mukha sa kahihyan.

Nagkaroon si Wanda ng maraming kakaibang karanasan sa Israel. Minsan, siya at si Juanita ay inanyayahan na pumunta sa Beersheba kasama ang isang mag-asawa mula sa *Christian and Missionary Alliance*, upang maglingkod sa ilang Bedouin. Habang papalapit sila sa mga tolda, nakita sila ng ilang babae at naglagay ng belo sa kanilang mga mukha dahil may kasama silang isang lalaki. Nang nagbigay ng pagbati ng kapayapaan

ang mga misyonero, agad silang pinapasok sa tolda. Tinanggal nila ang kanilang mga sapatos, umupo sa mga banig at uminom ng tsaa at naki-pag-*fellowship* at nagbahagi ng ebanghelyo. Nakakaaliw na panoorin ang mga kababaihan na nagpapaningas ng apoy mula sa ilang piraso ng kahoy at karton. Hinugasan ng isa sa mga babae ang bawat baso na lalagyan ng tsaa. Nang kumulo na ang tubig, naglagay siya ng dahon ng tsaa at dalawang dakot ng asukal sa kaldero at pinakuluan nang kaunti. Napakatamis ng lasa. Maghahain sila ng tatlong beses sa mga bisita gamit ang isang *tray* at kawalang-galang kung hindi ito iinumina.

Isang hapon ay namamasyal sina Wanda at Juanita kasama sina Merlin at Alice Hunter sa lungsod ng Nain [NAYN]. May isang maliit na simbahan ng Pransiskano na itinayo doon bilang pag-alala sa himalang ginawa ni Jesus. Naglalakad sila sa ilalim ng ilang matataas na punongkahoy upang kunan ng litrato ang simbahan. Nang humakbang si Wanda sa isang maliit na batong pader, nakaramdam siya na may parang tumusok o kumagat. Noong una, naisip niya na sa bandang daliri ang kagat, ngunit nakita niya na nagkaroon ng marka sa bandang ibaba ng kanyang tuhod. Namanhid ang kanyang paa at binti at naisip niya na maaaring may pumasok na lason sa kanyang katawan. Naisip niya na ito ay maaaring isang alakdan. Naalala ni Juanita, “Sa daan patungo sa Bundok Tabor, ilang milya (3.2 kilometro) ang layo, nanalangin kami nang isa-isa, ngunit noong nasa *Church of the Transfiguration* kami, sama-sama kaming nanalangin at naramdaman kaagad ni Wanda ang pagbabago. Sa loob ng ilang minuto, nawala ang sakit at nakaramdam siya ng ginhawa at kami ay nagpasalamat at nagpuri sa Diyos sa Kanyang pagpapagaling.”

Ang isa pang karagdagang kagalakan kay Wanda sa Israel ay ang pagbisita ni Janie para sa araw ng Pasko. Tuwang-tuwa siyang ipinakita kay Janie ang mga magagandang tanawin ng magandang lugar na ito. Sa loob ng dalawang linggo roon ni Janie, marami silang pinuntahan. Noon pa man ay paboritong libangan na ni Wanda ang pamimili at ngayon ay pinuntahan nila ang mga tindahan sa Old City at tuwang-tuwa siya sa baratilyo. Sa kanilang paglabas upang mamili, kung minsan ay kinakausap nila ang mga tindero tungkol sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Sa pamumuhay sa Israel, kailangang maging maingat ang isa kung paano pinag-uusapan ang mga paksa ng relihiyon. Magaling si Wanda

sa mga ganitong sitwasyon. Kapag may isang tinderang Muslim na mistiko ang nagkuwento ng kanyang karanasan tungkol sa kanyang relihiyon, ito ang sasabihin ni Wanda, “Ah, maaari kang magkaroon ng higit pa.” Mayroon namang isang Hudyong manggagawa na nagsabi sa kanya na ang kanyang anak na lalaki kamakailan lamang ay dumaan na sa kanyang *Bar Mitzvah* (seremonyang pangrelihiyon ng pagsisimula ng isang batang Hudyo na dumating na sa edad na 13 at itinuturing na handa nang sumunod sa mga tuntunin ng relihiyon at karapat-dapat na makibahagi sa pampublikong pagsamba.), at ito ang sinabi ng Hudyo sa kanyang anak, “Ngayon ang kanyang gawang masama ay magbabalik sa kanyang sariling ulo; wala na akong pananagutan sa kanya.” Ito naman ang isasagot ni Wanda, “Sa kanyang pagkamatay sa krus, pinasan niya ang bigat ng ating mga kasalanan.” Kapag nagbabahagi si Wanda sa mga Hudyo at Muslim, madalas siyang tumatalikod upang punasan ang mga luha sa kanyang mga mata sapagkat nadudurog ang kanyang puso habang nakikinig sa kanilang pagbahagi na sila’y namumuhay at ginagawa ang lahat sa abot ng kanilang makakaya. Naniniwala sila sa Diyos, ngunit iba kaysa sa kanyang pinaniniwalaan.

Si Janie na nakatakda nang pakasal kay Dennis Norrick ay masayang nagplano ng kanyang kasal katulong ang kanyang ina.

Kasunod ng taon sa Israel at pagkatapos ng kasal ni Janie noong Agosto ng 1981, lumipat si Wanda sa Bethany upang ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral at maialay ang kanyang sarili sa *World Mission Department* bilang isang *supply missionary* o sa anumang kapasidad na siya ay kailangan. Nakumpleto niya ang kanyang *B.A. degree* sa panahon ng taglagas na semestre at ang kanyang *master’s degree* naman sa panahon ng tagsibol at taglagas na semestre ng 1982.

Naging pastor para sa kolehiyo ng *Bethany First Church* si Wanda habang nasa kampus. Bagaman naging malapit sa mga kabataan sa kolehiyo, nais sana niyang makipag-ugnay pa nang mas malalim sa kanila ngunit dahil sa kanyang edad at pagkawala ng kultura sa kanya ng Amerika sa loob ng maraming taon, hindi niya ito nagawa. Namuhay si Wanda nang napakasimple at madalas na nababahala sa kasaganaan at materyalismo na kanyang nasaksihan sa marami sa mga estudyante. Labis din siyang nag-alala sa kanilang mababaw na mga espirituwal na karanasan sa halip

na isang malalim na pagsunod sa Diyos. Nadama ang kanyang maka-Diyos na impluwensya sa kampus at sa mga mag-aaral tulad ni Gary Yarberry [YAHR-ber-ree], noon ay isang pastor sa Arkansas na nagsabi tungkol sa kanya ng ganito: “Isang inspirasyon si Wanda ng pagiging lingkod ni Jesus. Maraming beses kong ninais na magkaroon ng pagsunod na taglay niya. Ang kanyang dedikasyon ay nangungusap pa rin sa akin. Sinabi ni Gary na lagi niyang tatandaan ang ilang payo ni Wanda na minsang ibinigay sa kanya dahil sa isang problema. Sabi niya, “Kapag ang iyong isipan ay nagsasabi sa iyo ng isang bagay at ang iyong puso ay nagsasabi ng iba, sundin mo ang sinasabi ng iyong puso.” Sinabi ni Gary na sinunod niya ang payong iyon sa paghahanda niya ng sermon, pangangaral, pagbisita, mga desisyon sa lupon, mga usapin sa pamilya, at marami pang iba sa kanyang buhay at hindi siya kailanman nagsisi sa pagsunod sa “sinasabi ng puso.”

Ang mga nagawa at impluwensya ni Wanda sa kampus ay inalala noong 1984 nang siya ay tumanggap ng parangal mula sa *Bethany Nazarene College* para sa kanyang mahusay na serbisyo.

“Kapag ang iyong isipan ay nagsasabi sa iyo ng isang bagay at ang iyong puso ay nagsasabi ng iba, sundin mo ang sinasabi ng iyong puso.”

Naantala ang pag-aaral ni Wanda ng isa pang tawag sa misyon at sa pagkakataong ito ay itinalaga siya para sa buong termino sa *Caribbean Nazarene Theological College* (ngayon ay *Caribbean Nazarene College*) sa magandang bansa ng Trinidad. Umalis siya patungong Trinidad noong Pebrero ng 1983.

Maraming isinalang-alang mula sa Papua New Guinea hanggang Israel, hanggang sa Caribbean. Iba’t ibang kapaligiran, iba’t ibang kultura, iba’t ibang wika ang nagdulot ng iba’t ibang tugon. Maraming dapat matutuhan si Wanda at ang mga estudyante sa seminaryo. Si Errol [ER-ruhl] Carrim [KE-ruhm], isa sa kanyang mga estudyante, ay nasaksihan ang pagiging bukas at kabaitan ni Wanda. Hiniling ni Wanda na samahan siya sa bayan upang mamili, ngunit inakala niyang ito ay nagbibiro. Naisip niyang hindi iyon ginagawa ng mga misyonero kaya iniwan niya si Wanda. Pagbalik niya, sinalubong siya nito at sinabi, “Binata, iniwan mo akong nakatayo rito. Bakit mo ako iniwan?” Napagtanto niya ang pagiging totoo ni Wanda

at mula noon ay naging magkaibigan na sila ni Wanda na nagkaroon ng malaking impluwensya sa kanyang buhay.

Nadagdagan ng bagong sigla ang kampus dahil sa malawak na impluwensya ni Wanda, mabuting pakikitungo ng pagkakaibigan, at ang kanyang “matatag na pagmamahal” na hindi kailanman naging marahas dahil ito ay puno ng pag-ibig. Ang kanyang mga klase ay nakapagpapasigla at naiiba. Tuwing umaga bumabasa siya mula sa *The Singer* ni Calvin Miller. Dahil sa karanasang ito, nalaman ni Erroll sa unang pagkakataon ang isang pananaw at interpretasyon tungkol kay Cristo maliban sa sinasabi ng Biblia na tunay na nagbigay ng kabuluhan sa kanya. Kahit ngayon sa tuwing nakikita niya ang librong iyon, naiisip niya si Wanda. Ipinakilala niya ang mga mag-aaral kay C. S. Lewis at Shakespeare. Hinikayat niya ang mga estudyante na isadula ang mga gawa ni Shakespeare sa klase at napakalaking papuri para sa kanila nang sabihin ni Wanda sa kanila na nagawa nila ito nang maayos!

Napalapit si Wanda kay Errol dahil sa mga munting pagpapakita ng pagkakaibigan. Sakay ng pampublikong sasakyan, nagpastor si Errol sa isang maliit na simbahan na bunga ng isang misyon habang nag-aaral. Maraming mga linggo ng gabi, nakadarama siya ng pagod at sa tuwing kinukuha niya ang kanyang mga liham mula sa *mailbox*, may mga liham ng pampatibay-loob mula kay Wanda. Pangarap niya na balang araw ka-pag natapos niya ang kanyang pag-aaral, magkasama silang magtuturo ni Wanda sa seminaryo. Sa pagpapahayag ng impluwensya ni Wanda sa kanya, sinabi ni Errol, “Lahat tayo sa buhay ay may mga nais na makamit para sa isang tao. Sa aking karanasan, nais kong makamit ang isang bagay para sa kanya.

Tala ng Patnugot: Errol Carrim

Nang siya ay tanungin tungkol sa kanyang mga alaala kay Wanda Knox, ito ang sinabi ni Errol Carrim, “Guro, ina, kaibigan.”

Sa pinakahuling karamdaman ni Wanda, ipinagpatuloy ni Errol ang kanyang pag-aaral sa *Eastern Nazarene College* sa Quincy, Massachusetts, USA. Habang nag-aaral doon, naglingkod siya bilang *associate pastor* sa Hartford, *Connecticut Church of the Nazarene*; naglingkod bilang pastor ng kabataan at pastor para sa pagbisita. Bagaman nais

niyang makita si Wanda, hindi niya nagawang magpunta sa Kansas City bago ito mamatay. Nakatanggap siya ng *B.A.* noong 1986 at isang *M.A.* noong 1987. Sa oras ng kanyang pagtatapos, nakatanggap siya ng balita mula sa mahal na kaibigan ni Wanda, si Kathy Butts, na nais sagutin ni Wanda ang kanyang matrikula upang makapag-aral sa *Nazarene Theological Seminary (NTS)*, sa Kansas City.

Sa kanyang panahon sa *NTS*, nakilala ni Errol si Rhonda Gibson sa isang klase sa *Sunday school* para sa mga walang asawa sa Kansas City *Hillcrest Church of the Nazarene* noon. Nag-aaral siya sa *NTS* para sa kanyang *M.Div.* sa *Missions*. Ikinasal sila limang araw pagkatapos ng kanilang pagtatapos noong 1990!

Ang unang ministeryo nina Errol at Rhonda ay kung saan sinimulan ni Errol ang kanyang ministeryal na edukasyon at kung saan niya unang nakilala si Wanda sa *Caribbean Nazarene Theological College*. Nagturo sila roon ni Rhonda sa loob ng sampung taon.

Natapos ni Rhonda ang kanyang *Doctor of Ministry* sa *Spiritual Formation* sa Asbury College sa Wilmore, Kentucky noong 2000 at pagkatapos ay nagsimula ng doktoral na pag-aaral sa *Nazarene Theological College* sa Manchester, England. Sa kanilang pananatili roon, biniyayaan sila ng isang sanggol na babae, si Kimberly.

Bumalik ang mga Carrim sa US noong 2004 kung saan tinanggap ni Rhonda ang isang posisyon upang magturo sa *School of Theology and Christian Ministries* sa *Northwest Nazarene University (NNU)* sa Nampa, Idaho. Habang patuloy siyang nagtuturo sa *NNU*, sinimulan ni Errol ang pagsasanay ng *Life and Leadership Coaching* noong 2013. Mula noong 2015 pareho nilang pinamunuan ang *Ethnic Leadership Development Initiative*. Noong 2018, kumuha ng *sabbatical* si Rhonda at silang dalawa, kasama si Kimberly, ay nagpastor ng anim na buwan sa isang simbahan sa Dargaville [DAHR-guh-vuhl], New Zealand.

Ngayon, si Rhonda ay Prinsipal ng *Nazarene Theological College*, South Africa, Johannesburg, South Africa. Mga tungkuling pansuporta naman ang ginagawa ni Errol doon at tumutulong sa pag-aayos ng mga pisikal na pasilidad at tumutulong sa mga gawain sa pagtuturo.

Tinanong ko si Errol tungkol sa pangmatagalang impluwensya

ni Wanda sa kanyang buhay at ministeryo. “Walang pag-aalinlangan, ang pangmatagalang impluwensya ni Wanda ay ang pagiging bukas niya sa mga tao. Noong siya ay dumating at magturo sa Kolehiyo sa Trinidad, mula sa unang araw, nakipag-ugnayan siya sa lahat ng may espiritu ng kabaitan, pagmamalasakit, at pagiging magiliw. Sa pagitan ng mga klase o sa pagtatapos ng araw, hindi siya nagmamadaling pumunta sa kanyang *apartment*. Sa halip, nakipag-usap siya sa amin na mga estudyante. Kadalasan, nag-iimbita siya ng grupo ng mga estudyante sa kanyang *apartment* upang magsalu-salo at kumain ng *popcorn* at tumambay. Tinuruan ako ni Wanda kung paano maging bukas sa mga tao at kung paanong matutong magtiwala sa mga tao.”

Tinanong ko rin si Errol kung paano magiging iba ang kanyang buhay kung sakaling hindi niya nakilala si Wanda: “Sa palagay ko ay patuloy ang pagpapahalaga ko sa aking sarili. Nang lumapit si Wanda sa akin, nagpakita siya ng tunay na pagkalinga at tinulungan akong magsimulang makita na may halaga ako sa harap ng Diyos at sa ibang mga anak ng Diyos. Hanggang sa puntong iyon ng aking buhay, ka-kaunti lang ang nagpakita sa akin na ako ay may halaga. Mahihirapan din akong magtiwala sa iba. Hindi ko napagtanto na siya pala ang mamumuhunan sa aking buhay sa Trinidad at maghahanda sa akin para sa aking mga paglalakbay sa US, England, New Zealand, at ngayon ay South Africa.”

Ang pakikipag-ugnayan ni Wanda sa mga estudyante at sa mga tao ang nagbigay sa kanya ng malaking kasiyahan at katuparan na nakatulong upang maibsan ang kanyang pagkabalisa at panghihina ng loob sa ilan niyang mga kalagayan. Pinupunan ni Wanda ang pangangailangan ng iba at siya palagi ang nahuhuli. Madalas siyang nagigising sa madaling araw kapag masama ang lagay ng panahon dahil sa malalakas na bagyo. Palaging mahirap ang paglalakbay dahil sa mga baku-bakong kalsada. Nauubusan siya ng lakas sa kanyang mga klase habang gumagawa ng bagong kurikulum. Hinahanap-hanap niya ang malalapit na relasyon noong mga nakaraang taon, “Minsan gusto kong mag-relaks kasama ang isang taong makakausap ko tungkol sa kahit ano, subalit hindi ako nagrereklamo. Nagpapasalamat ako sa Panginoon sa lugar na ibinigay Niya sa akin

upang Siya ay paglingkuran.”

Habang siya ay nasa Trinidad, nakatanggap siya ng kapana-panabik na balita mula sa kanilang tahanan. Isinulat niya sa kanyang talaarawan, “Tumawag si Geron ngayon. Puno ng kagalakan ang kanyang tinig. Siya at si Loretta ay biniyayaan ng isang malusog, magandang sanggol na babae (hindi ko pa siya nakikita, ngunit sabi ni Geron maganda siya), si Lindsey Marie, na may timbang na 6 pounds 11 ounces (3 kilo) noong Nobyembre 6, 1983. Ang aking unang apo! Ilang taon na rin akong naghahangad na magkaroon ng apo, kaya paano ko ipapaliwanag ang kasiyahan na aking nararamdaman? Sa isang banda, nasasaktan din ang aking kalooban sa-pagkat napakalayo ko sa kanila. Ang aking tanging kaaliwan ay narito ako sa lugar na ito kung saan Niya ako nais sa kasalukuyang panahon. Subalit ako ay tao rin lang na naghahangad na makita at mahawakan ang aking mahal na apo sa aking mga bisig. Lindsey, lagi kitang iniisip (kahit bago ka pa ipinanganak). Patuloy kitang ipapanalangin at nais kong malaman mo na ikaw ay napaka espesyal at pinakamamahal ng iyong lola. Kahit na hindi kita mahawakan sa aking mga bisig - hawak kita sa aking puso.”

Ang malalim na pangangailangan sa kanyang paligid ang umantig sa puso ni Wanda. May mga nagkasakit at namatay. Minsan dinala ni Wanda sa isang klinika ang isang estudyanteng may sakit. Tinanong ng nars kung dumudugo ang mata, tainga, o ilong ng estudyante; at nang sabihin ni Wanda na hindi, idineklara ng nars na hindi ito *emergency* at hindi siya kailangang gamutin. Pagkatapos ng mahabang paghihintay, sa wakas ay sinabi ng guwardiya sa klinika, “Mukhang wala naman siyang sakit sa tingin ko!” Sa inis ni Wanda ay nagsabi nang ganito, “Parang gusto ko siyang saktan!” Sa kabutihang palad, nalapatan ng medikal na lunas ang estudyante.

Habang nasa Trinidad, nakapunta rin si Wanda sa Barbados para sa mga espesyal na serbisyo. Natutuwa siya sa mga serbisyo roon – ang mga awitan, palakpakan, at pagtugtog ng mga tamburin, at ang pagsasayaw sa mga pasilyo. Sinabi ni Wanda, “Gustung-gusto ko ito! Pinupuri nila ang Panginoon nang walang hanggan.”

Sa kumbensyon para sa mga misyonero, isang pagsasadula ang idinagdag sa pamamagitan ng mga kasuotan na kumatawan kay Mr. *General Budget* (ang pasimula ng *World Evangelism Fund*), Miss NWMS, Mr.

Prayer and Fasting, atbp. Sumakay sila sa mga kotse patungo sa simbahan, sinamahan ng isang pulis na sumasaludo sa lahat at inihahatid ang mga taong nais makita ang mga *VIP* (napakaimportanteng tao). Nagpaalala ito kay Wanda ng mga panahong siya ay bata pa na labis na nasisiyahan sa *District Assembly*. Galak na galak ang mga taong naroon sa presensya ng Panginoon.

Noong Disyembre ng 1983, nagplano si Wanda para sa kanyang bakasyon sa Pasko. Inanyayahan siya sa anim na magkakaibang tahanan para sa isang “araw” na bakasyon. Pininturahan din niya ang kanyang kusina at banyo sa mga araw na walang pasok. Inaasahan niyang marelaks at lumangoy nang maraming beses, ngunit naudlot ang kanyang mga plano. Nagsimula siyang makaramdam ng sobrang pagod ngunit naisip niya na marahil dahil ito sa panahon. Napansin niya ang isang malaking umbok sa kanyang tiyan. Akala niya ay dahil sa nagkaka edad na siya at siya ay tumataba lang. Nagpasiya siyang magpatingin sa doktor. Nakita ng doktor na mayroon siyang malaking bukol at kailangan siyang operahan kaagad, ngunit nagpasya si Wanda na bumalik sa Amerika upang doon magpaopera. Natigilan si Kathy Butts nang marinig ang balita sa Kansas City kaya tinawagan niya kaagad si Wanda sa Trinidad upang kausapin. Kalmado si Wanda at kontrolado ang sitwasyon. Binanggit niya na kakailanganin niya ng bagong doktor sa Kansas City dahil si Dr. Howard Hamlin, [HAMlin], ang kanyang doktor bago siya umalis ay sumakabilang-buhay na.⁴Gumawa ng mga plano si Wanda. Sinabi niya kay Kathy, “Lilipad ako patungong Oklahoma City sa Araw ng Pasko upang makasama ang aking mga kamag-anak sa bakasyon. Pagkatapos ay pupunta ako sa Kansas City upang magpatingin sa doktor doon. Aalagaan mo ba ako kung kailangan kong operahan?”

Sa Araw ng Pasko, naranasan ni Wanda sa unang pagkakataon ang kanyang hapunang pang-Pasko sa ere. Nasiyahan siya sa ilang araw na kasama ang kanyang ina at ama sa kanilang tahanan at sa hindi inaasahang pagkikita nila ni Janie at kanyang asawang si Dennis. Nang natapos na ang bakasyon, nagpunta siya sa Kansas City. Sinalubong siya ni Kathy sa paliparan at kumain sila sa isang espesyal na restawran pauwi. Magana pa ring kumain si Wanda kagaya nang dati. Si Wanda ang pumili ng

⁴Si Dr. Howard Hamlin ay isang *Nazarene layman* at dating *medical missionary* sa South Africa at Swaziland (ngayon, Eswatini).

kanyang doktor na siyang nag-alaga kay Dr. Hamlin nang ito ay nagka-sakit. Noong unang gabi pagkatapos ng kanyang pagdating sa Kansas City, halos magdamag silang nag-usap ni Kathy tungkol sa kamatayan, langit, biyaya at lahat ng magagandang bagay na dapat asahan ng mga Kristiyano, kahit na sa harap ng kahirapan o karamdaman. Ibinahagi nila nang malalim ang kanilang karaniwang paniniwala—panalangin at pam-

**Matagal na Ni-
yang kontrolado
ang aking buhay at
kumpiyansa ako na
Siya ang may kon-
trol ngayon anu-
man ang mangyari.**

amagitan para sa kagalingan. Isang napakagan-
dang pagkakataon ng pagsasama-sama ng kanil-
ang mga puso.


Nakadama ng bahagyang tensyon sina Wan-
da at Kathy sa kanilang pagbisita sa doktor. Ba-
hagya ring kinabahan si Wanda dahil sa kanyang
bagong doktor. Nang siya ay lumabas pagtapos
niyang matingnan, kanyang sinabi na kailangan
niya ng operasyon at hindi ito maipagpapaliban.

Bagaman isang Hindu ang kanyang doktor, lubos siyang nasiyahan at
agad silang nagbahaginan ng isang malalim na talakayan tungkol sa mga
bagay sa relihiyon at sa kanilang sariling mga paniniwala. Napansin ni
Kathy, “Hindi siya naghintay nang matagal upang pag-usapan ang mga
paksang iyon.”

Noong Enero 1984 isinulat ni Wanda, “Siya lang ang nakakaalam
kung ano ang mangyayari sa taong 1984 para sa akin. Matagal na Niyang
kontrolado ang aking buhay at kumpiyansa ako na Siya ang may kontrol
ngayon anuman ang mangyari. Dalangin ko lamang na bigyan Niya ako
ng lakas upang luwalhatiin Siya sa lahat ng bagay. Ang mabuhay o ma-
matay ay hindi mahalaga kung tunay tayong naniniwala sa pinaniniwalaan
natin! At sa aking puso, mayroong isang malalim, malalim na kapayapaan
- sa kabila ng pag-aatubili ng tao na harapin ang pagdurusa. Mas mahal
ko siya araw-araw.”

Ang operasyon ay naka-iskedyul sa Martes, Enero 10. Ang patotoo
at pananampalataya ni Wanda ay nakaangkla sa Salita ng Diyos at pu-
masok siya sa silid para sa operasyon kasama ang Kanyang pangako: “Sa-
pagkat batid kong lubos ang mga plano ko para sa inyo; mga planong
hindi ninyo ikakasama kundi para sa inyong ikabubuti. Ito’y mga planong
magdudulot sa inyo ng kinabukasang punung-puno ng pag-asa” (Jeremi-

as 29:11).



NABASAG NG TUNOG NG telepono ang katahimikan ng silid ng ospital. Ito ang unang tunog na narinig ni Wanda nang nawala na ang bisa ng anestesya pagkatapos ng kanyang operasyon. Narinig niya ang boses ni Geron na nakikipag-usap sa telepono. “Hindi ganoon kaganda - ito ay *malignant*, at hindi nila naalis lahat.” Nang maglaon, muling binalikan ni Wanda ang mga sandaling iyon na kanyang ibinahagi sa kanyang talaarawan, “Mahirap maipaliwanag ang lalim ng kapayapaan na bumalot sa akin nang mga sandaling iyon. Binalikan ko iyon nang maraming beses mula noon. Hindi ko alam kung ano ang maaaring mangyari sa hinaharap, ngunit sa puntong iyon, ang mahalaga ay hawak Niya ako - at patuloy itong mananatili.”

Napuno ang silid kung saan naghihintay ang mga bisita kasama ang pamilya at mga kaibigan na naghihintay din ng resulta ng operasyon. Nang kanilang natanggap ang balita, sila ay umiyak. May mga luha ng kagaanan na natapos na ang operasyon, ngunit may mga luha rin ng kalungkutan sapagkat hindi lahat ng tumor ay naalis. May mga luha naman ng pag-asa na sa pamamagitan ng *chemotherapy*, may pag-asang gumaling. Mga luha naman ng pighati ng mga nagmamahal sa kanya sapagkat napagtanto nila ang mas maraming paghihirap na kanyang kakaharapin.

Nang nakaalis na ang lahat maliban kay Kathy, sa unang gabi pagkatapos ng operasyon, nagtanong si Wanda sa kalaliman ng gabi, “Gaano kalala ito? Sabihin mo sa akin ang lahat.” Sinabi ni Kathy ang lahat dahil

napagkasunduan nila bago ang operasyon na walang ililihim kay Wanda. Ipinaliwanag ni Kathy na kalat na ang kanser sa kanyang obaryo, ngunit ang mabuting balita ay ang ibang *tumor* na hindi maaaring maalís ay hindi pa kumakalat sa iba pang bahagi ng kanyang katawan. Sa mga gabíng gising si Wanda marami siyang mga tanong, subalit ang kapayapaang bumabalot sa kanyang kaibuturan sa mga unang sandali pagkatapos ng operasyon ay nanatili sa kanya sa mga sumunod na araw.

Naging maayos ang paggaling ni Wanda mula sa operasyon. Sumulat siya ng mga liham, tumanggap ng mga bisita, at pinananatiling masaya ang lahat. Sa isang liham na kanyang isinulat noong Pebrero 1984, tiniyak niya sa kanyang mga kaibigan, “Ako ay nasa mabuting kalusugan - maliban sa ‘mananakop’ na ito – ngunit umaasa ang doktor. Magpapa-*chemotherapy* ako (isang beses bawat tatlong linggo) sa loob ng anim na buwan. Pagkatapos ng tatlong buwan, at muli pagkatapos ng anim na buwan ay isa pang serye ng mga pagsusuri ang gagawin at kung walang makikitang paglaki, maaaring gumawa ng pangalawang operasyon upang makita kung ano ang nangyayari sa loob. Hindi ko itatanggi na naging mahirap ang mga pagbabago dahil sa mga biglaang pangyayari. Nasiyahan ako sa aking pagtuturo sa Trinidad. Napamahal sa akin ang mga estudyante at ang mga tao at labis akong nangungulila sa kanila. Isang kagalakan na sila ay aking ipanalangin at ang aking mga nakasama sa Israel at Papua New Guinea. Dahil diyan, nakadarama ako ng kapayapaan sa ganitong kalagayan. Nananatili pa rin ako kung nasaan ako hanggang ngayon, kung saan ako dinala sa loob ng maraming taon – sa Kanyang mga kamay.” Naging iba na ang buhay ni Wanda kumpara sa dati. Sa unang pagkakataon hindi na naglagay si Wanda ng limitasyon sa oras at sa kanyang mga ginagawa. Madali na siyang mapagod at madalas magpahinga; umaasang siya ay gagaling kaagad. Natuwa siya na lalong napalapit kay Geron at sa kanyang pamilya sa mga panahong ito ng kanyang pagpapagaling.

Gustung-gusto ni Wanda na makipaglaro sa kanyang apo, si Lindsey, at tapusin ang kanyang “Aklat ng Lola.” Natutuwa si Lindsey sa mga espesyal na pagkakataon kasama si “Maamaw” [MA-mah] Wanda habang nakaupo sa kanyang malaking upuan at nilalagyan ng kumot ang kanyang paanan kung saan si Lindsey ay kampanteng naglalaro. Isang gabi, nagdala sina Geron at Loretta ng pizza (paboritong pagkain ni Lindsey) sa ba-

hay ni Wanda. Sabaw lang ang puwedeng pagkain para kay Wanda. Nang kakain na ng pizza si Lindsey habang nakaupo sa paanan ni “Maamaw,” nakita niya na sabaw lang ang para kay “Maamaw,” hindi pizza! “Gusto ko ng sabaw, gusto ko ng sabaw!” ang pagpupumilit ni Lindsey. Sa labis na tuwa ni Wanda, ipinatabi niya kay Kathy ang pizza at pinagsaluhan nilang mag-lola ang tila walang kuwenta ngunit naging espesyal na pagkain para sa kanilang dalawa.

Sa panahong ito rin ng pagpapagaling, muling nakatanggap ng masayang balita si Wanda ng pagbubuntis ng kanyang anak na babae na si Janie. “Mabilis na dumarating ang aking mga pagpapala. Masayang-masaya ako para sa iyo at umaasa akong mayakap sa aking mga bisig ang aking pangalawang apo.” Naging inspirasyon ni Wanda ang mga kaganapang ito at kanyang sinamantala upang magsulat ng mga personal na liham sa kanyang mga apo na maaari nilang buksan at basahin kapag sila ay umabot na sa gulang na sampung taon.

Nang naging maayos na ang kalagayan ni Wanda, nagsimula na siyang mag-*chemotherapy*. Malaki ang naging pagbabago ng kanyang pamumuhay. Bagaman mahirap, sinunod niya ang lahat ng mga medikal na payo at pamamaraan. Lunes nang maaga, papasok siya sa ospital para sa ilang oras na *chemotherapy*. Hindi magiging maganda ang kanyang pakiramdam pag-uwi mula sa ospital dahil sa epekto ng *chemotherapy*, at pagkatapos ng ilang oras ay doon pa lang siya makakatulog. Mga alas 2:00 ng umaga, magigising siya at hihingi ng kaunting *juice* at dalawang kutsarang *cereal*. Pinilit niyang maging malakas upang makabawi ang kanyang katawan sa lalong madaling panahon. Sa loob ng tatlo o apat na araw pagkatapos ng *chemotherapy*, halos maubusan siya ng lakas, ngunit pinilit pa rin niyang kumain hanggang maaari upang mabawi ang lakas. Sa pagitan ng kanyang gamutan, sila ni Kathy ay pumupunta sa Missouri at Kansas, kung saan siya nakakakuha ng lakas. Nakatulong ito sa kanya upang makayanan ang kanyang pinagdaraan at naaalala ni Kathy kung gaano sila kasaya kahit na sa gitna ng pinakamahirap na kalagayan.

Kasabay ng epekto ng *chemotherapy*, nagsimulang malugas ang kanyang buhok. Naalala ni Kathy noong nakatayo siya sa likod ni Wanda habang sinusukat ang peluka na kasya sa kanya. Napuno ng mga luha ang mukha ni Wanda at isang hindi kilalang estranghero ang umupo sa

kanyang tabi, nagtanggap ng kanyang sariling peluka, at nagbahagi kay Wanda ng kanyang karanasan. Naging positibo agad ang pagtugon ni Wanda sa karanasang iyon at nagbigay sa kanya ng lakas ng loob hanggang sa huling pagkakataon ng pagsuot niya ng peluka.

Ang ikalawang operasyon ni Wanda ay naka-iskedyul ng Oktubre. Dalawang linggo bago ang operasyon, isang liham ang dumating kay Wanda mula kay Kaye Williams. Tinatapos ni Kaye at ng kanyang asawa ang kanilang ikalawang termino bilang mga misyonero sa Taiwan. Nagulat si Wanda nang malaman na siya pala ay napakaespesyal na tao kay Kaye. Sinabi ni Kaye na nangusap ang Diyos sa kanya upang sulatan si Wanda at sabihing ipinapanalangin niya ito, upang palakasin ang loob, at sabihing malaki ang kinalaman ni Wanda kung bakit sila ay nasa Taiwan.

Sinabi ni Kaye na noong siya ay bata pa ay nabasa niya ang libro ni Wanda, ang *Pioneers to New Guinea*, na isinulat para sa pag-aaral ng mga bata tungkol sa mga misyonero. Dahil dito, nangusap ito sa kanya at tumugon sa tawag upang maging misyonero. Sinabi niya sa kanyang pamilya at mga kaklase sa paaralan na kapag siya ay lumaki na, siya ay magiging isang misyonero. Kinuha niya ang *address* ni Wanda noong panahong iyon upang siya ay sulatan at ipaalam din ang kanyang nadaramang tawag para sa misyon. Natuwa ang ina ni Kaye na masulatan si Wanda, ngunit sinabi niya kay Kaye na maaaring hindi makatanggap ng sagot si Kaye sa kanyang liham kay Wanda sapagkat abala ang iskedyul ng mga misyonero. Subalit pagkaraan ng ilang linggo, dumating ang isang liham mula sa New Guinea at gayon na lamang ang tuwa at pagkasabik ni Kaye, “Hindi mo maiisip kung gaano ang aking kagalakan.” Maraming beses na ipinaalala ng Diyos kay Kaye ang Kanyang tawag habang siya ay lumalaki, subalit noong pumasok na siya sa kolehiyo, nakumbinse siyang magagawa rin niya ang mga gawain para sa Diyos kahit siya ay nasa sarili niyang bansa. Ngunit dumating ang pagkakataon na malinaw siyang tinatawag ng Diyos upang maging misyonero. Bumalik ang kanyang alaala noong siya ay bata pa habang binabasa ang aklat tungkol sa mga misyonero na kanyang naging gabay upang tumugon sa tawag ng Diyos. Ayon sa pagbabahagi ni Kaye, “Mula noon hanggang ngayon, napakasarap madama ang nakalulugod at tiyak na pamumuno ng Diyos sa aking buhay. Nais lang kitang pasalamatan sa naging bahagi mo sa aking tawag para sa misyon.

Minsan sinusubukan ng kalaban na tayo ay gapiin at ilagay sa ating isip na walang saysay ang lahat. Ngunit madalas, hinihipo ng Diyos ang mga tao sa pamamagitan ng ating mga buhay nang hindi natin namamalayan. Salamat sa pagiging bahagi mo ng aking buhay - sa isang hindi direkta at makabuluhang paraan. Ipinapanalangin kita sa panahong ito ng iyong karamdaman. Inaangkin ko ang talatang ito mula sa Jeremias 29:11 para sa iyo, “Sapagkat batid kong lubos ang mga plano ko para sa inyo; mga planong hindi ninyo ikakasama kundi para sa inyong ikabubuti. Ito’y mga

planong magdudulot sa inyo ng kinabukasang punung-puno ng pag-asa.”

“Hindi ba ang layunin natin ay tuparin ang Kanyang kalooban sa ating buhay at luwalhatiin Siya? Tutulungan niya tayong gawin iyon anuman ang mga pangyayari.”

Inilapag ni Wanda ang liham habang umaagos ang luha sa kanyang mga mata at habang pinasasalamatan niya ang Diyos sa muling pagpapatibay ng Kanyang mga salita sa kanya sa pagkakataong iyon sa pamamagitan ng isang taong napakalayo. Sinimulan niya ang taon sa pangakong iyon. Hindi niya kailanman inangkin ang pangako bilang ganap na

kagalingan, ngunit nadama niya na ito ang katangi-tanging paraan ng Diyos upang sabihin sa kanya na siya ay sa Kanya, na siya ay nasa Kanyang mga kamay at nasa Kanyang mga plano, na anuman ang hinaharap, ito ay magiging mabuti dito man sa lupa o sa kabilang buhay. Ang malaman na ang Diyos ang may kontrol ang mahalaga sa lahat. Gaya ng sinabi ni Wanda sa isang liham pagkatapos ng kanyang operasyon, “Hindi ba ang layunin natin ay tuparin ang Kanyang kalooban sa ating buhay at luwalhatiin Siya? Tutulungan niya tayong gawin iyon anuman ang mga pangyayari.”

Ang ganoong pananampalataya ang nagbigay-daan kay Wanda upang ito ay sabihin, “Kaya nang ibinalita ng doktor sa akin na maayos lang ang lahat at negatibo ang mga ulat ng patolohiya at wala na silang nakitang bakas ng kanser, ako ay nagalak at napaisip na ako ay ipinagkalooban. Niya muli ng isang malusog na katawan kalakip ang ‘malalim na kapayapaan’ mula sa Kanya sa loob ng maraming buwan. Sa aking pananalangin, aking nasabi, ‘Panginoon, may plano ka pa sa akin at may mga ipagagawa

ka pa sa akin dito. Panatilihin mo akong sensitibo sa Iyong pangunguna at huwag mong hayaang Kita ay biguin!”

Ang opisyal na resulta ng ikalawang operasyon ay nagsasabing si Wanda ay pansamantalang gumaling ngunit hindi ito matatawag na ganap na paggaling hangga’t hindi lumilipas ang limang taon. Sa unang taon, dapat siyang magpasuri at magpa-*scan* tuwing tatlong buwan at pagkatapos ay isang beses sa isang taon.

Bandang Nobyembre, ipinagpatuloy ni Wanda ang kanyang normal na pamumuhay at abalang iskedyul. Bumalik si Helen Bolerjack sa Amerika para sa pagsilang ng kanyang apo, si Sarah Mealiff [MAY–lif].¹ Naa-lala ni Helen nang ipagpilitan ni Wanda na sabay silang magtanghalian kahit na siya ay buong gabing nakaupo sa kanyang kama pagkatapos ng operasyon. “Natutuwa akong nangyari iyon. Sa napakahabang pag-uusap namin ibinahagi niya sa akin ang maraming mga bagay, kung paano siya binigyan ng Panginoon ng napakalalim na kapayapaan na tunay na mahirap ilarawan.” Nakapaglakbay din si Wanda sa Texas at nakita ang kanyang bagong silang na apo, si Aaron Norrick. Ipinagdiwang niya ang isang napakasayang Pasko kasama ang kanyang pamilya at abalang nagplano para sa kanyang pag-aaral sa seminaryo noong unang bahagi ng taong 1985 habang bumabalik ang kanyang lakas, kalusugan, at pagtubo ng kanyang buhok!

Sa loob ng sampung buwan pagkatapos ng kanyang ikalawang operasyon, natapos ni Wanda ang kanyang *chemotherapy* na tunay na kasiyahan para sa kanya! Mabilis na bumalik ang kanyang lakas at nasiyahan sa isang semestre ng pag-aaral sa seminaryo at nakapaglakbay ng ilan upang mag-salita sa iba’t ibang *Faith Promise Conventions*. Ang 1985 *General Assembly* sa Anaheim, California, USA ay isang malaking pagpapala sa kanya. Naki-pagkita siya at bumisita sa maraming mga kaibigan at inayos ang mga reunion para sa Trinidad at Papua New Guinea. Sa kanyang mga pagbisita, pananambahan at pagpupuri sa Panginoon, nakadama siya ng malaking kagalakan. Pagkatapos ng *General Assembly*, pumunta siya ng ilang araw sa Texas upang makapiling ang kanyang mahal na apo, si Aaron. Sa pag-ala-la sa pagbisitang iyon, isinulat niya ito sa kanyang talaarawan, “Aaron, ‘tagapagdala ng liwanag’- dalangin ko na lagi kang manatiling ganyan.

¹ Si Helen at ang yumaong si Ray Bolerjack ay naglingkod bilang mga misyonero sa PNG sa loob ng 29 na taon. Si Sarah ay anak ni Linda Mealiff, ang anak ng mga Bolerjack.

Anong saya na makapiling at mahawakan ka. Patuloy kang lumalaki at tunay kang kagiliw-giliw. Sana ay lagi kang manatiling kalugud-lugod at puno ng pagmamahal.”

Sa kanyang pagbabalik, may nakitang isang maliit na anino sa kanyang *CAT scan*. Ang isa muling operasyon ay naka-iskedyul sa unang bahagi ng Agosto. Tanging sina Geron at Janie, Kathy at Dr. Nees [NEES], *executive director* ng *World Mission*, ang nakakaalam nito. Mukhang isa itong maliit na *benign tumor*. Sa kanyang talaarawan, sinabi ni Wanda, “May nakita sila sa mga *scan*. Mukhang hindi ito mawawala kaya nagpasya ang medikal na lupon na operasyon ang pinakamabuting gawin. Kung ito ay *benign*, aalisin nila ito at ang aking mga plano na pumunta sa Bethany at sa Trinidad ay hindi magbabago. Kung ito ay *malignant*, kailangang gumawa ng mga desisyon. Ano ang nararamdaman ko? Parang natutuyot. Hindi ganoon kadalang mamuhay sa ganito. Gayunpaman, nananatili ang malalim na kapayapaan sa aking kalooban.”

Dalawampung minuto pagkatapos magsimula ng operasyon, tinawag ng *surgeon* si Kathy upang pumunta sa *Consultation Room* at sinabing bumalik muli ang kanser ni Wanda at kailangan niyang sumailalim sa *colostomy*. Nalungkot din ang *surgeon* sapagkat siya at ang *oncologist* (doktor sa kanser) ay napalapit na sa masiglang misyonerong ito na humamon sa kanilang kaalaman sa medisina, sa kanilang kaalaman tungkol sa Diyos, sa Kanyang sansinukob, at sa Kanyang nilikha.

Sa unang gabi ng huling operasyong ito, nang ang ibang mga kasamahan ni Wanda ay nakaalis na, tinanong niya si Kathy, “Gaano ito kalala?” Tinawag nila ni Kathy na “gremlins” ang kanser, at sinabi sa kanya ni Kathy na bumalik ang mga *gremlin*. Pagkatapos ay nakatulog siya ng ilang sandali at nagtanong muli pagkagising, “Ano pa?” Nang sabihin sa kanya ni Kathy na mayroon siyang *colostomy*, nagtanong siya kung ito ay pansamantala o permanente, umaasa pa ring siya ay gagaling. Naalala ni Kathy, “Nang sabihin ko sa kanya na hindi na ito maaaring alisin, parang may madilim na ulap na bumalot sa silid na iyon at alam kong may paglaban sa kanyang kalooban. Inabot ng dalawang araw bago niya naunawaan ang kanyang sitwasyon. Ngunit hindi nagtagal ay natanggap na niya ito nang may kalakasan sa espiritu at sulitin kung ano man ang natitira!”

Kinausap si Wanda ng kanyang doktor na Hindu, ang kanyang mga

anak, at si Kathy at sinabing nagawa na ang lahat na magagawa. Hindi napigilan ng doktor na umiyak at sinabing gagawin nila ang lahat upang maging komportable si Wanda, at nagtapat siya nang ganito, “Alam nyo ba, gustung-gusto namin ang ginang na ito.”

Noong Setyembre, nagpadala si Wanda ng liham sa kanyang mga kaibigan at ipinaalam ang kanyang kalagayan. Nagpagamot siya sa *M.D. Anderson Cancer Institute* sa Houston. Sinubukan sa kanya ang isang pang-eksperimentong gamot at walang nakatitiyak sa kalalabasan nito. Subalit tiniyak niya sa kanyang mga kaibigan na bagaman may pagbabago muli sa kanyang kalagayan at sa mga pangyayari, hindi ang Diyos at ang Kanyang pangako mula sa aklat ng Jeremias na magpapatuloy hanggang sa kawalang-hanggan.

Ang mga sumunod na buwan ay panghabang-panahong nakaukit sa alaala ng mga nakapaligid kay Wanda noong mga panahong iyon. Maaalala nila ang isang babaeng naniwala sa Diyos hanggang sa katapusan ng kanyang buhay. Walang kahit anong sakit ang makapaghihiwalay sa kanya at sa pag-ibig ng Diyos. Bagaman may mga pagkakataong siya ay napapaluhod dahil sa matinding hirap at sakit, batid niyang hawak pa rin siya ng Diyos sa Kanyang mga kamay. Nagkaisa ang mga doktor na ang pang-eksperimentong gamot mula sa Houston ay hindi naging epektibo, at dahil naiipon ang tubig sa kanyang tiyan, kailangan itong alisin dalawang beses sa isang linggo. Maraming mga *emergency* ng pagpunta sa ospital ang nangyari sa kalagitnaan ng gabi na tila oras na ng kanyang kamatayan. Malinaw na naalala ni Kathy nang matapos ang isa pang krisis na kanilang napagdaanan nang biglang nakaramdam ng pagkagutom si Wanda. Hiniling niya kay Kathy na bumili ng pagkaing Mehikano at pagdating ni Kathy, “sinunggaban” at kinain niya ito nang buong gana. Nangamoy ang silid ng ospital ng masarap na pagkaing Mehikano.

Papalapit na ang araw ng *Thanksgiving* at kahit na napakahina ni Wanda, darating ang kanyang buong pamilya upang ito ay ipagdiwang. Inaabangan ito ni Wanda at umaasang magiging masaya ang salu-salo at pagdiriwang. Ang mga batang babae sa ika-anim na baitang sa klase ng *Sunday school* ni Donna Fillmore ay ipinagdiwang ang *Thanksgiving* sa pamamagitan ng espesyal na panalangin bilang pag-alaala kay Wanda. Sa kanilang silid-aralan bawat linggo, naglalagay sila ng bulaklak ng

rosas upang kumatawan kay Wanda at ipagdarasal nila na magkaroon siya ng sapat na gana upang makakain at maging masaya sa pagdiriwang ng *Thanksgiving*, at magkaroon ng lakas upang makapiling ang kanyang mga mahal sa buhay. Tinugon ang kanilang mga panalangin. Maganang nakakain si Wanda at nagawa pang umupo at makipag-usap, tumawa at makipaglaro sa kanyang mga anak at apo. Hindi nagtagal, nagpadala siya ng isang *card* ng pasasalamat sa mga batang babae: “Lubos akong nagpasalamat sa inyong mga panalangin na napakahalaga para sa akin. Nais kong malaman ninyo na ang linggong ito ay naging maayos. Napakasarp

“Ano kaya ang gagawin ko kung hindi nagbigay ang mga kapatiran sa kanilang mga misyonero nang sapat para sa pangangailangang medikal?”

ng pakiramdam ko at labis akong nasiyahan sa piling ng aking pamilya noong *Thanksgiving Day*. Nakatitiyak akong tinugon ng Diyos ang iyong mga panalangin.”

Nang Nobyembre din, lumiham si Wanda kay Nina Gunter, *executive director* noon ng NWMS (NMI ngayon), humihingi ng paumanhin sa hindi niya natapos na pagsusulat.² Ipinaliwanag ni Wanda na wala siyang lakas o konsentrasyon upang isulat ang isang artikulo, ngunit ninananais niyang magbahagi ng ilang mga salita tungkol sa kung paano nakatulong sa kanya ang *Medical Plan* (ngayon ay *Missionary Health Care*) at nais niyang ibahagi ang kanyang pasasalamat sa isang artikulo. Hanggang sa puntong iyon, naisip ni Wanda na ang kanyang mga gastusing medikal ay nasa \$50,000. Napabulalas si Wanda, “Ano kaya ang gagawin ko kung hindi nagbigay ang mga kapatiran sa kanilang mga misyonero nang sapat para sa pangangailangang medikal? Kinailangan ko lang magbayad ng humigit-kumulang \$300 sa isang taon mula sa sarili kong bulsa para sa mga gastusing medikal mula noong ako ay nagkasakit! Ang paglabanan ang ganitong uri ng karamdaman ay hindi madali - ang pag-aalala tungkol sa gastusin ay nakapanlulumo. Oh, laking pasasalamat ko sa mga tao sa simbahan na nagmamahal sa amin at naniniwala sa tawag ng mga misyon at handa kaming suportahan upang matustusan ang aming mga suweldo, sa kanilang mga panalangin, sa *LINKS* (ngayon

² Si Dr. Nina Gunter, dating pastor at pandaigdigang direktor ng NMI, ay nahalal na maglingkod bilang *general superintendent* para sa *Church of the Nazarene* noong 2005. Siya ang unang babaeng nahalal sa mataas na katungkulang ito sa denominasyon.

ay Links, isang koneksyon sa pagitan ng mga misyonero at mga distrito ng *Nazarene* at mga lokal na simbahan sa buong mundo) at sa *Medical Plan*. Lubos akong nagpapasalamat sa kanila.”

Si Dr. Alex at Joyce Deasley [DEEZ-lee] ay nagministeryo kay Wanda sa panahon ng kanyang karamdaman sa isang espesyal na paraan.³ Hiniling niya kay Alex na dalhan siya ng isang koleksyon ng Komunyong mula sa Jerusalem. Nasiyahan siyang makilahok sa Komunyong gamit ang isa sa mga kupitang iyon. Isang araw habang siya ay hinang-hina at hindi na halos maiangat ang kanyang kamay, habang sila ay nagko-komunyong at si Alex naman ay nananalangin, umupo si Wanda nang tuwid. Habang nasa presensya ng Banal na Espiritu, sinabi ni Joyce, “Akala ko ay babangon na siya!”

Pinamahalaan ni Wanda ang mga aktibidad para sa Pasko mula sa kanyang malaking upuan. Bilang pasasalamat sa mga Deasley, nagpadala siya ng isang basket ng iba’t ibang pagkain—mga nakalulugod sa panlasa ng isang Scotsman, tulad ng Vegemite [VEJ-i-miet], Marmite [MAHR-miet], at mga espesyal na jam.⁴ Sa nalalapit niyang pamamaalam, inihanda na ni Wanda ang mga larawan sa dingding o mga pinggan upang ibigay sa kanyang mga kaibigan.

Naging makatotohanan si Wanda ang pagdating sa kamatayan. Inamin niya ang kapangitan nito ngunit napakapositibo sa kahihinatnan nito. Isinulat niya ang orihinal na talatang ito sa kanyang talaarawan:

Akala ko dati – ang mahalín nang lubos ang buhay -
Na ang mamatay ay tulad ng paglisan sa isang kasiyahan
Bago ito matapos.
Ngayon alam ko na, na ang “kasiyahan”
Tunay na nagaganap sa ibang dako;
Na ang liwanag at ang musika -
Tumatakas nang mabilis
Tulad ng pagtibok ng pulso
At lalong bumilis -

³Nagturo si Dr. Alex Deasley sa ilang paaralan ng *Nazarene*, kabilang ang *Nazarene Theological Seminary* sa Kansas City, Missouri, USA. Nakapagsulat din siya ng ilang mga libro at publikasyon.

⁴Kilalang-kilala sa mga nakatira sa mga teritoryo ng British Empire, ang Vegemite at Marmite ay mga palaman na ginawa mula sa natitirang *brewer's yeast extract* at iba’t ibang mga ihinahalo sa gulay at ibang pampalasa na karaniwang ipinapalaman sa tustadong tinapay.

Mula sa malayo.
At alam ko rin
Na pagdating ko roon,
Ang musika (at papuri sa Kanya)
Walang katapusan.

Sa mga huling araw, mamamaga ang mga paa ni Wanda kaya palagi siyang bibilhan ni Kathy ng malalaking tsinelas. Isang araw, tiningnan ni Wanda ang kanyang mga nangingitim na paa at sinabing, “Ako’y malapit nang mamatay, Kathy.” Ang mga nakakita sa kanya noong huling linggong iyon ay napaisip na malapit na ang kanyang kamatayan, ngunit ang walang humpay na espiritu ni Wanda ay nagningning. Naalala ni Miriam Hall ang pagbisita niya ng Linggo ng gabi upang magpaalam bago bawian ng hininga si Wanda. Pagkatapos nilang mag-usap, sinabi ni Wanda, “Magkikita tayong muli,” at saka tumawa nang malakas.⁵

Dumaan si Linda Mealiff upang makita si Wanda at laking gulat niya nang halos hindi na niya ito makilala. Ang laki ng inihulog ng kanyang katawan, ngunit nang siya ay ngumiti, doon nakilala ni Linda si Wanda, si “Tita Wanda.” Kahit inaantok si Wanda dahil sa gamot, malinaw pa rin ang kanyang pag-iisip kaya nag-usap sila sandali. Kahit na kritikal ang mga sandaling iyon, nakuha pa ring magpasalamat ni Wanda sa maraming bagay. Nagpapasalamat siya na siya ay nasa kanyang tahanan. Ang mga nars na nag-alaga sa kanya sa buong araw at magdamag ang kanya pa ring inaalala sa kabila ng kanyang kalagayan. Si Kathy ay isang haligi ng lakas at katatagan para sa kanya sa mga oras na ito. Mas tinanggap ni Wanda ang nalalapit niyang kamatayan kaysa sa iba. Pinlano niya ang kanyang libing at nanatiling masayahin, nagtiwala sa kanyang sarili, naniniwalang pangangalagaan siya ng Diyos. Sasabihin niya, “Nais kong mamatay bilang isang mananampalataya.” Sa halip na mag-alala para sa kanyang sarili, inaalala niya ang espirituwal na kapakanan ng kanyang mga anak at apo, at kung paano sila makakapamuhay kapag siya ay wala na. Alam ni Linda na hindi na niya makikitang buhay pa si Wanda. Napagisip-isip niya na siya ang kumakatawan kung saan siya naroroon para sa lahat ng mga

⁵ Ang yumaong si Dr. Miriam J. Hall, isang dating guro sa elementarya, ay nahalal bilang unang direktor ng *Children's Ministries* para sa *Church of the Nazarene* noong 1977 at naglingkod sa ganoong kapasidad hanggang sa siya ay nagretiro noong 1998. Nagturo siya ng ilang kurso tungkol sa *Children's Ministries* sa NTS at naging akda ng ilang mga libro.

batang misyonero na minahal at pinasigla ng kaibig-ibig na ginang na ito sa maraming taon, at hindi niya alam kung paano pasasalamat si Wanda. Sa hindi maipaliwanag na kalungkutan, ang tanging nasabi niya ay, “Mahal kita.”

Maagang-maaga ng Biyernes, Enero 3, 1986, nasa tabi ni Wanda sina Kathy at Geron kung saan sila nanatili buong magdamag. Uminom si Wanda ng kaunting *morpina* para sa kanyang karamdaman dahil nais niyang maging alerto hanggang siya ay malagutan ng hininga. Hawak-hawak nina Kathy at Geron ang kanyang mga kamay nang siya ay nagising at sinabing, “Bitawan ninyo ang aking mga kamay,” at pagkatapos siya ay sumandal, at nalagutan na ng hininga. Kumawala si Wanda sa gapos ng karamdaman, ng sakit, at pagdurusa at pumunta sa Kanyang presensya.

Pagkalipas ng dalawang oras tumawag si Errol Carrim, dating estudyante ni Wanda sa Trinidad at nang kanyang marinig ang balita, napahagulgol siya sa telepono. Sinabi ni Errol na ang pagkamatay ni Wanda ay isa sa hindi niya malilimutan sa kanyang buhay. Noong 1984, kahit na may karamdaman si Wanda, tinulungan niya si Errol na makakuha ng mga *scholarship* sa pamamagitan ng *Sidney Knox Foundation* upang makapag-aral sa *Eastern Nazarene College* sa Amerika, at nitong nakaraang dalawang taon, nag-usap sila sa telepono at nagpalitan ng mga *card* at liham ngunit hindi pa sila nagkikita nang harapan mula noong sila ay manggaling mula sa Trinidad. Bagaman wala siyang pera upang pumunta sa libing, ito ang kanyang sinabi, “Ang magagandang alaala ay mananatili, hindi isang tao sa loob ng isang kabaong. Binigyan niya ako ng pangdekorasyon sa dingding na may ganitong mga salita, ‘Ang kalooban ng Diyos ay hindi kailanman magdadala sa iyo kung saan hindi ka kayang panatilihin ng Kanyang biyaya.’ Binigyan din niya ako ng isang banga na sisidlan ng tubig bilang pag-alaala sa kanya.” Kakaiba sa pakiramdam na malamang wala na siya.

Sa pagpupugay ni Helen Temple⁶ kay Wanda sa pahayagang Standard, binanggit niya ang pamanang iniwan ni Wanda para sa ating lahat – “ang tagumpay ng pananampalataya sa Diyos laban sa pinakamasama na maaaring ipukol sa atin ni Satanas.”⁷ Ito ang temang sinabi niya sa serbisyo

⁶ Ang yumaong si Helen Temple ay dating patnugot ng *The Other Sheep*, isang missions magazine para sa *Church of the Nazarene*. Sumulat siya ng higit sa 60 mga libro ng mga kuwento ng misyon para sa mga matatanda at bata. Hindi kailanman naglingkod si Helen bilang isang misyonero tulad ng inaakala ng marami.

⁷ Ang Standard ay isang publikasyong ginawa ng *Sunday School Ministries* (ngayon ay *Sunday*

sa libing ni Wanda sa *Olathe College Church* noong Enero 6, 1986. Naging masayang pagdiriwang iyon ayon sa binalak ni Wanda at tinupad ng mga nagmamahal sa kanya. Ang mga musika hanggang sa huling bendisyon ay pagpapahayag ng pagtitiwala, pananampalataya, at kagalakan. Matapos basahin ang pangako mula sa Jeremias 29:11 na pinanghawakan ni Wanda sa mga buwan ng kanyang karamdaman, ito ang sinabi ni Pastor Paul Cunningham, “Ngayon siya ay nabubuhay kasama ang kanyang Panginoon magpakailanman at balang araw ay magsasama-sama tayong lahat.”

Si Dr. Charles Strickland, na kumatawan sa *Board of General Superintendents*, ay nagsalita tungkol sa pamana na iniwan ni Wanda.⁸ “Ang kanyang dedikasyon bilang misyonero na may espiritu ng pagmamahal ay nagpaghanga sa buong simbahan sa North America. Iyon ay gumising sa ating mga kabataan ng pagnanais na tumugon at maglingkod sa Diyos, at maraming kabataang misyonero ngayon ang nagpapatotoo sa pagtugon sa tawag na iyon sa isang ginanap na kombensyon na pinangunahan ni Wanda. Binigyan ni Wanda Knox ang *Church of the Nazarene* ng makabagong halimbawa kung paanong ang lubos na paglaan ng isang buhay para kay Cristo ay maaaring magamit upang isulong ang kaharian ng Diyos. Babangon ang malaking hukbo ng mga tao upang tawaging mapalad ang magandang aliping ito ng Panginoon na naghatid ng liwanag sa napakaraming mga tao na nasa espirituwal na kadiliman lalo na sa mga kagubatan sa kabundukan ng Papua New Guinea na nakalimutan na ng mundo. Nagtitiwala at umaasa tayo na hinding-hindi hahayaan ng iklesia na makalimutan ang makabuluhang buhay na ito na lubos na itinuon kay Cristo at sa simbahan na labis niyang minahal.”

Si Dr. Phyllis Perkins,⁹ sumunod kay Wanda sa posisyon ng *executive director* ng *NWMS*, ay sumulat ng parangal tungkol sa pag-alay ni Wanda ng kanyang buhay sa *NWMS*. Sinabi ni Dr. Perkins na mas maaalala si Wanda bilang isang misyonero at sa kanyang pagnanais na makakilala sa

school Discipleship Ministries International) na may mga maikling kwento, artikulo, palaisipan, at pinalawak na impormasyon sa *Sunday school*.

⁸ Ang yumaong si Charles H. Strickland ay isang ministro, misyonero, pangulo ng kolehiyo, may-akda, at *general superintendent* sa *Church of the Nazarene*. Siya at ang kanyang asawa, ang yumaong si Fannie Strickland, ay naglingkod bilang mga misyonero sa South Africa sa loob ng 18 taon. Siya ang unang pangulo ng *Nazarene Bible College* at nagsilbi bilang *general superintendent* mula 1972 hanggang 1988.

⁹ Ang yumaong si Phyllis Perkins Howard ay naglingkod bilang isang misyonero sa Japan at naging direktor ng *Nazarene World Mission Society* (ngayon ay *Nazarene Missions International*) at bilang isang retiradong tagapagturo.

Panginoon ang mga hindi pa mananampalataya, na laman ng kanyang mga mensahe sa mga *missionary society* sa simbahan sa buong mundo. Naalala ni Dr. Perkins na noong tinuturuan siya ni Wanda sa opisina, kanyang sinabi, “Nang dumating ako sa Kansas City noong 1975, ang aking pananaw ay nakatuon para sa Papua New Guinea; subalit pagkalipas ng maikling panahon, nagsimula kong madama ang pasanin para sa buong mundo.” Ayon pa kay Dr. Perkins,

“Sa kanyang dalisay at masigasig na paraan, tinulungan niya kaming lahat na lalong maunawaan ang pananaw na iyon na tumatagos sa kanyang buhay. Nahihirapan akong isulat ang mga salitang ito habang binabalikan ang mga nakaraan. Buhay na buhay si Wanda para sa akin at ipinagdiriwang ko ang kanyang pag-uwi sa piling ng Diyos at ang kanyang kalayaan mula sa karamdaman. Ngayon, kapiling pa rin natin si Wanda dahil sa kanyang pinuhunan at sa pananaw na kanyang pinamana para sa gawain ng misyon. Hindi natin makakalimutan

ang kanyang hindi makasarili at lubos na pagtugon sa tawag ng Diyos upang maglingkod, at hindi tayo maaaring hindi tumugon sa Kanyang malinaw na komisyon para sa atin.”

Sa panalangin ni Dr. Cunningham, ito ang kanyang sinabi, “Kung kaya siyang bigyan ng Diyos nang napakalakas, tunay na napakalakas na kapangyarihan, may pag-asa para sa atin na magagawa ng Banal na Espiritu sa atin at sa pamamagitan natin ang Iyong ginawa sa kanya at sa pamamagitan niya. Kaya, tulungan mo kami, O Panginoon, ngayong araw na ito na huwag sayangin ang mga aral na nais mong matutunan namin sa pamamagitan ng kanyang buhay at sa pamamagitan ng kanyang kamatayan.”


Patuloy na nadama ang hamong iyon sa pagpapatuloy ng serbisyo. Ayon kay Linda Mealiff, “Ang pinakamahalagang bahagi ng libing para sa akin ay ang pag-awit ng kantang, *‘Until Then.’*” Pagkatapos, ayon kay Linda, ang kanyang puso ay umapaw sa galak. Maayos na ang lahat. Sa wakas, umuwi na si Wanda sa kanyang tahanan, at si Linda, magpapatuloy

"Kaya, tulungan mo kami, O Panginoon, ngayong araw na ito na huwag sayangin ang mga aral na nais mong matutunan namin sa pamamagitan ng kanyang buhay at sa pamamagitan ng kanyang kamatayan."

sa pag-awit; magpapatuloy siya.

Ang pamanang iniwan ni Wanda ay muling binanggit ni Dr. Orville Jenkins sa kanyang mensahe sa libing nang kanyang ikuwento ang pagkikita nila ni Marilyn Wutsik, anak ng isa sa mga unang nakakilala sa Panginoon dahil sa ministeryo nina Sidney at Wanda.¹⁰ Sinabi ni Marilyn, “Narinig ng aking ina ang mensahe ng kaligtasan mula sa mga bibig nina Sidney at Wanda Knox. Dumalo ako sa *Sunday school* at sa simbahan noong ako ay bata pa. Nakilala ko si Jesus at ang aking buhay ay lubos na binago ng ebanghelyo.” Nang hilingin ni Dr. Jenkins kay Marilyn na magbigay ng isang salita kung ano ang ibig sabihin sa kanya ng pagdating ng mga misyonero, siya ay sumagot, “Pag-asa. Binigyan ako ng pag-asa kung saan wala nang pag-asa.”

Naitatag ang *Wanda Knox Memorial Fund* dahil sa pamanang iyon na ngayon ay umabot na sa mahigit \$75,000 para sa karagdagang *mission*



Wanda Knox Memorial Chapel

education sa buong mundo. Isang *memorial chapel* ang itatayo sa *campus* ng *Melanesia Nazarene Bible College* sa Papua New Guinea.

Ang simpleng disenyo ngunit magandang gusali para sa pananambahan ay tunay na angkop at karapat-dapat bilang pagpupugay kay Wanda na natamo ang lubos na kasiyahan sa kanyang pagtuturo at pagsasanay sa mga batang pastor. Sa ngayon, maraming buhay ang pinagpala at nabago

¹⁰ Ang yumaong si Dr. Orville W. Jenkins ay isang Amerikanong *Nazarene* na ministro, superintendente ng distrito, at *emeritus general superintendent* sa *Church of the Nazarene*. Naglingkod siya sa *Board of General Superintendents* mula 1968 hanggang 1985.


habang sila ay nagtipon sa *chapel* na iyon at nadarama ang kapangyarihan at presensya ng Banal na Espiritu sa kanilang buhay.

Ang panalangin ng bendisyon sa libing ni Wanda ay patuloy na sinasagot: “Ang makapangyarihang pagbabago na ginawa Mo sa buhay ni Wanda na nagbigay-daan sa kanya upang ilaan ang kanyang buhay bilang handog na hain sa Diyos ay ginamit ng Banal na Espiritu upang baguhin ang maraming buhay. Nabuhay siya nang may dakilang layunin at nawa’y sa mga araw na ito ng aming buhay ay makatagpo kami ng dakilang layunin sa pamumuhay; nawa’y ibahagi namin ang misyon na ibinigay Mo sa kanya upang maabot ang buong mundo sa pamamagitan ng ebanghelyo.”

At habang siya ay nakatingin mula sa kanyang makalangit na upuan, sinabi ni Wanda, “Amen.”



Wanda Knox Memorial Chapel Remodeled



MGA BAYANI. LAHAT TAYO ay may mga hinahangaang mga bayani. Iniidolo natin ang mga makasaysayang karakter mula sa kasaysayan ng mundo o nakaraan ng ating sariling bansa. Iniidolo natin ang mga tauhan ng militar na lumaban upang makamit ang tagumpay o mailigtas ang buhay ng kanilang mga kasamahan kahit sa imposibleng sitwasyon. Nasasaksihan natin ang mga kuwento sa mga balita tungkol sa mga taong kumilos nang higit sa kanilang mga tungkulin upang iligtas ang isang buhay o maiwasan ang isang masamang sitwasyon na lumala. May kilala ka bang isang taong sasang-ayunan nating lahat ay kumilos nang may kabayanihan—at kapag tinanong tungkol sa kung ano ang kanilang ginawa—karaniwang sagot nila ay, “Hindi ako bayani. Ginagawa ko lang ang trabaho ko.” O kaya ay, “Ginagawa ko lang kung ano ang gagawin ng sinuman sa sitwasyong iyon.”

Mayroon tayong mga bayani ng pananampalataya: mga bayani sa Biblia tulad ni Deborah, Haring David (ang aking personal na paborito), o ang mga apostol; mga makasaysayang karakter tulad nina Saint Francis, Augustine [ah-GUHS-tin] — maging si Billy Graham. May mga bayani tayo sa sarili nating tradisyong teolohiko at denominasyon—John Wesley [WES-lee], Phineas Bresee [FIN-ee-uhs bruh-ZEE], Hiram Reynolds [HIE-ruhm RE-nuhlds], at Louise Robinson Chapman [CHAP- muhn]; ang mga ito ay ilan lamang. Sa mga misyon, maaari nating isipin sina William Carey [KA-ree], Hudson [HUHD-suhn] Taylor, o Adoniram Judson [a-DOHN-i-ruhm JUHD-suhn], bago ang pagkakatatag ng ating denominasyon at mga misyonero ng *Nazarene* tulad nina Harmon [HAHR-muhn] at Lula [LOO-lah] Schmelzenbach [SHMEL-zen-bahk], Roger at Esther Carson Winans [WIE-nuhns], Orpha Spicher [OHR-fah SPIEK-uhr], Fairy Chism [FAYR-ee CHIZ-uhm], Eliza-


beth Cole at, siyempre, sina Sidney at Wanda Knox.

Maaaring maging mapanganib ang istado ng pagiging bayani. Kapag nailagay na natin ang isang bayani sa isang *pedestal* sa ating isipan, naiisip natin na sila ay mas magaling at kayang gawin ang mga bagay sapagkat para sa atin sila ay mas mahusay kaysa sa mga ordinaryong tao, mas mahusay kaysa sa atin. Naniniwala tayo na mayroon silang mga katangian at kakayahan na wala tayo dahil hindi natin nagawa ang kanilang mga nagawa. Marahil naiisip natin na sila ay mas matalino, mas malakas, mas matapang, mas malikhain, at mas espirituwal kaysa sa atin, at naghahangad tayo na magagawa rin natin ang kanilang mga nagawa. Ang panganib ay dahil sa tingin natin ay hindi natin magagawa ang ginawa ng ating mga bayani, nag-aalangan tayong gawin ang anuman. Nananatili lang tayo sa ating mga tahanan at humihingi ng paumanhin sa pagiging “ordinaryong tao lang.”

Ngunit sa kaharian ng Diyos, lahat tayo ay mga ordinaryong tao at bawat ordinaryong tao ay isang bayani. Lahat tayo ay maaaring magkaroon ng “mga kakayahan” at ang kailangan nito ay katapatan at pagsunod. Ginawa lang nina Sid at Wanda ang maaaring gawin ng sinuman sa kanilang sitwasyon—iyan ang gagawin ng sinumang Kristiyano na tapat at masunurin sa Diyos. Tumugon sila at nagsabing, “oo,” pagkatapos ay pumunta sila kung saan sila naniniwala na tinatawag sila ng Diyos na pumunta. Marahil may mga ilan na makakabasa ng mga salitang ito na tinatawag ng Diyos sa kagubatan ng New Guinea. Maaaring nadarama ng ilan na sila ay tinatawag sa ibang partikular na lugar. Ngunit ang bawat isa sa atin ay tinatawag na gawin ang isang bagay at tumugon na pumunta sa isang lugar. Marahil ay tinatawag ka ng Diyos upang paglingkuran siya sa iyong maliit na bayan sa Africa, o sa Pilipinas, o Canada. Maaaring tinatawag ka niya upang gamitin ang iyong trabaho sa pamamagitan ng iyong mga natatanging kakayahan sa isang lungsod sa Indonesia, Argentina, France, o sa Estados Unidos upang magliwanag para sa Kanya doon. Maaaring tinatawag ka niya upang magturo ng klase sa *Sunday school* sa simbahan na dinaluhan mo ng maraming taon. Maaaring tinatawag ka niya upang magboluntaryo sa isang ministeryo na bago sa iyo o upang ipagpatuloy kung anuman ang iyong ginagawa para sa Kanya sa mahabang panahon.

Tingnan natin ang buhay nina Sidney at Wanda Knox hindi bilang isang mataas na pamantayan na maaaring hindi mo maabot, ngunit bilang isang halimbawa ng kung ano ang magagawa ng bawat isa sa atin para sa Diyos. Gamitin ang mga lakas at kakayahan na ibinigay sa iyo ng Diyos upang maglingkod. Magtiwala sa kanya na ibibigay sa iyo ang kalakasang

pisikal, mental, at espirituwal habang nananatili kang tapat at masunurin sa Kanya.



KUMILOS PARA DITO

1. Anong mga katangian ang kinikilala mo sa pagtawag kay Wanda at ang mga naging kaganapan sa tawag na ito sa paglipas ng panahon? Gumawa ng listahan ng mga katangiang iyon at pagkatapos ay gumawa ng listahan ng mga katangiang nakikita mo sa sarili mong “pagkatawag.” Lahat ay tinatawag na lumago at maging masunurin.

2. Mayroon bang mga aral na iyong natutunan sa pagbabasa ng kuwento ni Wanda at ng mga isinulat sa talaarawan ni Sidney na maaari mong gamitin sa iyong sariling buhay at ministeryo, nasaan ka man?

3. Ang *NMI* ay ang pandaigdigang tagapagtaguyod ng mga gawain ng misyon sa lokal na simbahan at nangangalaga ng diwa nito at nagpapakilos sa mga tao sa iglesia sa buong mundo. Nakikita mo ba ang adbo-kasiya at pangangalaga ng mga misyon sa buhay at kuwento ni Wanda? Paano ka hinahamon nito?

4. Nakikita ng mga tao ang malakas na impluwensya ni Wanda sa buhay ng iba sa panahon ng kanyang ministeryo sa pamamagitan ng mga misyon. Bawat isa sa atin ay may kakayahang impluwensyahan ang iba sa ating paligid. Gumawa ng personal na talaan kung paano mo naiimpluwensyahan ang iba sa mga paraan ng misyon, at mangako na maging mas intensyonal dito.

5. Ano ang maaari mong gawin sa iyong lokal na simbahan at komunidad upang hikayatin ang mga tinawag sa mga partikular na ministeryo o misyon? Paano mo sila sasamahan habang sinusuri nila, sinusunod at

tinutupad ang kanilang tungkulin?

6. Maliwanag na ang pagkawala ni Wanda ay nagdulot ng mga pagbabago. Ginugol niya ang kanyang buhay nang may katatagan sa ilalim ng kagandahang-loob ng Diyos. Ang kanya bang mga kabiguan at mga pagbabagong nangyari ay nakapag-ambag o nakabawas sa kanyang tapat na pagtupad ng kanyang tungkulin na “pumunta” at “ibahagi” ang Mabuting Balita tungkol kay Cristo sa iba? Anong mga pangyayari ang iyong nakita tungkol sa buhay at kuwento ni Wanda upang sulitin ang bawat araw para sa kapakanan ng iba at para kay Cristo?

